ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2014

# Liahona



## Mga Sagot sa Apat na Tanong Tungkol sa Priesthood, p. 18

**Pagpili ng Makabuluhang Libangan, p. 14**

**Pagtatayo ng Sion Kung Saan Kayo Nakatira, p. 30**



*"Ang ama ay may awtoridad at responsibilidad na turuan ang kanyang mga anak at basbasan at isagawa sa kanila ang mga ordenansa ng ebanghelyo at iba pang proteksyong bigay ng priesthood kung kinakailangan. Dapat siyang magpakita ng pagmamahal at katapatan at paggalang sa ina upang makita iyon ng kanilang mga anak."*

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Alam Ko ang mga Bagay na Ito," *Liahona,* Mayo 2013, 7.

# Liahona, Hunyo 2014


18


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagpapabilis ng Gawain**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Maglingkod**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**14** **Media na May Kabuluhan**
Ni Katherine Nelson
*Ang pinili nating libangan ay maaaring may mabuti at makabuluhang layunin.*

**17** **Pagiging Magulang, Mag-unplug**
Ni Jan Pinborough
*Sa pagsunod natin sa Tagapagligtas at pagmamasid sa ating mga anak, magpatay, mag-unplug, at mag-disconnect ng mga electronic device.*

**18** **Kapangyarihan ng Priesthood—Para sa Lahat**
Ni Linda K. Burton
*Ang priesthood ay isang sagradong pagtitiwalang ibinigay upang pagpalain ang kalalakihan, kababaihan, at mga bata para makapamuhay tayo bilang pamilya sa piling ng Diyos magpakailanman.*

**24** **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Mga Banal sa mga Huling Araw sa Italy: Isang Pamana ng Pananampalataya**
Ni Lia McClanahan
*Ang pagtatayo ng templo sa Italy ay bunga ng mahabang kasaysayan ng matatapat na Banal.*

**30** **Ang Panawagang Maging Katulad ni Cristo**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Panahon na upang itatag natin ang Sion sa ating kinaroroonan—kahit nasa gitna tayo ng Babilonia.*

## MGA BAHAGI

**8** **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Namangha sa Pag-ibig ni Jesus sa Akin**
Ni Cesar Lima Escalante

**10** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang mga Hamon ang Siyang mga Pagpapala**
Ni Rachel Harrison

**12** **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Samuel**

**13** **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Mga Ikapu at mga Handog**


**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Kapangyarihan ng Katagang *Kapag***
Ni Kelly Louise Urarii
*Sa loob ng 24 na oras, nabingit sa kamatayan ang buhay ng asawa ko. Isang salita lang ang nagbigay sa amin ng pag-asa.*



**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Jerry Garns. Panloob na pabalat sa harap: Paglalarawan ni Bradley Slade.

MGA YOUNG ADULT


42


**42 Tahakin ang Landas ng Kaligayahan**
Ni Bishop Gérald Caussé
*Ang tatlong alituntuning ito ay makakatulong sa inyo na maging arkitekto ng inyong kaligayahan.*

**47 Pagbabahagi ng Ebanghelyo Online**
Ni Maria Mahonri-Yggrazil Arduo Andaca
*Lagi akong nahihiyang ibahagi ang mga paniniwala ko, pero nakatulong ang isang bagong paraan para masimulan ko ito.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang nasa net?***

MGA KABATAAN


**48 Kalayaan at mga Sagot: Pagkilala sa Paghahayag**
Ni Elder Richard G. Scott
*Para umunlad, kailangan nating matutong magtiwala sa kakayahan nating gumawa ng mga tamang pasiya.*

**52 Paano Kung Wala Akong Madamang Pag-aalab sa Dibdib?**
Ni Rachel Nielsen

**56 Sundin ang mga Mumunting Panghihikayat**

**57 Isang Basbas para sa Kapatid Ko**
Ni Jesse Jones
*Naaksidente sa motorsiklo ang kapatid ko at naospital. Sumama ang pakiramdam ko sa sobrang pag-aalala.*

**58 Mga Tanong at mga Sagot**
*Ano ang dapat kong isipin sa oras ng sakramento?*

**60 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ang Ikapu ay Nagbibigay ng Espirituwal na Lakas**
Ni Elder Anthony D. Perkins
*Ang pagbabayad ninyo ng ikapu ay tutulong sa inyo na malaman na tinutupad ng Panginoon ang lahat ng Kanyang pangako.*

**62 Paghahanap Ko ng Daan Pabalik sa Simbahan**
Ni Doug Boyack
*Akala ko hindi ko kailangan ang Simbahan, hanggang sa malaman ko nang magbiyahe ako at magbayad ng ikapu na kailangan ko ito.*

**63 Poster: Hindi Masisira**



57

MGA BATA


66


**64 Isang Basbas para kay Mamá**
Ni Susan Barrett
*Matagal nang sumasakit ang likod ni Mamá. Paano makakatulong si Ruben?*

**66 Natatanging Saksi: Paano ako magiging parang missionary ngayon?**
Ni Elder Neil L. Andersen

**67 Ang Tupa ng Pagpipitagan**
Ni Elder Scott D. Whiting
*Gusto kong maging mapitagan para makakuha ako ng sticker, pero may nangyari na mas maganda pa kaysa roon.*

**68 Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Loredana na mula sa Italy**
Ni Amie Jane Leavitt

**70 Figure Activity: Si Massimo na mula sa Italy**

**71 Pagsunod kay Jesus: Maging Matulungin**

**72 Pagpapakita ng Talento sa Musika sa Uganda**
Ni David Dickson

**74 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang mga Ordenansa ng Priesthood at Gawain sa Templo ay Nagpapala sa Aking Pamilya**
Ni Jennifer Maddy

**76 Ang Ating Pahina**

**78 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Larawan ng Propeta: Gordon B. Hinckley**

**HUNYO 2014 TOMO 17 BLG. 6**
**LIAHONA 10986 893 (ISSN 1096-5165)**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonzo, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas. Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Kapangyarihan ng Priesthood—Para sa Lahat,"** pahina 18: Bago mag-family home evening, basahin ang apat na tanong ni Sister Burton sa artikulong ito. Magdala ng munting ilaw sa family home evening (tiyaking naka-unplug ito). Pasubukan sa iba't ibang miyembro ng pamilya na sindihan ito. Ihalintulad sa kapangyarihan ng priesthood ang kuryenteng kailangan para sumindi ang ilaw. I-plug at sindihan ang ilaw at talakayin kung paano tayong lahat makikinabang mula sa liwanag ng ilaw, o sa kapangyarihan ng priesthood. Magpaisip sa mga miyembro ng pamilya ng mga paraan na napagpala sila ng priesthood. Maaari ninyong simulang isaulo ang mga talata sa Doktrina at mga Tipan 84 na ipinasasaulo sa atin ni Sister Burton.

**"Ang Magandang Ideya ni Will,"** pahina 78: Maaari kayong magsimula sa pagkanta ng "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 99) o iba pang awit tungkol sa mga templo. Basahin ang artikulong ito bilang pamilya at talakayin kung bakit mahalaga ang mga templo. Magpadrowing sa bawat miyembro ng pamilya ng larawan ng templo, marahil ay iyong pinakamalapit sa inyong tirahan. Isiping isabit ang mga drowing at larawang nasa pahina 79 sa inyong tahanan kung saan makikita ang mga ito araw-araw. Pag-usapan kung paano maipapaalala sa atin ng nakikita nating larawan ng templo ang paggawa ng mga desisyon na magpapanatili sa atin na karapat-dapat na pumasok sa templo.


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

### MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Buong paglalaan,*** *14*
***Depresyon,*** *39*
***Espiritu Santo,*** *48, 52, 56, 67*
***Family history,*** *4, 6, 38*
***Gawaing misyonero,*** *24, 30, 47, 66*
***Handog-Ayuno, mga,*** *13, 60*
***Hinckley, Gordon B.,*** *81*
***Ikapu,*** *13, 60, 62*
***Jesucristo,*** *7, 8*
***Kahalagahan ng sarili,*** *42*
***Kalayaan,*** *14, 48*
***Kaligayahan,*** *42*
***Kasal, pag-aasawa,*** *10*
***Kautusan, mga,*** *30*
***Lumang Tipan,*** *12*
***Media,*** *14, 17, 47*
***Musika,*** *72*
***Pag-asa,*** *80*
***Pagbabalik-loob,*** *24, 62*
***Pagbabayad-sala,*** *8, 58*
***Paghahayag,*** *18, 41, 48, 52, 56*
***Paglilingkod,*** *71, 72*
***Pagpipitagan,*** *67*
***Pagsunod,*** *18, 56*
***Pamilya,*** *10, 17*
***Panalangin,*** *48*
***Pananampalataya,*** *80*
***Pioneer, mga,*** *24*
***Priesthood,*** *18, 64, 74*
***Propeta, mga,*** *12, 41, 81*
***Sakramento,*** *8, 58*
***Sion,*** *30*
***Templo,*** *10, 24, 74, 78*
***Tungkulin, mga,*** *72*
***Word of Wisdom,*** *40*



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# PAGPAPAPABILIS NG GAWAIN

Alam ba ninyo na ang ipinanumbalik na Simbahan ay 98 taon na bago ito nagkaroon ng 100 stake? Ngunit wala pang 30 taon ang nakalipas, inorganisa na ng Simbahan ang pangalawang 100 stake nito. At pagkaraan lang ng walong taon nagkaroon ng mahigit 300 stake ang Simbahan. Ngayon mahigit 3,000 na ang mga stake natin.

Bakit napakabilis ng pag-unlad na ito? Dahil ba sa mas kilala na tayo? Dahil ba may magagandang chapel tayo?

Mahalaga ang mga bagay na ito, ngunit lumalago ang Simbahan ngayon dahil sinabi ng Panginoon noon na mangyayari ito. Sa Doktrina at mga Tipan, sinabi Niya, "Masdan, aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito."[1]

Tayo, bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit, ay ipinadala sa mundo sa panahong ito upang makabahagi tayo sa pagpapapabilis ng dakilang gawaing ito.

Sa pagkaalam ko, hindi kailanman sinabi ng Panginoon na ang Kanyang gawain ay dito lamang sa mortalidad. Sa halip, ang Kanyang gawain ay hanggang sa kawalang-hanggan. Naniniwala ako na minamadali Niya ang Kanyang gawain sa daigdig ng mga espiritu. Naniniwala rin ako na ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod doon, ay inihahanda ang maraming espiritu na tanggapin ang ebanghelyo. Ang trabaho natin ay saliksikin ang ating mga yumaong ninuno at magpunta sa templo at isagawa ang mga sagradong ordenansa na magbibigay sa mga nasa kabilang buhay ng mga pagkakataong tulad ng sa atin.

Bawat mabuting Banal sa mga Huling Araw na nasa daigdig ng mga espiritu ay abala, sabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77). "Ano ang ginagawa nila roon? Nangangaral sila, nangangaral sa lahat ng oras, at inihahanda ang daan para sa atin na mapabilis ang ating gawain na magtayo ng mga templo rito at kung saan pa."[2]

Ngayon, ang gawain sa family history ay hindi madali. Para sa inyo na nagmula sa Scandinavia, nakikibahagi ako sa kabiguan ninyo. Halimbawa, sa angkan kong Swedish, ang pangalan ng lolo ko ay Nels Monson; ang apelyido ng tatay niya ay hindi Monson kundi Mons Okeson. Ang pangalan ng tatay ni Mons ay Oke Pederson, at ang pangalan ng tatay niya ay Peter Monson—bumalik na naman sa Monson.

Inaasahan ng Panginoon na gagawin nating mabuti ang ating gawain sa family history. Sa palagay ko ang una nating kailangang gawin kung gusto nating magawang mabuti ang ating gawain ay hangaring mapasaatin ang Espiritu ng ating Ama sa Langit. Kapag namuhay tayo nang matwid ayon sa paraang alam natin, bubuksan Niya ang daan para matamo natin ang mga pagpapalang masigasig nating hinahangad.

Magkakamali tayo, ngunit wala ni isa sa atin ang magiging eksperto sa gawain sa family history nang hindi muna nagiging baguhan sa gawaing ito. Samakatwid, kailangan tayong maging masigasig sa gawaing ito, at maghandang dumanas ng hirap. Hindi madali ang gawaing ito, ngunit iniatas ito ng Panginoon sa inyo, at iniatas Niya ito sa akin.

Sa paggawa ninyo ng family history, daraan kayo sa mga balakid, at sasabihin ninyo sa inyong sarili, "Wala na akong



iba pang magagawa." Kapag ganyan ang nadama ninyo, lumuhod at hilingin sa Panginoon na buksan ang daan, at bubuksan Niya ang daan para sa inyo. Ipinahahayag ko na ito ay totoo.

Mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak na nasa daigdig ng mga espiritu tulad ng pagmamahal Niya sa inyo at sa akin. Hinggil sa gawain ng pagliligtas sa ating mga yumaong ninuno, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "At ngayon habang mabilis na isinasagawa ang mga dakilang layunin ng Diyos, at ang mga bagay na binabanggit tungkol sa mga Propeta ay natutupad, nang itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa, at ipanumbalik ang sinaunang pagkakaayos ng mga bagay-bagay, ipinakita sa atin ng Panginoon ang tungkulin at pribilehiyong ito."[3]

Hinggil sa ating mga ninuno na pumanaw nang walang kaalaman sa ebanghelyo, ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), "Sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap para sa kanila ay makakalag ang gapos ng kanilang pagkakaalipin, at maglalaho ang kadiliman na bumabalot sa kanila, upang sumikat ang liwanag sa kanila at maririnig nila sa daigdig ng espiritu ang gawain na isinagawa para sa kanila ng kanilang mga anak dito sa lupa, at magagalak silang kasama ninyo sa pagsasagawa ninyo ng mga tungkuling ito."[4]

Milyun-milyon ang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit na hindi kailanman narinig ang pangalan ni Cristo bago sila namatay at napunta sa daigdig ng mga espiritu. Ngunit ngayon ay naituro na sa kanila ang ebanghelyo at hinihintay nila ang araw na gagawin natin ang pagsasaliksik na kailangan upang mahawi ang daan upang makapasok tayo sa bahay ng Panginoon at maisagawa para sa kanila ang gawaing hindi na nila mismo magagawa.

Mga kapatid, pinatototohanan ko na pagpapalain tayo ng Panginoon kapag tinanggap at tinugunan natin ang hamong ito. ■

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

Mag-isip ng isang paboritong kuwento mula sa inyong family history at ikuwento ito sa mga binibisita ninyo. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong sa bahaging pambata ng Mensahe ng Unang Panguluhan (pahina 6) para mahikayat ang inyong mga binibisita na ibahagi ang kanilang mga kuwento. Isiping basahin ang Doktrina at mga Tipan 128:15 at talakayin ang kahalagahan ng pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa ating mga ninuno.

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 88:73.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 313.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 480.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 297.

## Masisiyahan Ba Ako sa Indexing?

Ni Emma Abril Toledo Cisneros

Nakibahagi ako sa mithiin ng aming stake na mag-index ng 50,000 pangalan. Mahirap sa una. May ilang pagkakataon na mahirap basahin ang sulat sa batch na na-download ko, at kung minsan ay gusto kong isauli ito at mag-download ng iba. Ngunit natanto ko na kung gayon ang iisipin ng lahat, mapag-iiwanan ang mga batch na iyon. Nakikinita ko ang maraming linya ng mga taong naghihintay sa daigdig ng mga espiritu, at nagpasiya ako na basahin pang mabuti at isulat ang mga pangalang iyon nang walang mali.

Natutuhan kong mahalin ang mga taong iyon. Naunawaan ko na talagang kailangan nila ng tulong, at kailangan din natin ng tulong nila. Mas naunawaan ko na lahat ay isinasaalang-alang sa perpektong plano ng Ama sa Langit. Kapag sinusunod natin ang inspirasyon at mga tagubilin ng Kanyang hinirang na mga pinuno, masasaksihan natin ang Kanyang awa at walang-katapusang pagmamahal.

Ang indexing ay napakagandang karanasan para sa akin. Natutuhan kong pahalagahan at mahalin ang maraming bagay tungkol sa family history. Tumanggap din ako ng mahahalagang kaloob mula sa ating Panginoon nang sundin ko ang isang bagay na kasing-simple ng pagsali sa indexing.

*Ang awtor ay naninirahan sa Veracruz, Mexico.*

MGA BATA

## Alamin ang Inyong mga Kuwento

Ang inyong mga magulang at lolo't lola ay maraming pakikipagsapalaran—ang ilan ay ni hindi ninyo alam! Ang ilan sa kanilang mga kuwento ay magpapatawa sa inyo, at matutulungan kayo nitong magkaroon ng pananampalataya sa Ama sa Langit. Pero kahit matatanda ay nahihiya rin kung minsan. Gamitin ang mga tanong na ito para tulungan silang maalala ang ilan sa mga paborito nilang kuwento at isulat o idrowing ang kanilang mga sagot.




PAGLALARAWAN NI SIMONE SHIN

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Maglingkod

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

Sa paglilingkod natin sa iba, nagiging tunay tayong mga disipulo ni Jesucristo, na nagpakita sa atin ng halimbawa. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan. . . . Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak."[1]

Itinuro ni Linda K. Burton, Relief Society general president: "Kung palaging ginagawa, bawat isa sa atin ay magiging higit na katulad ng Tagapagligtas kapag pinaglingkuran natin ang mga anak ng Diyos. Upang matulungan tayo na lalo pang [paglingkuran] ang isa't isa, gusto kong magmungkahi ng anim na salita na aalalahanin: 'Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod.' . . . Kapag ginawa natin ito, tinutupad natin ang ating mga tipan, at ang ating paglilingkod, tulad ng kay Pangulong Monson, ay magpapakita ng ating pagiging disipulo."[2]

Maipagdarasal natin tuwing umaga na makita ang mga pagkakataong mapaglingkuran ang iba. "Gagabayan kayo ng Ama sa Langit, at tutulungan kayo ng mga anghel," sabi ni David L. Beck, Young Men general president. "Bibigyan kayo ng kapangyarihang magpala ng mga buhay at sumagip ng mga kaluluwa."[3]



## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Mateo 20:25–28; 1 Nephi 11:27–28; 3 Nephi 28:18

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 86.
2. Linda K. Burton, "Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod," *Liahona,* Nob. 2012, 78, 80.
3. David L. Beck, "Ang Inyong Sagradong Tungkuling Maglingkod," *Liahona,* Mayo 2013, 56.
4. Lucy Meserve Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 44–45.
5. George Albert Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 89.

## Isipin Ito

1. Paano tayo inaakay ng panalangin na maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon?
2. Paano nakakatulong ang paglilingkod sa iba sa pagtupad ng ating mga tipan?

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## Mula sa Ating Kasaysayan

Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1856, ibinalita ni Pangulong Brigham Young (1801–77) na ang mga handcart pioneer ay tumatawid pa sa kapatagan at bawat isa ay dapat tumulong na magtipon kaagad ng mga suplay para sa kanila. Isinulat ni Lucy Meserve Smith na ang kababaihan ay "naghubad ng kanilang mga petticoat [mga pang-ilalim sa palda], stocking, at bawat bagay na maibibigay nila, doon mismo sa Tabernacle, at ikinarga [ang mga ito] sa mga bagon."

Nang magsimulang dumating sa Salt Lake City ang mga nailigtas na pioneer, isinulat ni Lucy, "Hindi pa ako kailanman higit na . . . natuwa sa anumang pagsisikap na ginawa ko sa aking buhay, gayon ang nanaig na damdamin ng pagkakaisa. Ang kailangan ko lang gawin ay magpunta sa tindahan at sabihin kung ano ang aking kailangan; kung tela man iyon, sinusukat at pinuputol iyon at ibinibigay nang libre."[4]

Ganito ang sabi ni Pangulong George Albert Smith (1870–1951) tungkol sa paglilingkod sa iba: "Ang ating kaligayahan sa walang-hanggan ay ibabatay sa paraan ng pag-uukol natin ng ating sarili sa pagtulong sa iba."[5]

DETALYE MULA SA *WHO TOUCHED ME? [SINO ANG HUMIPO SA AKIN?]* NI GARY L. KAPP

# NAMANGHA SA PAG-IBIG NI JESUS SA AKIN

**Ni Cesar Lima Escalante**

Isang Linggo bago ang sacrament meeting, nilapitan ako ng bishop at tinanong, "Matutulungan mo ba kaming magbasbas ng sakramento?" Sinabi ko siyempre na tutulong ako.


Umalis ako at kinuha ko ang aking imnaryo at pagkatapos ay naghugas ako ng kamay bago umupo sa lugar ko sa sacrament table. Binuklat ko ang imnaryo, at ang unang himnong nakita ko ay "Ako ay Namangha" (*Mga Himno,* blg. 115). Hindi pa nagsisimula ang miting, kaya sinimulan kong basahin ang unang linya: "Ako ay namangha sa pag-ibig ni Jesus." Agad na napuspos ng malaking pagmamahal ang puso ko.

Noong nakaraang gabi nabasa ko sa Biblia ang pagwawakas ng buhay ni Jesucristo—ang mga bahaging tungkol sa Huling Hapunan, Halamanan ng Getsemani, at Kanyang pagkamatay at Pagkabuhay na Mag-uli. Nakinita ko si Jesus na pinahihirapan, hinahataw, at nililibak ng mga taong pumatay sa kanya. Nakinita ko rin ang pagsasakatuparan ni Jesus ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo sa Halamanan ng Getsemani habang tulog ang Kanyang mga disipulo.

Natanto ko na babasbasan ko na ang tinapay at tubig na sagisag ng Kanyang katawan at dugo. Ang sakramento ay tinutulutan tayong magpanibago ng tipan na ginawa natin noong tayo ay binyagan, na lagi Siyang alalahanin, sundin ang Kanyang mga kautusan, at taglayin ang Kanyang pangalan.

Nang magsimula ang sacrament meeting, lahat ng ito ay nasa aking isipan. Lubos kong nadama na nagdusa si Jesus sa napakasakit at napakatinding paraan na hindi natin kayang maunawaan. Pagkatapos ay naisip ko na tiniis Niyang magdusa dahil sa pagmamahal Niya sa atin—sa akin.

Nadama ko na mahal na mahal ako ng Panginoon kaya hindi ko napigilang lumuha. Pakiramdam ko'y hindi ako karapat-dapat sa ginawa ng Tagapagligtas para sa akin. Ngunit nadama ko rin na sakdal ang Kanyang pagmamahal sa akin. Ibubuwis ng isang kaibigan ang kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan (tingnan sa Juan 15:13). Nang magsimula ang sacrament hymn, sabay kaming tumayo ng isa pang brother para simulan ang ordenansa.



## ISANG KARANASANG ESPIRITUWAL NA NAKAKALINIS

"Upang maranasan nating espirituwal tayong nalilinis ng sakramento bawat linggo, kailangan nating ihanda ang ating sarili *bago* magpunta sa [sacrament meeting]. Ginagawa natin ito sa sadyang pag-iwan sa mga pang-araw-araw nating gawain at libangan at hindi pag-iisip ng mga makamundong ideya at alalahanin. Kapag ginawa natin ito, nag-iiwan tayo ng puwang sa ating puso't isipan para sa Espiritu Santo. . . .

"Habang tayo ay umaawit ng himno ng sakramento, nakikibahagi sa mga panalangin sa sakramento, at nakikibahagi sa mga simbolo ng Kanyang laman at dugo, mapanalangin tayong humihingi ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan at pagkukulang. Iniisip natin ang mga pangakong ginawa at sinunod natin noong nakaraang linggo at gumagawa tayo ng mga partikular na pangakong sundin ang Tagapagligtas sa susunod na linggo."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagkilala sa Ating Sarili: Ang Sakramento, ang Templo, at Sakripisyo sa Paglilingkod,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 35.**



Itinupi namin ang maganda at puting telang nakatakip sa tinapay. Habang hawak ko ang tinapay, alam ko na responsibilidad kong pira-pirasuhin ito bilang bahagi ng ordenansa, ngunit nag-atubili ako. Ang tinapay ay sagisag ng katawan ni Cristo. Naisip ko ang mga kawal na nanakit sa Panginoon, at ayaw kong pira-pirasuhin ang tinapay. Nang pira-pirasuhin ko ang isang tinapay, naisip ko ang napakasakit at napakatinding pag-alipusta kay Jesus bago Siya namatay—ang koronang tinik, ang hagupit ng latigo, ang pagdurusa. Patuloy na dumaloy ang luha sa aking mga pisngi habang inihahanda ko ang tinapay.

Pagkatapos ay naisip ko na kailangan ang napakasakit at napakatinding pag-alipustang ito. Bahagi ang mga ito ng pagbabayad-sala ni Jesucristo, at nagsakripisyo Siya dahil sa pagmamahal Niya sa akin at sa bawat isa sa atin.

Nakadama ako ng malaking kapayapaan at kagalakan. Maingat at dahan-dahan kong pinira-piraso ang tinapay, batid na ang hawak ko ay babasbasan at pababanalin para sa espesyal na layunin at sagisag ng isang bagay na katangi-tangi, napakaganda, at kahanga-hanga. Nadama ko ang malaking responsibilidad na isagawa ang ordenansang ito upang mapanibago ng mga miyembrong naroon ang kanilang tipan sa Panginoon at matanggap ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala.

Nang matapos kami, nakita ko na puno ng pinira-pirasong tinapay ang mga trey. Kahanga-hanga at napakasagrado nitong tingnan. Inusal ng kasama ko ang panalangin. Noon ko lamang naunawaan nang malinaw ang mga katagang "nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak" (D at T 20:77).

Nang kumain ako ng tinapay, muli kong nadama ang pagmamahal ng aking Tagapagligtas. Nadama ko na ako'y protektado, napakumbaba, at determinadong gawin ang tama. Gusto kong suriin ang buhay ko at pagsisihan ang lahat ng pagkakamali ko.

Nagpapasalamat ako sa pagmamahal ni Jesucristo sa akin. Nagpapasalamat ako na matatanggap natin ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala: na mapatawad sa ating mga kasalanan at magkaroon ng pagkakataong makabalik sa ating Ama sa Langit. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Mexico City, Mexico.*

**MGA TANONG NA PAGNINILAYAN**

Ano ang magagawa ko sa buong linggo para maging mas handa akong makibahagi ng sakramento? Ano ang iniisip ko sa oras ng sakramento? Ako ba ay nakadarama ng pagpapatawad at tumatanggap ng inspirasyon habang nakikibahagi ng sakramento?

*CHRIST MOCKED BY A SOLDIER*, NI CARL HEINRICH BLOCH © HOPE GALLERY

# ANG MGA HAMON ANG SIYANG MGA PAGPAPALA

**Ni Rachel Harrison**

*Ang inakala kong mga hamon na lakip ng pagpapakasal sa templo ay naging magagandang pagpapala.*

Kausap ko noon ang isang mabuting kaibigan tungkol sa mga pagpapala kapag nagpakasal sa templo. Pabiro kong sinabi na iilan lang ang pagpapalang naiisip ko, pero marami akong naiisip na mga hamon. "Aba," sabi niya, "baka iyon *ang* siyang mga pagpapala!"

Nalaman kong tama siya.

Ang mabuklod sa templo ay nagpala sa akin ng walang-hanggang pananaw tungkol sa pag-aasawa at pamilya. Ang aking mga tipan sa templo ay naging "salamin" naming mag-asawa sa aming mga pagpapasiya, kahit noong bagong kasal pa lang kami.

Ang kasal ay naghahatid ng ilan sa pinakamahahalagang responsibilidad sa buhay—at ng ilan sa pinakamasasayang sandali sa buhay. Gusto naming marinig ang masasayang sandali sa pagsasama ninyong mag-asawa. Ibahagi ang inyong mga kuwento sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit Your Work") o mag-email sa liahona@ldschurch.org.

## Isang Walang-Hanggang Pananaw

Sinimulan namin ang aming pagsasama nang may walang-hanggang pananaw, at nadama namin na ang ibig sabihin niyon ay hindi namin dapat ipagpaliban o limitahan ang mga anak na naghihintay na mapabilang sa aming pamilya. Itinuloy ng asawa ko ang pag-aaral niya (sa kolehiyo) habang lumalaki ang aming pamilya. Nang magkaroon siya ng trabaho, lima na ang anak namin. Itinuloy ko ang pag-aaral ko nang part-time para maalagaan ko sa bahay ang mga anak namin. Masaya kong ginugunita ang mga taon na iyon. Nakakatuwa iyon! Nakatira kami sa isang maliit na apartment, may dalawa kaming anak na wala pang 15 buwan, nabuhay kami sa maliit na student allowance at sa kakakain ng mince (hamburger).

Itinuturing ko ang mga taon na iyon bilang mga panahong namuhay kami gaya ng mga pioneer—tinatawid namin ang "kapatagan" ng pag-aaral sa kolehiyo, nagsisimula kaming magpamilya, at nabubuhay sa limitadong kita. Ang nadama ko ay katulad—ngunit nang kaunti lamang—ng sinabi ng isa sa mga nakaligtas sa Martin handcart company tungkol sa kanilang paglalakbay: "Lahat kami ay nakaligtas nang may tiyak na kaalaman na ang Diyos ay buhay dahil nakilala namin Siya sa pinakamatitindi naming paghihirap."[1]

Sa paningin ng mundo, ang pinili naming gawin noong bagong kasal kami ay walang katuturan. Ang ipagpaliban na tapusin ang aking pag-aaral para magkaanak, mabuhay sa kita ng isa lang sa amin, at magsakripisyo ng ilang luho ay maaaring tila kalokohan. Ngunit sinabi ng Panginoon kay Isaias:

"Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

"Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip" (Isaias 55:8–9).

Ang pagsasakripisyo ng mga makamundong mithiin para sundin ang kalooban ng Ama sa Langit para sa aming pamilya ay nagpala sa aming buhay.

## Pagharap sa mga Hamon nang Magkasama

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan na yaong mga "handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain . . . ay tinatanggap [ng Panginoon].

"Sapagkat ako, ang Panginoon, ay pagbubungahin sila tulad sa isang mabungang punungkahoy na itinanim sa mabuting lupa, sa tabi ng isang dalisay na sapa, na nagbubunga ng labis na mahahalagang bunga" (D at T 97:8–9). Ang lima naming anak ang itinatangi



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI RACHEL HARRISON

naming bunga. Walang alinlangang sila ang aming pinakamalalaking pagpapala.

Sa paglipas ng mga taon, naharap kaming mag-asawa sa maraming hamon, at sa aking gunita tapat kong masasabi na pinasasalamatan ko ang mga ito. Binibigyan tayo ng Panginoon ng mga pagsubok para dalisayin tayo bilang mga indibiduwal at tulungan tayong bumaling sa Kanya at sa ating kabiyak.

Ang kasal sa templo ang pinakamataas na tipan ng kadakilaan. Kapag tinupad ang tipang ito, hahantong ito sa pinakamataas na antas sa kahariang selestiyal, o buhay na walang hanggan, na ibig sabihin ay walang-hanggang pag-unlad (tingnan sa D at T 131:1–4). Dahil sa dakilang gantimpalang ito, dapat nating asahan na huhubugin tayo ng kasal sa templo, na babaguhin nito ang mismong pagkatao natin.

Sinabi ni Elder Bruce C. Hafen, miyembrong emeritus ng Pitumpu: "Maaaring kaya tayo nag-asawa ay para guminhawa sa buhay. Ngunit dumarating ang mga problema. Kung sisikapin talaga nating lutasin ang mga ito, maaaring hindi tayo laging komportable, ngunit uunlad tayo. At sa huli ay masasabi nating nag-asawa tayo hindi lamang para guminhawa kundi para magalak."[2] Ang paglutas ng aming mga problema nang magkasama ay hindi laging madali, ngunit talagang naghatid ito sa amin ng galak.

## Pagsusumikap at Kagalakan

Pagiging ina ang pinakamahirap na bagay na nagawa ko. Bago kami nagkaanak, akala ko ang pagiging ina kadalasan, kung hindi man palagi, ay masaya—na may kasamang isa o dalawang pagsusumikap. Ngunit naunawaan ko na kabaligtaran pala ito. Dahil sa walang-hanggang pagtutulungan naming mag-asawa, ang pagiging magulang at pag-aasawa ko ay naging laboratoryo upang maging katulad ng Ama sa Langit. Ang responsibilidad ng pagiging magulang sa buhay na ito ay katulad ng gawain at mga layunin ng ating Ama sa Langit, "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang pagiging asawa at ina ay nangangailangan ng matinding pasensya, lakas, at pagmamahal. Ang pagiging ina ay tumutulong sa akin na maging higit na katulad ng Diyos sa pagkatao, mga hangarin, at mga posible kong kahinatnan.

Ang mabuklod sa templo ay nagpala sa akin sa mga paraang hindi ko inasahan. Ito ang pinagkukunan ko ng lakas at pinagkukunan ng katatagan ng aking mga anak. Iniuugnay ako nito sa aking mga ninuno at pinagpapala sila habang ginagawa ko ang kanilang gawain sa templo. Sulit ang lahat ng sakripisyo sa kasal ko sa templo, at alam ko na malalaking pagpapala ang hatid nito. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New Zealand.*


**MGA TALA**

1. Francis Webster, sa William R. Palmer, "Pioneers of Southern Utah," *The Instructor,* Mayo 1944, 217–18.
2. Bruce C. Hafen, *Covenant Hearts: Marriage and the Joy of Human Love* (2005), 13.

# SAMUEL

*"Ang karanasan ng batang si Samuel, nang tumugon siya sa tawag ng Panginoon, ay inspirasyon ko na noon pa man." —Pangulong Thomas S. Monson*[1]

Ang aking inang si Ana ay baog at nanalangin sa templo na magkaanak siya ng lalaki, na sumusumpang ibibigay ito sa Panginoon. Sinagot ng Diyos ang kanyang mga dalangin; isinilang niya ako. Noong bata pa ako, dinala niya ako sa templo para maglingkod sa Kanya. Doo'y inalagaan at tinuruan ako ng saserdoteng si Eli.[2]

Noong bata pa ako, narinig kong may tumatawag sa pangalan ko isang gabi. Tatlong beses kong pinuntahan si Eli, ngunit hindi pala siya ang tumatawag sa akin. Sinabi niya na ang Panginoon daw ang tumatawag sa akin. Sinunod ko ang payo ni Eli nang marinig ko ang pangalan ko nang ikaapat na beses at sumagot ako, "Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod."[3] Kinausap ako ng Panginoon, at habang lumalaki ako, Siya ay kasama ko. Tinawag Niya akong maging Kanyang propeta.


Nang tumanda na ako, hinirang ko ang aking mga anak na lalaki bilang mga hukom sa Israel. Hindi matwid ang mga anak ko, kaya humiling ng hari ang mga matanda ng Israel. Binalaan ko ang mga tao tungkol sa mga panganib ng pagkakaroon ng hari, ngunit ipinilit nila ang kanilang kahilingan. Iniutos ng Panginoon na dapat kong "dinggin ang kanilang tinig."[4]

Ipinadala sa akin ng Panginoon si Saul—"isang bata at makisig na lalake"[5]—at hinirang ko siya bilang "pangulo sa bayang Israel."[6] Siya ang naging hari nila. Gayunman, nang utusan ng Panginoon si Saul na lipulin ang mga Amalecita at lahat ng ariarian nila, sumuway siya. Itinago niya ang mga hayop ng mga Amalecita at inialay ang mga ito bilang hain. Itinuro ko kay Saul na "ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake."[7]


Dahil sa pagsuway ni Saul, inutusan ako ng Panginoon na humirang ng bagong hari mula sa mga anak na lalaki ni Jesse [Isai]. Ipinakita sa akin ni Jesse ang pito niyang pinakamatatandang anak na lalaki, ngunit hindi sila pinili ng Panginoon.[8] Inihayag sa akin ng Panginoon na ang bunsong anak na lalaki, si David, ang dapat maging hari. Sa anyo o pangangatawan, maaaring mas bagay nga ang mga kuya ni David na maging hari, ngunit pinili ng Panginoon ang batang pastol na ito para mamuno sa Kanyang mga tao. Sa karanasang ito natutuhan ko na "hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao; sapagka't ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso."[9] ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "The Priesthood in Action," *Ensign,* Nob. 1992, 47.
2. Tingnan sa I Samuel 1–2.
3. I Samuel 3:10.
4. I Samuel 8:22.
5. I Samuel 9:2.
6. I Samuel 9:16.
7. I Samuel 15:22.
8. Tingnan sa I Samuel 16:10.
9. I Samuel 16:7.







*GOD APPEARS IN A NIGHT VISION TO THE BOY PROPHET SAMUEL,* NI HARRY ANDERSON; *ISRAELITES DESIRE A KING,* NI PAUL MANN; DETALYE MULA SA *SAMUEL INSTRUCTING SAUL,* NI TED HENNINGER; LARAWAN NG SCROLL NA KUHA NG FORPLAYDAY/ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

# MGA IKAPU AT MGA HANDOG



Sa pagbabayad ng mga ikapu at mga handog, matututuhan ng mga bata na tumutupad ang Panginoon sa Kanyang mga pangako.

Sa isang artikulo sa mga pahina 60–61 ng isyung ito, ikinuwento ni Elder Anthony D. Perkins ng Pitumpu kung paanong ang pagbabayad ng ikapu bago gastusin ang kanyang kita noong kanyang kabataan ay nagturo sa kanya na matukoy ang kaibhan ng gusto sa pangangailangan.

Sinabi ni Elder Perkins na nang sundin niya ang kautusang ito, "mas tumibay ang aking pananampalataya gayundin ang aking hangaring sundin ang iba pang mga utos [ng Panginoon]." Sinunod niya ang isang alituntuning itinuro sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: "Mahalaga ang iyong saloobin sa pagbabayad ng ikapu. . . . Bayaran ito nang may pagkukusa at mapagpasalamat na puso" ([2011], 38).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Ang mga kabataan ay madalas matuto mula sa mga halimbawa ng iba. Tingnan sa "Ang mga Pagpapala ng Ikapu" (*Liahona,* Mar. 2013, 26) para mabasa ang tungkol sa limang tao na pinagpala dahil nagbayad sila ng ikapu. Pag-usapan kung paano napagpala ng ikapu ang inyong pamilya. Maaari din ninyong pag-usapan kung paano pinagpapala ng mga ikapu at mga handog ang lahat ng miyembro ng Simbahan.
- Isiping basahin nang sama-sama ang bahagi tungkol sa mga ikapu at mga handog sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (mga pahina 38–39). Maaari ninyong talakayin kung paano nagkakaugnay ang pag-aayuno at mga handog-ayuno at paano nagbabayad ng mga handog-ayuno ang inyong pamilya.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Isiping gamitin ang sumusunod na pagtatanghal: Maglagay ng 10 barya sa mesa. Tanungin ang mga kapamilya kung ano ang madarama nila kung sabihin ninyo na ibibigay ninyo sa kanila ang siyam na barya at itatabi ninyo ang isa para tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Handa ba silang tanggapin ang gayong alok? Pagkatapos ay maipapaliwanag na ninyo ang pagkakatulad ng sitwasyong ito sa batas ng ikapu.
- Maaari ninyong gamitin ang bahaging "Para sa Maliliit na Bata" sa *Liahona* ng Agosto 2011 (mga pahina 70–72), na kinabibilangan ng tunay na pangyayari sa buhay kung saan nalaman ng isang batang lalaki na ang pagbabayad ng ikapu ay isang mabuting pasiya—kahit isang sentimo lang ang kanyang kontribusyon. Maaari din ninyong kumpletuhin ang kaugnay na mga aktibidad kasama ang inyong mga anak. ■

### MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAKSANG ITO

Levitico 27:30, 32
Deuteronomio 26:12
Nehemias 10:38
Malakias 3:8, 10; tingnan din sa 3 Nephi 24:8, 10
Lucas 18:12
Alma 13:15
Doktrina at mga Tipan 64:23; 97:10–12; 119:3

*Ang mga nakaraang edisyon ng* Liahona *ay matatagpuan online sa liahona.lds.org.*

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



*Lahat ng media na ginagamit ninyo ay may epekto sa inyo. Ang pinili ba ninyong media ay nagpapasigla, may mabuting layunin, at nagbibigay-inspirasyon?*


# MEDIA NA MAY KABULUHAN

Ni Katherine Nelson

Nang dalhin sina Daniel, Sadrach, Mesach, at Abednego sa bulwagan ni Haring Nabucodonosor, sinabihan silang kainin ang pagkain ng hari at inumin ang alak nito. Ngunit sa halip ay ipinasiya nilang kumain na lang ng gulay (pagkaing gawa sa butil) at uminom ng tubig. Makalipas ang 10 araw, "lalong maganda ang kanilang mga mukha, at sila'y lalong mataba sa laman kay sa lahat na binata na nagsisikain ng pagkain ng hari. . . . [At] pinagkalooban sila ng Dios ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan: at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip" (Daniel 1:15, 17).

Bagama't madalas nating gamitin ang kuwentong ito para ilarawan ang mahahalagang alituntunin tungkol sa Word of Wisdom at sa pagkaing *literal* nating kinakain, itinuturo nito ang iba pang mga alituntunin tungkol sa mga bagay na *parang* kinakain na rin natin. Kabilang dito ang media na ginagamit natin para malibang—anumang bagay mula sa fine arts, mga aklat, sayaw, at musika hanggang sa digital at social media. Tulad ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan na sadyang nagpasiya na iwasan ang pagkain nang labis-labis at ng pagkaing mabigat sa tiyan na hindi naman magpapalusog sa kanila—at baka makagambala pa sa pagsasanay nila sa palasyo ng hari—tayo rin naman ay dapat marunong sa pagpili ng mabubuting libangan (tingnan sa D at T 25:10).

Ang sumusunod na mga mungkahi ay makakatulong sa pagpili natin kung aling libangan ang dapat nating pagukulan ng mahalagang oras natin sa mundong ito.




### Iwasan ang Mababaw na Pag-iisip

Naglilibang tayo para makapagpahinga mula sa gawain natin sa araw-araw. Maaari itong maging oras ng pahinga at tawanan at magandang pag-uusap kasama ang pamilya at mga kaibigan.[1] Ang ginhawang nadarama natin mula sa mga aktibidad na ito ay nagmumula sa impluwensya ng Espiritu Santo, na ang mga bunga ay "pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil" (Mga Taga Galacia 5:22–23). Para mapasigla matapos tayong maglibang, kailangan nating piliin ang libangan na pinananatili tayong karapat-dapat sa mga pahiwatig at nagpapagaling na kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Para hindi mawala ang patnubay ng Espiritu Santo at hindi mapinsala ang ating espiritu, pinapayuhan tayo na huwag "dumalo, tumingin, o makilahok sa anumang bastos, mahalay, marahas, o nagpapakita ng pornograpiya sa anumang paraan."[2] Ngunit kung minsan ang media na tila wala namang kahalayan ay maaari ding makapinsala sa atin sa pamamagitan ng paglalayo sa atin sa layunin natin sa buhay.

Bagama't ang mabubuting libangan ay maaaring magpasaya sa atin, may ibang mga uri ng libangan na maaaring magpababaw ng ating pag-iisip. Sa Doktrina at mga Tipan iniutos sa atin ng Panginoon: "Tumigil sa lahat ng inyong mababababaw na pananalita, mula sa lahat ng halakhak, mula sa lahat ng inyong mahahalay na pagnanasa, [at] mula sa lahat ng inyong kapalaluan at mababaw na pag-iisip" (88:121). Inilalayo tayo ng ilang libangan sa layunin ng plano ng kaligtasan sa pamamagitan ng paglalagay sa ating isipan ng inilarawan ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang masasamang kaisipan at mga bagay na walang halaga.[3] Madali tayong mabibitag ng gayong mababaw na libangan at "mawawalan tayo ng pagpipitagan at babalewalain natin ang sagradong bagay at ang pinakamalala pa ay nagiging lapastangan tayo sa Diyos."[4]



### Aktibong Pangatawanan ang Sarili

Bagama't mas madaling basta na lang hayaang pumasok sa ating puso't isipan ang libangang ating pinakikinggan, pinanonood, at binabasa nang hindi ito sinusuri, mahalagang bahagi ng buhay ang matutuhang pangatawanan ang sarili—matutong "[kumilos] para sa [ating] sarili at hindi pinakikilos" (2 Nephi 2:26). Bahagi ng tunay na pagkatawan sa sarili ang maging matalino sa pagpapasiya tungkol sa ginagamit ninyong libangan.

Sa halip na basta na lang gumamit ng media para malibang, alamin din natin kung gaano katagal nating ginagamit ito at anong mga mensahe—hayagan man o tago—ang hatid nito. Ipinaliwanag ni Ryan Holmes, direktor ng Digital

PAGLALARAWAN NG CIENPIES DESIGN/SHUTTERSTOCK

Media Group sa Brigham Young University, na kailangan nating "pakaisipin ang paggamit ng teknolohiya" at maingat na isaalang-alang ang "lahat ng ibubunga nito."[5] Sinabi ni Amy Petersen Jensen, chair ng departmento ng Theatre and Media Arts sa Brigham Young University, na mahalagang "piliin na makibahagi sa mga aktibong usapan sa media at iwasang basta pakinggan o panoorin na lamang ito."[6]

### Gamitin nang Matalino ang Oras

Bahagi ng mas aktibong pagkatawan sa sarili ang kamalayan sa tagal ng oras na ginugugol natin sa paglilibang. Sa dami ng pagpipilian, madaling gamitin ang "anumang dumating sa inyo sa text, email, data feeds, streams, at mga pabatid."[7] Ngunit kapag ginawa natin ito, pinalilipas natin ang "mga araw ng [ating] pagsubok" (2 Nephi 9:27) sa pagsasayang ng oras sa mga aktibidad na hindi nakakatulong para tayo maging mas malakas, mas matalino, mas mapagkawanggawang mga kinatawan ni Jesucristo.

Sa halip na sayangin ang buong magdamag sa pinakahuling viral video, nangungunang bagong show sa telebisyon, o pag-update ng status sa social media, maaari nating ilaan ang ating oras sa mabubuting libangang nakapagpapalakas sa atin. Sabi ni Brother Holmes, "Pag-isipan ang pipiliin. Kayo ang nagpapasiya kung ano, kailan, at paano ninyo gagamitin ang digital media."[8]

### Piliin ang Media na Nagpapasigla

Ang isa pang mahalagang bahagi ng maingat na pagpili ng ating libangan ay ang isaisip kung anong mga mensahe ang inihahatid ng media.

Bawat uri ng libangan ay may hatid na mensahe, sinadya man ang mga mensaheng ito o hindi. Halimbawa, habang nasisiyahan sa isang pelikula o aklat, itanong sa inyong sarili kung ano ang mensaheng ipinararating sa inyo ng mga simbolo, tauhan, titik, at larawan nito. Ano ang halaga nito? Anong mga pag-uugali ang itinataguyod nito? Ang pinakamahalaga, tinutulungan ba kayo nitong isipin at pagpitaganan si Jesucristo? Tinutulungan ba kayo nitong maunawaan ang Kanyang kabanalan? May itinuturo ba ito sa inyo tungkol sa sakripisyo? sa pagmamahal? sa pagiging di-makasarili? May sinasabi ba ito tungkol sa kahalagahan ng mga pamilya o sa kasagraduhan ng kasal? Kung wala kayong makuhang katotohanan na nauugnay sa ebanghelyo mula sa mga mensaheng hatid ng inyong libangan, hindi ito mahalaga at sayang ang oras ninyo.

Maaaring matukso ang ilan na sabihing, "Libangan lang naman ito—hindi ito eskuwelahan o simbahan. Hindi ko kailangang matuto ng anuman mula rito." Ngunit alam man ninyo o hindi, "anuman ang inyong binabasa, pinakikinggan, o tinitingnan . . . ay makakaapekto sa inyo."[9]

Kapag itinuon natin ang ating puso't isipan sa pagsusuri sa media na ginagamit natin, nagkakaroon tayo ng mga sandali para makapag-isip-isip tayo. Ang tawag ni Professor Jensen sa mga sandaling ito ay "pakikipag-usap": "isang diyalogo—pakikipag-usap sa sarili kung saan nakikinig at tumutugon tayo. Ang pinakamainam nating pakikipag-usap ay kadalasang nagiging mga pribadong sandali ng pagsisisi, dahil kadalasa'y sa pakikipag-usap tayo nagbabago ng isipan, nakatatagpo ng bagong landas, o nagpapasiyang magpakabuti. Ang mga pagbabagong ginagawa natin sa ating kaluluwa sa mga sandaling ito ay kadalasang maliit, simple, paunti-unti, nakapapanatag, at may-saysay."[10]

Hinahangad natin ang "anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita o maipagkakapuri"—kahit sa ating paglilibang (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13). Bilang mga kinatawan ni Jesucristo dapat nating sikapin na "lahat ng [ating] binabasa o [pinanonood] . . . ay may itinuturong kabutihan o may kabutihang dulot sa [ating sarili] o [sa ating pamilya]." Ang ating mga libangan ay dapat "may mabuti at makabuluhang layunin . . . na [tumutulong sa atin] na makamit at maibahagi ang nais mangyari ng ating Ama sa Langit."[11]

Alam natin na ang gayong marangal, kaaya-aya, at maipagkakapuring libangan—media na may kabuluhan—ay nagpapasigla sa atin, naghahanda sa atin sa mga hamon sa buhay, at nagpapatatag sa ating pagkadisipulo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129, nakasaad rito na ang "makabuluhang mga aktibidad sa paglilibang" ay isa sa mga alituntunin sa pagkakaroon ng maligayang pamilya.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* (2011), 11.
3. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Powerful Ideas," *Ensign,* Nob. 1995, 27.
4. Brad Wilcox, "If We Can Laugh at It, We Can Live with It," *Ensign,* Mar. 2000, 29.
5. Ryan Holmes, "The Truth of All Things," (Brigham Young University devotional, Mayo 7, 2013), speeches.byu.edu.
6. Amy Petersen Jensen, "Some Hopeful Words on Media and Agency," (Brigham Young University devotional, Mar. 20, 2012), speeches.byu.edu.
7. Holmes, "The Truth of All Things," speeches.byu.edu.
8. Holmes, "The Truth of All Things," speeches.byu.edu.
9. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 11.
10. Jensen, "Media and Agency," speeches.byu.edu.
11. Jensen, "Media and Agency," speeches.byu.edu.

# Pagiging Magulang, Mag-unplug

**Ni Jan Pinborough**
Mga Magasin ng Simbahan

Binigkas ng Tagapagligtas ang limang simpleng salita: "Masdan ang inyong mga musmos." Tiningnan ng mga Nephita ang kanilang mga anak. At ang sumunod na nangyari ay isa sa mga pinakasagradong kaganapan sa buong banal na kasulatan. (Tingnan sa 3 Nephi 17:23–24.)

Una kong "namasdan" nang lubos ang panganay kong anak na babae noong siya ay bagong silang. Ang kanyang munti, at patuloy na pag-iyak ang gumising sa akin nang bandang hatinggabi, at pasususuhin ko na siya nang mangyari iyon. Idinilat niya ang kanyang mga mata at tumitig nang matagal at magiliw sa aking mga mata. Nang "mamasdan" namin nang lubos ang isa't isa sa unang pagkakataon, nadama ko ang walang hanggang pagkakabigkis namin.

Ang pag-aaral tungkol sa neurobiology ay nagpapatunay na mahalagang "masdan" ng magulang at anak ang isa't isa. Ayon sa neurobiologist na si Dr. Allan N. Schore, ang komunikasyon sa pamamagitan ng "pagtingin sa isa't isa" ay mahalaga sa maayos na pag-unlad ng utak ng sanggol.[1] Sa pagdaan ng mga taon, nananatiling mahalaga ang koneksyong ito sa pag-unlad ng isipan, puso, at espiritu ng ating mga anak.

Ang "pagmasdan" ay hindi karaniwan at balewalang pagsulyap. Ito ay paglingap sa isang tao nang buong puso at isipan. Ito ay lubos na pagtutuon ng pansin na nagsasabing, "Nakikita kita. Mahalaga ka sa akin."

Sa mga magulang ngayon, ang uring ito ng lubos na pagtutuon ng pansin ay kadalasang nangangailangan ng disiplinang mag-unplug, piliing umalis sa harap ng ating mga screen at patayin ang ating mga digital device. Maaaring ang ibig sabihin nito ay paglabanan ang tukso na tingnan ang ating mga text message o mga social media post. Maaaring kasama rito ang maingat na paggawa ng mga patakaran para sa sarili at pamilya sa paggamit ng media, pagtatakda ng mga hangganan na poprotekta sa sagradong oras na ibinibigay natin sa isa't isa sa ating pamilya sa araw-araw.

Sa pagsisikap na mas lubos at mas madalas na pagtuunan ng pansin ang ating mga anak, mapag-iibayo natin ang pagpapahalaga nila sa kanilang sarili, mapalalakas ang ugnayan natin sa isa't isa, at lalong masisiyahan sa mga sagradong sandaling iyon kapag nakikita natin ang kalooban ng ating mga anak. ■



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

**TALA**


1. Tingnan sa "Relational trauma and the developing right brain: The neurobiology of broken attachment bonds," sa Tessa Baradon, ed., *Relational Trauma in Infancy* (2010), 19–47.



**IWANAN ANG MGA ELECTRONIC DEVICE AT MAKINIG NANG MAY PAGMAMAHAL**

"Ang sagot sa ating panalangin kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng ating mga anak ay maaaring ang hindi natin mas madalas na paggamit ng mga electronic device. Ang mahahalagang sandali ng pagkakataong makaugnayan at makausap ang ating mga anak ay naglalaho kapag abala tayo sa iba pang mga bagay. Bakit hindi kayo pumili ng oras sa isang araw na hindi kayo gagamit ng teknolohiya at mag-usap kayo nang personal? Patayin lang ang lahat ng electronic device ninyo. Kapag ginawa ninyo ito, ang inyong tahanan ay tila tahimik sa simula; maaaring hindi ninyo malaman ang gagawin o sasabihin. Pagkatapos, kapag lubos na kayong nakatuon sa inyong mga anak, makakapag-usap na kayo, at masaya kayong makikinig sa isa't isa."

**Rosemary M. Wixom, Primary general president, "Ang mga Salitang Sinasambit Natin,"** ***Liahona,*** **Mayo 2013, 82.**



**Ni Linda K. Burton**
Relief Society
General President

# KAPANGYARIHAN NG PRIESTHOOD





# PARA SA LAHAT

*Ang awtoridad ng priesthood ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng ordenasyon, ngunit ang kapangyarihan ng priesthood ay para sa lahat. Kabutihan ang kailangan para maanyayahan ng bawat isa sa atin ang kapangyarihan ng priesthood sa ating buhay.*

Pribilehiyo nating mabuhay sa panahong ito ng kasaysayan ng Simbahan kung kailan may mga tanong tungkol sa priesthood. May malaking interes at hangaring malaman at maunawaan pa ang tungkol sa awtoridad, kapangyarihan, at mga pagpapalang nauugnay sa priesthood ng Diyos. Umaasa ako na ang doktrina ng priesthood ay "*magpapadalisay* sa [ating kaluluwa] gaya ng hamog mula sa langit" (D at T 121:45; idinagdag ang pagbibigay-diin). Pinatototohanan ko na pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain, at mahalagang maunawaan natin kung paano isinasagawa ng Panginoon ang Kanyang gawain nang sa gayon ay matanggap natin ang kapangyarihang nagmumula sa pagsunod sa Kanyang plano at mga layunin.

Laging naisasakatuparan ng Panginoon ang Kanyang gawain, na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39), sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang priesthood. Sa pamamagitan nito ang langit at lupa ay nalikha. Sa mga ordenansa ng priesthood, ang mga epekto ng Pagkahulog ay

MGA PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KANAN: PAGLALARAWAN NI CODY BELL



maaaring madaig dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Dahil ang kapangyarihan ng priesthood ay ipinagkatiwala sa tao para pagpalain ang mga anak ng Ama sa Langit, nais Niyang anyayahan natin ang kapangyarihan ng priesthood sa ating mga tahanan upang mapagpala at mapalakas ang ating pamilya at ang buhay ng bawat isa sa atin.

Sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno noong 2013, malinaw na ipinahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Hindi ang kalalakihan ang priesthood!"[1] Para sa akin, iyan ay isang babala at paanyaya rin sa ating lahat na pag-aralan, pagnilayan, at mas unawain pa ang priesthood. Kung may isang tao, marahil ay isang bata o kaibigan na miyembro ng ibang relihiyon, na nagtanong sa inyo ng mga sumusunod, makakasagot ba kayo?

- Ano ang priesthood?
- Bakit napakahalaga ng priesthood?
- Ano ang mga susi ng priesthood?
- Sino ang mayhawak ng mga susi ng priesthood?

"Walang anumang tungkol sa priesthood ang makasarili. Ang priesthood ay palaging ginagamit para maglingkod, magbasbas, at magpalakas sa ibang tao."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol**



KANAN: LARAWANG KUHA NI DAN CARTER

## Ano ang priesthood?

Ang priesthood ay walang-hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos at sa pamamagitan nito ay Kanyang pinagpapala, tinutubos, at dinadakila ang Kanyang mga anak. Ipinaliwanag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang priesthood sa ganitong paraan: "Priesthood ang ginagamit ng Panginoon upang makakilos sa pamamagitan ng kalalakihan sa pagliligtas ng mga kaluluwa. . . . Ang isang mayhawak ng priesthood ay inaasahang gagamitin ang sagradong awtoridad na ito ayon sa isipan, kalooban, at mga layunin ng Diyos. *Walang anumang tungkol sa priesthood ang makasarili. Ang priesthood ay palaging ginagamit para maglingkod, magbasbas, at magpalakas sa ibang tao.*"[2]

Nang pag-aralan, pagnilayan, at pagsikapan kong maunawaan ang priesthood, nakatulong sa akin na isipin ang mangyayari sa mundo kung *wala* ito. Ipinaliwanag na mabuti ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol ang paksang ito nang sabihin niya: "Mawawari ba ninyo kung gaano kadilim at kahungkag ang mortalidad kung walang priesthood? Kung wala ang kapangyarihan ng priesthood sa mundo, malaya sanang nakakagala at patuloy na naghahari ang kaaway. Wala sanang kaloob na Espiritu Santo na papatnubay at magbibigay-liwanag sa atin; walang mga propetang mangungusap sa ngalan ng Panginoon; walang mga templo kung saan natin magagawa ang mga sagrado at walang-hanggang tipan; walang awtoridad na magbabasbas o magbibinyag, magpapagaling o magpapanatag. . . . Wala sanang liwanag, walang pag-asa—pawang kadiliman lamang."[3]

Nakalulungkot ang isipin na walang kapangyarihan ng priesthood. Ako mismo ay hayagang natutuwa na ang sagradong kapangyarihang ito ay naipanumbalik sa mundo sa pamamagitan ng isang propeta ng Diyos sa huli at maluwalhating dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon!

Gayunman, pinag-iingat tayo ni Elder Oaks sa mga pagtukoy natin sa priesthood: "Bagama't kung minsan tinutukoy natin ang mga priesthood holder bilang 'ang priesthood,' huwag nating kalimutan na ang priesthood ay hindi pag-aari at kinakatawan ng mga mayhawak nito. Ito ay *sagradong ipinagkatiwala upang gamitin para sa kapakanan ng kalalakihan, kababaihan, at gayon din ng mga bata.*"[4]

## Bakit napakahalaga ng priesthood?

Alam natin na "ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang-hanggan."[5] Tulad ng itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ibinalik ang priesthood upang mabuklod sa kawalang-hanggan ang mga pamilya."[6]

"Ang awtoridad ng priesthood ay kailangan upang maisagawa ang mga ordenansa ng ebanghelyo. . . . Bawat ordenansa ay nagdudulot ng maraming espirituwal na pagpapala."[7] Ipinagkaloob ni Jesus ang mga sagradong susi ng kaharian kay Pedro lakip ang atas na "anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (Mateo 16:19).

## Ano ang mga susi ng priesthood?

Isang simpleng paliwanag tungkol sa mga susi ng priesthood ang matatagpuan sa Mayo 2012 *New Era:*

"Hawak ang isang set ng mga susi, marami kayong magagawang bagay na hindi sana ninyo magagawa—pumasok sa mga gusali, magmaneho ng mga sasakyan, at magbukas ng mga trunk, at marami pang iba. Tunay na ang mga susi ay nangangahulugan ng awtoridad at karapatan.

"Ganyan din ang mga susi ng priesthood. Ito ang may kontrol sa natatanggap na mga basbas at ordenansa ng priesthood. . . . Ang mga susi ng priesthood ay ang karapatan na mangulo at mamuno sa Simbahan. . . . Ang mga susi ay karaniwang ginagamit sa isang area, tulad ng ward, stake, o mission. Karaniwan ding kasama rito ang awtoridad sa pangangasiwa ng partikular na mga ordenansa at aktibidad (halimbawa, binyag, sakramento, gawaing misyonero, at gawain sa templo)."[8]

## Sino ang mayhawak ng mga susi ng priesthood?

"Si Jesucristo ang mayhawak ng lahat ng susi ng priesthood na nauukol sa Kanyang Simbahan. Iginawad Niya sa bawat isa sa Kanyang Apostol ang lahat ng susi na nauukol sa kaharian ng Diyos sa lupa. Ang buhay na senior na Apostol, ang Pangulo ng Simbahan, ang tanging tao sa lupa na may awtoridad na gamitin ang lahat ng susi ng priesthood (tingnan sa D at T 107:91–92). . . . [At kanya namang] itinatalaga ang mga susi ng priesthood sa iba pang mga priesthood leader upang mapamunuan nila ang lugar na kanilang nasasakupan. . . . Ang mga auxiliary president at kanilang mga counselor ay hindi tumatanggap ng mga susi. Sila ay tumatanggap ng awtoridad para magampanan ang kanilang mga tungkulin."[9]

Gayunpaman, magkaiba ang awtoridad ng priesthood at kapangyarihan ng priesthood. Ang awtoridad ng priesthood ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng ordenasyon, ngunit ang kapangyarihan ng priesthood ay para sa lahat. Yamang ang kapangyarihan ng priesthood ay hangad nating lahat na mapasaating pamilya at tahanan, ano ang kailangan *nating* gawin para maanyayahan ang kapangyarihang iyan sa ating buhay? Ang pagiging karapat-dapat ay mahalaga sa pagkakaroon ng kapangyarihan ng priesthood.

## Pag-unawa sa Doktrina ng Priesthood

Una, hangaring maging marapat sa kaloob na Espiritu Santo. Dahil ang doktrina ng priesthood ay pinakamainam na nauunawaan sa pamamagitan ng paghahayag, kailangan ang tulong ng Espiritu Santo upang maihayag at mapadalisay ang doktrina sa ating mga kaluluwa.

Pangalawa, pumunta sa banal na templo. Alam natin na ang mga templo "ang pinakabanal sa lahat ng pook na sambahan"[10] at naglalaan ng magandang kapaligiran para



matutuhan ang tungkol sa priesthood sa diwa ng paghahayag.

Pangatlo, basahin ang mga banal na kasulatan. Ang pagsasaliksik, pagninilay, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay mga paanyaya upang maihayag sa atin ng Espiritu Santo ang mahahalagang katotohanan tungkol sa priesthood. Iminumungkahi ko ang mga sumusunod upang masusi at mapanalangin ninyong mapag-isipan: Doktrina at mga Tipan, mga bahagi 13, 20, 84, 107, at 121, at Alma 13. At inaanyayahan ko kayo na isaulo ang sumpa at tipan ng priesthood, na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–44. Sa paggawa nito, ipinapangako ko sa inyo na palalawakin ng Espiritu Santo ang inyong pang-unawa tungkol sa priesthood at bibigyan ng

inspirasyon at palalakasin kayo sa napakagandang paraan.

Inaanyayahan ko rin kayong pagnilayan ang Doktrina at mga Tipan 121:34–46 at itanong sa inyong sarili ang tulad nito:

- Nakalagak ba ang puso ko sa mga bagay ng mundong ito?



- Hangad ko ba ang papuri ng kalalakihan o kababaihan?
- Tinatangka ko bang pagtakpan ang aking mga kasalanan?
- Ako ba'y mapagmataas?
- Kinokontrol ko ba o pinamamahalaan nang di-matwid o pinupuwersa ang aking mga anak, asawa, o ang iba pa?
- Sinisikap ko bang ipamuhay nang lubos ang mabubuting alituntunin tulad ng paghihikayat, kaamuan, mahabang pagtitiis, kabaitan, kahinahunan, hindi pakunwaring pag-ibig (ibig sabihin ay dalisay, tapat, o lubos na pagmamahal)?
- Napupuspos ba ng kabanalan ang aking mga iniisip nang walang humpay?
- Hangad ko bang palaging makasama ang Espiritu Santo?

Ang mga salitang *paghihikayat, kaamuan, mahabang pagtitiis, kabaitan, kahinahunan,* at *hindi pakunwaring pag-ibig* ay nagkaroon ng bago at napakapersonal na kahulugan sa akin nang maalala ko ang basbas na hiniling ko sa aking ama maraming taon na ang nakalipas.

Noong ako ay young single adult, nahirapan akong gawin ang isang mahirap na desisyon. Tulad ng ilang beses ko nang ginawa, nilapitan ko si Itay at humingi ng basbas sa kanya. Sa pag-asang agad niyang pagbibigyan ang aking hiling, nagulat ako nang sabihin niyang, "Kailangan ko ng kaunting panahon para maghanda upang mabasbasan ka. OK lang ba na maghintay ka ng dalawang araw?"

Ang nakatutuwa, makalipas ang 40 taon, nalimutan ko na ang mga salitang binanggit ng aking ama sa pagbabasbas niya sa akin, ngunit hindi ko kailanman nalimutan ang malaking pagpipitagan ng aking ama sa banal na priesthood sapagkat inihanda niya ang kanyang sarili para mabasbasan ako. Naunawaan niya ang mga alituntuning itinuro sa Doktrina at mga Tipan 121 at determinadong ipamuhay ang mga ito upang maging marapat sa kapangyarihan ng priesthood na magpapala sa kanyang pamilya.

### Mga Salita ng mga Buhay na Propeta

Nagkaroon ako ng pagkakataong makasama sa gawain ang mga inspiradong propeta, tagakita, at tagapaghayag sa halos araw-araw. Kung talagang gusto nating malaman ang doktrina ng priesthood, tayo ay may mapagkakatiwalaan at buhay na masasanggunian na ibinigay ng Diyos: mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Pinatotohanan ko na sila ay kalalakihan ng Diyos na nagtataglay ng kapangyarihan ng priesthood dahil karapat-dapat sila.

Sa nakaraang pangkalahatang kumperensya, itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa plano ng ating Ama sa Langit na nagkaloob ng priesthood sa kalalakihan, ang mga lalaki ay may kakaibang responsibilidad na pangasiwaan ang priesthood, ngunit hindi sila ang priesthood. Ang kalalakihan at kababaihan ay may mga tungkulin na magkaiba ngunit parehong mahalaga. Hindi man kayang magdalantao ng babae kung walang lalaki, hindi naman lubos na magagamit ng lalaki ang kapangyarihan ng priesthood para magbuo ng walang-hanggang pamilya kung walang babae. Sa madaling salita, sa walang-hanggang pananaw, ang mag-asawa ay parehong may ginagampanan sa kapangyarihang lumikha ng buhay at sa kapangyarihan ng priesthood."[11]

Natutuhan ko na ang mabuting impluwensya ng kababaihan ay isang kaloob na tumutugma sa kapangyarihan ng priesthood. Sa pagsasalita sa kababaihan ng Simbahan, naghikayat si Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), "Kaya't hinihiling namin sa inyo na maglingkod taglay ang malakas ninyong *impluwensya* sa kabutihan sa pagpapatatag ng ating mga pamilya, simbahan, at komunidad."[12] Sa huling pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa kababaihan, "Dalaga man kayo o may asawa, nagsilang man kayo ng mga anak o hindi, kayo man ay matanda, bata, o nasa pagitan nito, ang pagiging halimbawa ninyo ng kabutihan ay mahalaga."[13]

Katulad nito, sinabi ni Elder Ballard, "Wala nang makikita pa sa mundo na mas magiliw, mas mapangalaga, o mas nakapagbabago ng buhay kaysa sa *impluwensiya* ng isang matwid na babae."[14]

Nasagot na natin ang ilang tanong na may kaugnayan sa banal na

priesthood ng Diyos, at tiyak na mayroon pang iba.

## Sumunod Muna, at Makauunawa Ka

Magtatapos ako sa pagbabahagi ng isang karanasan na nakatulong sa akin na harapin ang mga tanong na hindi masagot. Ilang taon na ang nakalipas, kaming mag-asawa ay inanyayahan sa isang pagtitipon ng maraming bihasang lider ng Simbahan. Isang bagong lider ang katatawag lamang, at sa katapusan ng miting isang napakahirap at matinding tanong ang ibinigay. Natatanto na mahirap ang tanong, kaming mag-asawa ay kaagad nanalangin nang taimtim sa Ama sa Langit alang-alang sa bagong lider na ito. Nang nasa pulpito na siya para sagutin ang tanong, nakita ko ang pagbabago ng kanyang anyo habang siya ay nakatayo nang may dignidad, kumpiyansa at siya ay nangusap nang may kapangyarihan ng Panginoon.

Parang ganito ang sagot niya: "Brother, hindi ko alam ang sagot sa tanong mo. Pero sasabihin ko sa iyo ang alam ko. Alam ko na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan. Alam ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig. Alam ko na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Jesucristo, at naging kasangkapan sa pagpapanumbalik ng kapangyarihan ng priesthood sa lupa. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo at naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Alam ko na mayroon tayong buhay na propeta ngayon na nangungusap para sa Panginoon upang mapagpala ang ating buhay. Hindi, hindi ko alam ang sagot sa tanong mo, pero ito ang mga bagay na alam ko. Ang iba ay ayon sa aking pananalig. Sinisikap kong ipamuhay ang simpleng pahayag na ito ng pananampalataya na natutuhan ko ilang taon na ang nakalipas mula kay Marjorie Hinckley, maybahay ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na nagsabing, 'Sumusunod muna ako, at saka ko ito nauunawaan.'"

Ang priesthood ng Diyos ay sagradong pagtitiwala na ibinigay upang pagpalain ang kalalakihan, kababaihan, at mga bata upang makabalik tayo bilang mga pamilya at mamuhay nang magkakasama sa piling ng Diyos. Ang pagiging karapat-dapat ay kailangan para maanyayahan ng bawat isa sa atin ang kapangyarihan ng priesthood sa ating buhay. Nawa ang doktrinang ito ay magpadalisay sa ating mga kaluluwa at mas maglapit sa atin sa Kanya na nagmamay-ari ng Simbahan at kapangyarihan ng priesthood na ito. ■

Ang priesthood ng Diyos ay sagradong pagtitiwala na ibinigay upang pagpalain ang kalalakihan, kababaihan, at mga bata upang makabalik tayo bilang pamilya at mamuhay nang magkakasama sa piling ng Diyos.



*Mula sa mensaheng ibinigay sa Women's Conference sa Brigham Young University noong Mayo 2, 2013.*

**MGA TALA**


1. Dallin H. Oaks, "Ang Kapangyarihan ng Priesthood sa Pamilya" (pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno); wwlt.lds.org.
2. David A. Bednar, "Ang mga Kapangyarihan ng Langit," *Liahona,* Mayo 2012, 48; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Robert D. Hales, "Blessings of the Priesthood," *Ensign,* Nob. 1995, 32.
4. Dallin H. Oaks, "The Relief Society and the Church," *Ensign,* Mayo 1992, 36; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
6. Russell M. Nelson, "Pangangalaga sa Kasal," *Liahona,* Mayo 2006, 37.
7. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.2.
8. "Priesthood Keys," *New Era,* Mayo 2012, 38.
9. *Handbook 2,* 2.1.1.
10. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Templo, Bahay ng Panginoon"; scriptures.lds.org.
11. M. Russell Ballard, "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian," *Liahona,* Mayo 2013, 19.
12. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 184; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. D. Todd Christofferson, "Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan," *Liahona,* Nob. 2013, 30.
14. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 182–83; idinagdag ang pagbibigay-diin.


KANAN: PAGLALARAWAN NI CODY BELL








# MGA BANAL SA MGA HULING ARAW SA Italy

## ISANG PAMANA NG PANANAMPALATAYA

Ni Lia McClanahan

Ang kasaysayan ng Simbahan sa Italy ay nagsimula sa panahon ng Bagong Tipan, noong ang kabisera ng Imperyo ng Roma ay tirahan ng isang grupo ng matatapat na Kristiyano. Hindi nakatala sa Biblia kung sino ang unang nagdala ng ebanghelyo sa Roma, ngunit isang branch ng Simbahan ang naroon "malaon nang panahon" (Mga Taga Roma 15:23) nang magpadala ng sulat si Apostol Pablo sa mga taga Roma mga A.D. 57.

Inilarawan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Roma na "[nangapupuspos] ng kabutihan" (15:14). Kilala niya ang ilan sa kanila, at ang kanyang sulat ay naglalaman ng mahabang listahan ng pinakamamahal na mga Banal na kanyang binati sa kanyang mga sulat (tingnan sa 16:1–15).

Pinuri ni Pablo ang pananampalataya ng mga Kristiyanong iyon at sinabing taimtim siyang nagdarasal para sa kanila. Nais niyang makita sila at umasang ipahihintulot ng Diyos na madalaw niya sila sa lalong madaling panahon (tingnan sa 1:8–15).

Nang sa huli ay makapunta siya sa Roma, noong siya ay isang bilanggo, at dahil inasam ng mga miyembro ng Simbahan ang kanyang pagdating, ang ilan sa kanila ay naglakbay nang 43 milya (69 km) para salubungin siya sa Appio. Nang sila ay makita niya, "nagpasalamat [siya] sa Dios at lumakas ang loob" (Mga Gawa 28:15).

Kalaunan, si Pablo ay pinatay sa Roma, kung saan matinding inusig ni Nero at ng iba pang mga emperador ang mga Kristiyano. Sa huli ay nag-apostasiya ang Simbahan, ngunit ang sinaunang mga Banal na taga Roma ay nag-iwan ng isang pamana ng pananampalataya sa sentro ng imperyo, sa paghahanda na maipalaganap ang Kristiyanismo sa buong mundo.

MGA LARAWANG KUHA NI MASSIMO CRISCIONE, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG CINQUE TERRE NA KUHA NI DANIEL JOHN ANDERSON; LARAWAN NG KABUNDUKAN © CORBIS




*Tumutulong ang mga kabataan ng Rome Italy East Stake sa paglilinis at pagpipintura ng isang kanlungan para sa mga walang tirahan.*

**TIME LINE**

** 63 B.C.: Sinakop ng Romanong lider ng hukbo na si Pompeius ang Jerusalem, na naging bahagi ng Imperyo ng Roma*

*A.D. 45: Sinimulan ni Apostol Pablo, isang mamamayan ng Roma, ang kanyang unang paglalakbay bilang missionary sa buong Imperyo ng Roma*

*64: Sinisi ang mga Kristiyano sa malaking sunog na nangyari sa Roma at sinimulang usigin ng pamahalaang Romano*



*◄ 313: Si Constantino ang naging unang Kristiyanong Romanong emperador at ginawa niyang legal ang pagsamba ng mga Kristiyano*

*380: Ginawa ni Emperador Theodosius I na opisyal na relihiyon ng Imperyong Romano ang Kristiyanismo at inihanda ang daan para maipalaganap ang Kristiyanismo sa buong mundo*

## Mga Tao na Itinago ng Panginoon

Noong 1849, si Elder Lorenzo Snow (1814–1901) ng Korum ng Labindalawang Apostol ay tinawag upang itatag ang mission sa Italy. Habang pinag-iisipan kung saan magsisimula, nalaman niya ang tungkol sa mga Waldensian, isang komunidad na makadiyos sa kabundukan ng Piedmont sa hilagang-kanluran ng Italy.

Dumanas ng matinding pang-uusig ang mga Waldensian sa loob ng mahigit pitong siglo dahil sa kanilang paniniwala. Nauna pa sa Protestant Reformation nang ilang daang taon, ipinangaral nila na nag-apostasiya ang sinaunang Simbahan ni Cristo. Inihiwalay nila ang kanilang sarili sa Simbahang Katoliko Romano at sila ay pinaratangan na kumakalaban sa simbahan, pinalayas sa mga lungsod, pinahirapan, at pinagpapatay. Sa halip na itatwa ang kanilang pananampalataya, sila ay tumakas patungo sa matataas na kabundukan.[1]

"Nagliwanag ang aking isipan nang maisip kong ipangaral ang ebanghelyo sa [mga Waldensian]," pagtala ni Elder Snow. Nakasaad sa liham niya sa kanyang pamilya, "Naniniwala ako na itinago ng Panginoon ang mga tao sa gitna ng kabundukan ng Alpine."[2]

Sa ibang rehiyon ng Italy, ang mga batas ay hindi sang-ayon sa gawaing misyonero. Ngunit dalawang taon bago dumating si Elder Snow, ang mga Waldensian sa rehiyon ng Piedmont ay nabigyan ng kalayaan sa relihiyon pagkatapos ng maraming siglo ng pag-uusig.[3] Hindi lang iyan, kundi ang ilan sa kanila ay nakatanggap ng kagila-gilalas na mga panaginip at pangitain na naghanda sa kanila para tanggapin ang mensahe ng mga missionary.[4]

Si Elder Snow, kasama ang dalawang kompanyon na missionary, ay inilaan ang Italy para sa pangangaral ng ebanghelyo noong Setyembre 19, 1850. Itinala ni Elder Snow, "Mula nang araw na iyon ay nagkaroon na ng mga pagkakataon na maipahayag ang aming mensahe."[5]

Nang sumunod na apat na taon, nakaranas kapwa ng tagumpay at oposisyon ang pagsisikap ng mga missionary. Naglathala sila ng dalawang missionary tract at isang Aklat ni Mormon na naisalin sa wikang Italyano. Marami silang nabinyagan. Ngunit noong 1854, humina ang gawain—ang mga missionary ay tinawag sa ibang mga lugar, nandayuhan ang matatapat na convert sa Utah, at tumindi ang pang-uusig. Noong 1862 lahat ng

** Lahat ng naunang petsa ay tinantiya lamang.*

LARAWAN NG ESTATWA NI CONSTANTINO NA KUHA NG TETRA IMAGES/THINKSTOCK

aktibong proselyting ay itinigil, at isinara ang mission noong 1867.

Naging aktibo lamang ang Italian Mission sa loob ng 12 taon, ngunit sa panahong iyan, 12 pamilya at pitong tao ang nabinyagan at nandayuhan sa Utah. Ang mga Waldensian na tumanggap ng ebanghelyo ay nakaragdag ng lakas sa Simbahan sa Utah, at ngayon libu-libong miyembro ang tinutunton ang kanilang henerasyon hanggang sa 72 matatapat na Waldensian na iniwan ang bayan ng kanilang mga ninuno upang sumama sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Rocky Mountains.[6]

### Pagpapabilis ng Gawain

Matapos isara ang Italian Mission, nawalan ng opisyal na gawaing misyonero sa Italy nang halos isang daang taon.

*► 1173: Pinasimulan ni Waldo ng Lyons, France, ang isang kilusan na may layong ibalik ang orihinal na ebanghelyong itinuro ni Cristo at ng Kanyang mga Apostol*



*1215: Si Waldo at ang kanyang mga kasama, ang mga Waldensian—na ang ilan ay naninirahan sa Italy—ay idineklarang kumakalaban sa simbahan at sila ay inusig*

*1843: Nabinyagan si Giuseppe (Joseph) Toronto sa Massachusetts, USA—ang unang Italyanong sumapi sa Simbahan*

*1848: Ipinagkaloob ni Haring Carlo Alberto ng Piedmont-Sardinia ang kalayaan sa relihiyon ng mga Waldensian*



*◄ 1850: Sinimulan ni Elder Lorenzo Snow, kasama sina Elder Joseph Toronto at Elder B. H. Stenhouse ang gawaing misyonero sa Italy*

*1852: Inilathala ang Aklat ni Mormon na isinalin sa wikang Italyano*

Nang muling magliwanag ang ebanghelyo sa Italy, iyon ay noong kalagitnaan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nang magtalaga ng mga militar mula sa Estados Unidos sa mga lungsod sa buong Italy. Ang mga miyembrong ito ay naggrupu-grupo at nagkita-kita para sa mga pulong sa araw ng Linggo, at ang mga grupong ito ay nagpatuloy matapos ang digmaan nang maitalaga ang mga miyembro sa mga base militar sa Italy.

Sa sumunod na 20 taon, pinabilis ng Panginoon ang Kanyang gawain. Nagsimulang sumapi ang mga katutubong Italyano sa Simbahan matapos makilala ang mga missionary sa kalapit na mga bansa. Ang mga grupo ng mga miyembro ng militar sa Naples at Verona ay naorganisa sa mga branch sa ilalim ng pamamahala ng Swiss Mission. Muling ipinasalin at ipinalathala ng mission ang Aklat ni Mormon sa wikang Italian. Ang pagpapadala ng mga missionary sa Italy ay palapit na.

Noong 1964, ang Italy ay naorganisa bilang isang district ng Swiss Mission, at di-nagtagal nagpadala ng mga missionary na nagsasalita ng wikang Italian sa ilang lungsod. Noong 1966, ang Italian Mission ay naorganisa, 99 na taon matapos isara ang orihinal na Italian Mission. Si Elder Ezra Taft Benson (1899–1994) ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nag-alay ng panalangin para sa muling paglalaan ng Italy sa pangangaral ng ebanghelyo.

Sampung taon mula nang mabuksan ang mission, ang bilang ng mga miyembro sa Italy ay tumaas mula mga 300 at umabot ng 5,000. Ang bilang na iyan ay nadoble pagsapit ng 1982. Sa mga huling taon, lalo pang nadagdagan ang bilang. Mula 2005 hanggang 2010, apat na bagong stake ang nabuo, ang kabuuang bilang ng stake ay umabot na sa pito. Ngayon halos may 25,000 Banal sa mga Huling Araw sa Italy.

### Pagtatatag ng Simbahan


Si Elder Craig A. Cardon ng Pitumpu ay isa sa libulibong mga Banal sa mga Huling Araw na natunton ang

*Pinulong ni Elder Ezra Taft Benson (gitna) ang mga missionary ng bagong tatag na Italian Mission.*









kanilang ninuno hanggang kay Phillipe Cardon, isang Waldensian convert na nandayuhan sa Utah noong 1854. Nasaksihan ni Elder Cardon ang pagbubukas ng gawain ng Panginoon sa lupain ng kanyang mga ninuno, una bilang missionary sa bagong bukas na Italian Mission noong 1960s at pagkatapos bilang pangulo ng Italy Rome Mission noong 1980s.

Nang tawagin si Elder Cardon bilang mission president noong 1983, lahat maliban sa isa sa mga chapel sa Rome ay mga gusaling inuupahan. Noon may bahagi ang mga miyembro sa pagbabayad ng mga bagong gusali ng Simbahan sa pamamagitan ng mga donasyon. Dahil kailangan ng pondo sa pagtatayo ng ilang gusali, tila imposible na lubos na maibigay ng mga miyembro ang halagang kailangan. Matapos pag-isipan at ipagdasal ang bagay na ito, inanyayahan ang mga miyembrong Italyano na ibigay na lang sa pagtatayo ng gusali ang perang gagamitin nila sa Pasko sa taong iyon. Sa halip na mga regalo, ang mga pamilya ay maglalagay ng isang brick sa ilalim ng kanilang Christmas tree na sagisag ng kanilang sakripisyo.

"Ang nangyari roon ay isang himala," sabi ni Elder Cardon "Ang kontribusyong naibigay ay higit pa sa kinailangan. Dahil dito at sa patuloy na katapatan ng mga Banal sa pagbabayad ng ikapu, nagbuhos ng maraming espirituwal na pagpapala ang Panginoon sa mission at sa mga Banal sa buong area dahil handa silang gawin ang lahat para maitatag ang Simbahan. Naniniwala ako na ang kanilang katapatan ang pinakamalaking dahilan kung kaya't patuloy na umunlad ang Simbahan hanggang sa maorganisa ang isang stake at ngayon isang templo ang itinayo sa Roma."[7]

Bago tinawag bilang General Authority, bumalik si Elder Cardon sa Italy noong 2005 para daluhan ang paglikha ng Rome Italy Stake. Iyon ay napakagandang karanasan. "Narito ang lakas ng priesthood," sabi niya, "mga susi ng priesthood, ang pakahulugan ng banal na kasulatan sa isang kanlungan—ang stake—ay naitatag na ngayon sa Roma."

### Templo sa Roma


Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2008, nang ibalita ni Pangulong

**▲ Kilalanin ang ilang mga Banal na Italyano:** Ang nakaaantig na mga kuwento ng tatlong Banal sa mga Huling Araw na Italyano sa panahong ito ay matatagpuan sa online version ng artikulong ito sa liahona.lds.org.

*1854: Nanghina ang gawaing misyonero nang tumindi ang pang-uusig at nagtuon ang mga missionary sa Switzerland; nagsimulang mandayuhan ang mga nabinyagang Waldensian sa Salt Lake City, Utah*


*1862: Itinigil ang lahat ng aktibong proselyting sa Italy*

*1944: Itinatag ang mga grupo ng miyembrong militar na LDS sa Italy*





*◄ 1964: Inilathala ng Simbahan ang Aklat ni Mormon na bagong salin sa wikang Italyano; nag-organisa ang Swiss Mission ng isang Italian district*

*► 1966: Naorganisa ang Italian Mission; muling inilaan ni Elder Ezra Taft Benson ang Italy para sa pangangaral ng ebanghelyo*









*Ang meetinghouse ng Catania Ward sa baybayin ng Sicily. Ang Catania Branch ay binuo noong 1967, isang taon matapos maorganisa ang Italian Mission.*

Thomas S. Monson na isang templo ang itatayo sa Roma, maririnig ang masayang bulungan sa Conference Center. Tuwang-tuwang naghiyawan ang mga kongregasyon ng mga Banal sa Italy na nanonood sa pamamagitan ng satellite. Paggunita ng isang miyembrong babae, "Umuwi kaming parang nakalutang sa hangin, masayang-masaya kami."

Bakit napakahalaga ng pagtatayo ng templo sa Roma? Maliban sa malaking espirituwal na kahalagahan ng templo, makabuluhan sa mga miyembro ang kasaysayan ng lungsod, sabi ni Elder Cardon: "Ang pamumuno at kapangyarihan nito sa natatanging panahon nito; ang mga mananaliksik, artist, siyentipiko, at imbentor, na maraming inambag sa mundo; at ang pagpapalang dulot ng impluwensya ng relihiyon ng Roma sa pagtulong sa pagpapakilala ng Kristiyanismo sa buong mundo ay bahaging lahat ng kasaysayan ng Rome, na ngayon ay pinaganda ng isang templo ng Panginoon." Sa groundbreaking ceremony noong 2010, sinabi ni Pangulong Monson, "Tungkol sa templong itatayo sa lugar na ito, ito ang pinakamahalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw."[8]


Sa loob ng mahigit 40 taon, naglakbay ang mga miyembrong Italyano patungo sa Bern Switzerland Temple, at ang ilan ay naglakbay nang dalawang araw para makarating doon. Naniniwala si Massimo De Feo, dating pangulo ng stake sa Roma at ngayon ay Area Seventy, na ang Rome Temple ay palatandaan na nakikita ng Panginoon ang maraming taon ng paglilingkod at pagsasakripisyo ng mga Banal sa mga Huling Araw at kinikilala ang kanilang malaking hangarin na magkaroon ng templo.

Nang ibalita ang tungkol sa templo, sinabi ni Elder De Feo na ang nadamang katuwaan ay parang tulad ng sa isang istadyum kapag nananalo ang isang koponan sa huling sandali; ang kagalakan ay kahalintulad ng nailalarawan niyang nadama natin sa premortal na buhay nang ibalita ang plano ng kaligtasan. Ang mga Banal ay nagyakapan, nangakangiti, at umiiyak. Iyon ay tunay na kaligayahan.

"Napakasayang paglingkuran ang Panginoon sa mga panahong ito," sabi ni Elder De Feo, "napakaespesyal para sa Italy, para sa Rome." Pinatototohanan niya, "Alam ko na lubos na pinagpapala ng Panginoon ang bahaging ito ng Kanyang kaharian."[9] ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## MGA MIYEMBRO SA ITALY




### ANG SIMBAHAN SA ITALY NGAYON*

Mga Miyembro: 24,453

Mga Mission: 2

Mga Stake: 7

Mga Ward: 46

Mga Branch: 52

Mga District: 5

Mga Templo: 1 (kasalukuyang itinatayo)

Mga family history center: 49


**Hanggang noong Disyembre 2013*



*1972: Dinalaw ni Pangulong Harold B. Lee ang mga miyembro sa Italy, ang unang Pangulo ng Simbahan na dumalaw sa mga huling araw*

*1981: Inorganisa ang Milan Italy Stake, ang unang stake sa Italy*

*1993: Ang Simbahan ay binigyang-karapatan ng batas na magmay-ari at magsagawa ng mga kasal na kinikilala ng pamahalaan*



*◄ 2008: Ang Rome Italy Temple ay ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson*

*2012: Ang Simbahan ay nabigyan ng pinakamataas na legal status na ipinagkakaloob sa mga relihiyon sa Italy*


**MGA TALA**

1. Tingnan sa Ronald A. Malan, "Waldensian History: A Brief Sketch," Waldensian Families Research, www.waldensian.info/History.htm.
2. Lorenzo Snow, *The Italian Mission* (1851), 10–11.
3. Lorenzo Snow, *The Italian Mission,* 10–11.
4. Diane Stokoe, "The Mormon Waldensians" (master's thesis, Brigham Young University, 1985), 26–27. Para sa halimbawa ng isa sa mga panaginip na iyon, tingnan sa Elizabeth Maki, "'Suddenly the Thought Came to Me': Child's Vision Prepares Her Family for the Gospel," Hunyo 3, 2013, history.lds.org/article/marie-cardon-italy-conversion.
5. Lorenzo Snow, *The Italian Mission,* 15, 17.
6. Stokoe, "The Mormon Waldensians," 1–5, 71–84.
7. Craig A. Cardon, mula sa isang interbyu sa awtor noong Hunyo 2013.
8. Thomas S. Monson, sa Jason Swenson, "Rome Italy Temple Groundbreaking," *Church News,* Okt. 23, 2010, ldschurchnews.com.
9. "Interview with President Massimo De Feo—Italy—Episode 1," *Into All the World* (archived radio program); mormonchannel.org.


DULONG KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NINA MASSIMO CRISCIONE AT KIMBERLY REID;
KANAN: ROMAN COLUMNS NG HAMAM/ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK



**Ni Elder**
**Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# ANG PANAWAGANG Maging Katulad ni Cristo

Sa kasaysayan ng Israel sa paglipas ng panahon, kapag masyado nang makasalanan o labis na ang kamunduhan sa lipunan o ang buhay kasama ng mga Gentil ay sumisira na sa kagandahang-asal at mga kautusang ibinigay ng Diyos, ang mga anak ng tipan ay pinapupunta sa ilang upang magsimulang muli at itatag muli ang Sion.

Noong panahon ng Lumang Tipan, si Abraham, ang ama ng tipan, ay kailangang iligtas ang kanyang buhay mula sa mga Caldeo—ang Babilonia mismo—sa kagustuhang ilaan ang kanyang buhay sa Canaan, na tinatawag natin ngayon na Banal na Lupain (tingnan sa Abraham 2:3–4). Ngunit ilang henerasyon lamang ang lumipas nang ang mga inapo ni Abraham ay nawalan ng kanilang Sion at naalipin sa malayong bayan ng paganong Egipto (tingnan sa Exodo 1:7–14). Kaya't si Moises ay kinailangan upang akayin ang mga anak ng pangako pabalik sa ilang.

Pagkaraan lamang ng ilang siglo, isang espesyal na kuwento ang nagsimula nang ang isa sa mga pamilyang Israelita na iyon, na pinamunuan ng isang propetang nagngangalang Lehi, ay inutusang lisanin ang Jerusalem dahil, minsan pa, nariyan na naman ang Babilonia! (Tingnan sa 1 Nephi 2:2.) Hindi nila alam na pupunta sila sa isang bagong kontinente at magtatatag ng isang bagong Sion (tingnan sa 1 Nephi 18:22–24). At hindi nila alam na ang gayong paglalakbay ay nangyari na sa isang grupo ng kanilang mga ninuno na tinawag na mga Jaredita (tingnan sa Eter 6:5–13).

Dapat malaman ng lahat ng nagdiriwang ng Panunumbalik ng ebanghelyo na ang kolonisasyon ng Amerika ay sinimulan ng isang grupong umalis sa kanilang lupang sinilangan upang makasamba ayon sa kanilang kagustuhan. Isang bantog na iskolar ng mga Puritan na nandayuhan sa Amerika ang naglarawan sa karanasang ito bilang "misyon ng Kristiyanismo sa ilang,"—ang pagsisikap ng makabagong mga Israelita na mapalaya ang kanilang sarili sa kawalan ng paniniwala sa Diyos ng Lumang Daigdig at minsan pang hanapin ang landas ng langit sa isang bagong lupain.[1]

***Tinatawag ng Diyos ang Israel sa mga huling araw na ito na maging higit na katulad ni Cristo, at maging mas banal kaysa ngayon sa determinasyon nating ipamuhay ang ebanghelyo at itatag ang Sion.***



Ipaaalala ko sa inyo ang tungkol sa isang huling pagtakas. Ito'y ang ating Simbahan mismo, na pinamunuan ng ating sariling mga propeta, na namuno sa ating mga ninunong relihiyoso. Sa kalupitang dinanas ni Joseph Smith sa mga estado ng New York, Pennsylvania, Ohio, at Missouri, at sa huli ay pinaslang sa Illinois, nakikita nating muli ang paghahanap ng mga anak ni Israel ng tahimik na lugar sa mga huling araw. Si Pangulong Brigham Young (1801–77), ang Moises ng Amerika, na buong paghangang itinatawag sa kanya, ang namuno sa mga Banal papunta sa mga lambak ng mga bundok habang kinakanta ng pagod na mga Banal ang:

*Makikita, lugar na nilaan,*
*Doon sa Kanluran.*
*Do'n kung saan may kapayapaan,*
*Biyaya at yaman.*[2]

Sion. Ang lupang pangako. Ang Bagong Jerusalem. Sa loob ng mahigit 4,000 taon ng kasaysayan ng pakikipagtipan, ganito ang paulit-ulit na nangyari: Tumakas at hanapin. Tumakbo at manirahan. Takasan ang Babilonia. Itayo ang mga pader ng Sion na magpoprotekta.

Hanggang dito, sa ating panahon.

### Itayo ang Sion Saanman Kayo Naroon

Isa sa maraming kakaibang katangian ng ating dispensasyon ay ang iba-ibang paraan kung paano natin itinatayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ang dispensasyong ito ay panahon ng malalaki at mabibilis na pagbabago. At ang isang bagay na nagbago ay hindi na muling tatakas ang Simbahan ng Diyos. Hindi na nito muling lilisanin ang Ur para lisanin ang Haran para lisanin ang Canaan para lisanin ang Jerusalem para lisanin ang England para lisanin ang Kirtland para lisanin ang Nauvoo para pumunta sa kung saan.

Hindi na, gaya ng sinabi ni Brigham Young sa ating lahat, "Tayo ay hinango mula sa kahirapan tungo sa kamatayan, hinango sa kamatayan tungo sa kawalan, at tayo'y naririto at mamamalagi rito."[3]

Mangyari pa, ang pahayag na iyon ay naging pahayag ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo. Sa mga huling araw na ito, sa ating dispensasyon, naging sapat na ang pag-unlad natin para tumigil na sa pagtakbo. Naging sapat na ang pag-unlad natin para maging matatag tayo at ang ating mga pamilya at ang ating pundasyon sa bawat bansa, lahi, wika, at mga tao *nang permanente.* Ang Sion ay matatagpuan sa lahat ng dako—saanman naroon ang Simbahan. At sa pagbabagong iyan, hindi na natin iniisip ang Sion bilang lugar kung *saan* tayo maninirahan kundi kung *paano* tayo maninirahan.

Para maipaliwanag ang bagong gawaing ito, tatalakayin ko ang tatlong pangyayari.

### Tatlong Pangyayari at Tatlong Aral

**1.** Ilang taon na ang nakararaan isang batang kaibigan ko—na returned missionary—ang napabilang sa isa sa mga college basketball team sa Utah. Siya ay napakagaling na binata at napakahusay maglaro, pero hindi siya gaanong nakapaglaro gaya ng kanyang inasahan. Ang angkin niyang mga talento at kahusayan ay hindi ang mismong kailangan ng kanyang team sa panahong iyon ng kanilang pag-unlad. Nangyayari ito sa paglalaro. Kaya't sa buong suporta at panghihikayat ng kanyang mga coach at kasamahan sa team, ang batang kaibigan ko ay lumipat sa ibang paaralan, kung saan umasa siyang mas makapag-aambag pa siya.

Naging maayos naman siya sa bagong paaralan, at dinagtagal nagsimula nang maglaro ang kaibigan ko. At alam ba ninyo—dahil sa iskedyul ng team, ang binatang ito ay bumalik para maglaro laban sa kanyang dating team sa Salt Lake City.

Ang matinding pagmamalupit ng mga manonood nang gabing iyon sa binatang ito—bagong kasal na nagbabayad ng kanyang ikapu, naglilingkod sa elder's quorum, nagkakawanggawa sa kabataan sa kanyang komunidad, at sabik na naghihintay sa pagsilang ng kanilang sanggol—ay hindi dapat danasin ng sinumang nilalang saanman, kailanman, anuman ang kanyang isport o unibersidad, o anuman ang kanyang personal na desisyon tungkol sa mga ito.

***Anuman ang sitwasyon o kagalit-galit na bagay o problema, walang tunay na disipulo ni Cristo ang mag-iiwan ng kanyang relihiyon sa pinto.***

Ang coach ng bumisitang team na ito, na bantog sa kanyang larangan, ay bumaling sa kanya pagkatapos ng napakagandang laro at nagsabing: "Ano'ng nangyayari? Tagarito ka at naging matagumpay ka. Mga kababayan mo sila. Mga kaibigan mo sila." At ang pinakamatindi sa lahat, sinabi niya nang buong pagtataka, "Di ba't karamihan sa mga taong ito ay mga miyembro ng iyong Simbahan?"

**2.** Inimbita akong magsalita sa isang stake single-adult devotional. Pagpasok ko sa pinto sa likod ng stake center, isang mga 30-anyos na dalaga ang halos kasabay kong



pumasok. Kahit napakarami ng mga pumapasok sa chapel, mahirap na hindi siya mapansin. May ilang tattoo siya, may iba't ibang hikaw sa tainga at ilong, naka-spike ang buhok na may iba't ibang kulay, suot ang napakaikling palda, at blusang napakalalim ng tabas sa dibdib.

May ilang tanong na pumasok sa isipan ko: Ang babae bang ito ay puno ng problema at hindi miyembro ng ating Simbahan, na inakay—o kaya naman ay isinama ng isang tao—sa debosyonal na ito ayon sa patnubay ng Panginoon upang tulungan siyang mahanap ang kapayapaan at patnubay ng ebanghelyo na kailangan niya sa kanyang buhay? O miyembro kaya siya na medyo nawalan ng pag-asa at nalihis sa mga pamantayang ipinapayo ng Simbahan na sundin ng mga miyembro nito ngunit nakikihalubilo pa rin siya at piniling dumalo sa aktibidad na ito ng Simbahan nang gabing iyon?

**3.** Habang nasa paglalaan ng Kansas City Missouri Temple, kami ni Sister Holland ay nakituloy sa tahanan ni Brother Isaac Freestone, isang police officer at high priest sa Liberty Missouri Stake. Sa pag-uusap namin ay naikuwento niya na isang gabi ay tinawag siya para imbestigahan ang isang reklamo sa mapanganib na bahagi ng lungsod. Sa gitna ng malakas na tunog ng musika at amoy ng marijuana sa paligid, natagpuan niya ang isang babae at ilang lalaki na nag-iinuman at nagmumurahan, at lahat sila ay halatang walang pakialam sa limang maliliit na bata—mga edad dalawa hanggang walong taon—na nagsisiksikan sa isang silid, pinipilit na matulog sa maruming sahig na walang higaan, walang kutson, walang unan, walang kahit ano.

Binuksan ni Brother Freestone ang mga kabinet sa kusina at refrigerator para tingnan kung may kahit isang lata o kahon ng kahit anong pagkain—pero wala siyang makita. Sinabi niya na ang asong tumatahol sa bakuran ay may mas marami pang pagkain kaysa sa mga batang iyon.

Sa silid ng ina ay nakakita siya ng kutson na walang sapin, nag-iisa ito sa buong kabahayan. Naghanap pa siya hanggang sa makakita siya ng ilang kubrekama, isinuot ito sa kutson, at doon pinahiga ang limang bata. At, habang naluluha, siya ay lumuhod, nag-alay ng panalangin sa Ama sa Langit na pangalagaan sila, at nagpaalam na.

Nang tumayo siya at naglakad papunta sa pinto, isa sa mga bata ang biglang bumangon, tumakbo sa kanya, hinawakan ang kanyang kamay, at nakiusap na, "*Puwede* n'yo po ba akong ampunin?" Lalong napaluha, ibinalik ni Brother Freestone sa higaan ang bata, nakita ang bangag na ina (nakaalis na ang kalalakihan) at sinabi dito: "Babalik ako bukas, at sana makakita ako ng ilang pagbabago sa bahay na ito pagpasok ko sa pintong ito. At marami pang magbabago pagkatapos noon. Pangako iyan."[4]

Ano ba ang magkakapareho sa tatlong pangyayaring ito? Ang mga ito ay tatlong maliliit, magkakaiba, na tunay na halimbawa ng Babilonia—ang isa ay kahangalan ng napakasamang pag-uugali sa isang laro ng basketbol, ang isa ay



mas ukol sa kultura at nagsasaad ng hamon na kinakaharap ng mga taong kaiba sa atin ang pamumuhay, at ang isa naman ay napakalaki at napakabigat na problema.

***Aral 1: Huwag Kailanman Iwan sa Pintuan ang Inyong Relihiyon***

Una, tapusin muna natin ang nangyari sa basketbol. Kinabukasan pagkatapos ng laro, nang may reaksyon na ang publiko at nanawagan ng paghingi ng paumanhin sa nangyari, ganito ang sabi ng isang binata: "Makinig kayo. Ang pinag-uusapan dito'y basketbol, hindi Sunday School. Kung ayaw ninyong makantiyawan ng mga manonood, huwag kayong maglaro. Mahal ang ibinayad namin para mapanood ang mga larong ito. Puwede naming gawin ang gusto namin. Iniiwan namin sa pintuan ang aming relihiyon."

"Iniiwan namin sa pintuan ang aming relihiyon?" Unang aral sa pagtatatag ng Sion sa ika-21 siglo: Kailanman ay *huwag* ninyong iwan sa pinto ang inyong relihiyon.

Ang ganyang uri ng pagkadisipulo ay hindi maaari—hindi ito pagiging disipulo kailanman. Gaya ng itinuro ni propetang Alma, tayo ay "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon," (Mosias 18:9)—*hindi* kung minsan lamang, sa ilang lugar, o kapag nananalo ang ating team.

Anuman ang sitwasyon o kagalit-galit na bagay o problema, walang tunay na disipulo ni Cristo ang mag-iiwan ng kanyang relihiyon sa pinto.

***Aral 2: Magpakita ng Awa, Ngunit Maging Tapat sa mga Kautusan***

Dahil diyan naisip ko ang dalaga sa debosyonal. Ano man ang maging reaksyon ng sinuman sa kanya, ang tuntunin magpakailanman ay kailangang makita ang ating paniniwala sa relihiyon at katapatan sa ebanghelyo sa ating kilos. Ibig sabihin, anuman ang ating reaksyon sa alinmang sitwasyon dapat makabuti ito, hindi lalong magpasama. Hindi tayo maaaring kumilos sa paraan na mas malaki pa ang nagawa nating kasalanan, sa sitwasyong ito, kaysa sa kanya.

Hindi ibig sabihin nito na wala tayong mga opinyon, wala tayong mga pamantayan, o sa anumang kaparaanan ay lubos na binabalewala natin ang mga iniutos na "dapat gawin" at "hindi dapat gawin." Kundi ang ibig sabihin nito ay dapat nating ipamuhay ang mga pamantayang iyon at ipagtanggol ang mga kautusang iyon sa mabuting paraan sa abot ng makakaya natin, sa paraang ipinamuhay at ipinagtanggol ito ng Tagapagligtas. At ginawa Niya sa tuwina ang dapat gawin para mapabuti ang sitwasyon—mula sa pagtuturo ng katotohanan hanggang sa pagpapatawad sa mga makasalanan hanggang sa paglilinis ng templo.

Kaya hinggil sa babaing kakaiba, simulan natin sa pag-alaala na siya ay anak ng Diyos at walang-hanggan ang kanyang kahalagahan. Simulan natin sa pag-alaala na siya ay anak ng isang tao. Simulan natin sa pasasalamat na dumalo siya sa aktibidad ng Simbahan, at hindi umiiwas kanino man. Sa madaling salita, sinisikap nating gawin ang pinakamainam sa ganitong sitwasyon sa hangaring tulungan siyang gawin ang pinakamainam.

Patuloy nating tahimik na ipanalangin: Ano ba ang tamang gawin dito? Ano ang tamang sabihin? At sa *huli* ano ba ang magpapabuti sa sitwasyong ito at sa kanya? Ang ganitong mga pagtatanong at talagang pagsisikap na gawin ang gagawin ng Tagapagligtas ang sa palagay ko ay ibig Niyang sabihin sa, "Huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo nang matuwid na paghatol" (Juan 7:24).

Hindi kailanman babaguhin ng Simbahang ito ang doktrina nito para lamang umangkop sa lipunan o maging katanggap-tanggap ito. Tanging ang seguridad ng inihayag na katotohanan ang naglalagay sa atin sa katayuan na kung saan maiaangat natin ang isang taong nababagabag o pinabayaan. Ang ating pagkahabag at pagmamahal—na mahahalagang katangian ng ating pagiging Kristiyano—ay *hindi* kailanman dapat ituring na pagkompromiso sa mga kautusan.

Kapag nahaharap tayo sa gayong mga situwasyon, maaaring napakahirap nito at nakalilito. Maaaring magtanong ang mga kabataan, "Hindi nga tayo naniniwala na ganoon dapat ang maging pamumuhay o ikilos natin, pero bakit kailangan nating sabihin sa ibang tao na gayon din ang gawin? Hindi ba't may kalayaan silang pumili? Hindi ba tayo nagiging mapagmagaling at mapanghusga, na ipinipilit ang pinaniniwalaan natin sa iba, na hinihiling na kumilos *sila* sa gayong paraan?"

Sa gayong mga sitwasyon kailangan ninyong ipaliwanag nang buong ingat kung bakit ang ilang prinsipyo ay ipinagtatanggol at ang *ilang* kasalanan ay tinututulan *saanman matagpuan ang mga ito* dahil ang mga isyu at batas ukol dito ay *hindi* lamang hanggang lipunan o pulitika ang epekto kundi walang-hanggan. At bagama't hindi natin nais saktan ang kalooban ng mga taong iba ang paniniwala sa atin, mas ayaw nating saktan ang kalooban ng Diyos.

Para bang sinasabi ng isang kabataan na, "Ngayong puwede na akong magmaneho, alam kong dapat akong tumigil sa pulang ilaw, pero dapat ba tayong manghusga at patigilin ang lahat sa mga pulang ilaw? Kailangan bang gawin ng *lahat* ang mga ginagawa natin? Di ba't malayang pumili ang ibang tao? Kailangan bang tulad ng sa atin ang kilos nila?" Sa gayon ay dapat ninyong ipaliwanag kung bakit, oo, umaasa tayo na *lahat* ay titigil sa pulang ilaw. At dapat ninyong gawin ito nang *hindi* minamaliit ang mga taong nagkakasala o kaiba ang paniniwala sa atin dahil, oo, mayroon nga silang kalayaang moral.

Maraming iba't ibang paniniwala sa mundong ito, at may kalayaang moral para sa lahat, ngunit hindi malaya ang sinuman na kumilos na para bang pipi ang Diyos sa mga bagay na ito o na parang mahalaga lang ang mga kautusan kung nagkakasundo ang publiko ukol sa mga ito. Sa ika-21 siglo hindi na tayo makatatakas pa. Kailangan nating ipaglaban ang mga batas at kalagayan at kapaligiran na nagtutulot ng kalayaan sa relihiyon at ang karapatan natin dito. Isang paraan iyan na maaari tayong mamuhay sa Babilonia ngunit hindi maka-Babilonia.

***Kailangang makita ang ating paniniwala sa relihiyon at katapatan sa ebanghelyo sa ating kilos. Ibig sabihin, anuman ang reaksyon natin sa anumang sitwasyon dapat ay makabuti ito, hindi lalong magpasama.***

Wala akong alam na mas mahalagang kakayahan at integridad na dapat ipakita sa isang mundo na hindi natin matakasan maliban sa maingat na pagtahak sa landas na iyon—paninindigan sa moralidad na naaayon sa ipinahayag ng Diyos at sa mga batas na ibinigay Niya ngunit gawin ito nang may pagkahabag, pang-unawa at malaking pagmamahal sa kapwa.

### *Aral 3: Gamitin ang mga Pinahahalagahan ng Ebanghelyo para sa Kapakanan ng mga Komunidad at Bansa*

Ilan lang sa atin ang maaaring maging pulis o mga social service agent o hukom na uupo sa korte, ngunit tayong lahat ay dapat magmalasakit para sa kapakanan ng iba at sa kaligtasan ng moralidad ng ating komunidad. Hinggil sa pangangailangan na impluwensyahan natin ang lipunan bukod sa ating sariling tahanan, sinabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Bukod sa pagprotekta sa ating mga pamilya, dapat tayong pagmulan ng liwanag sa pagprotekta sa ating




mga komunidad. Sinabi ng Tagapagligtas, 'Hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.' . . .

"Sa tumitinding kasamaan sa ating mundo, mahalagang gawing bahagi ng pampublikong diskurso ang mga pinahahalagahang batay sa paniniwala sa relihiyon. . . .

"Ang pananampalataya sa [Diyos] ay pinagmumulan ng liwanag, kaalaman, at karunungan at kapaki-pakinabang sa lipunan sa malaking paraan."[5]

Kung hindi natin dadalhin ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa ating mga komunidad at ating bansa, hindi tayo kailanman magkakaroon ng sapat na bilang ng kapulisan—hindi magkakaroon ng mga Isaac Freestone—na magpapatupad ng mabuting pag-uugali kahit maaaring ipatupad ito. At hindi ito nangyayari. Ang mga bata sa tahanang iyon na walang pagkain o kasuotan ay mga anak ng Diyos. Ang inang iyon, na mas malaki ang pananagutan dahil mas matanda siya at dapat ay mas responsable siya, ay anak din ng Diyos. Sa gayong mga situwasyon maaaring kailangan ang mapagkastigong pagmamahal sa pormal, at legal na paraan, ngunit kailangan nating sikaping tumulong hangga't maaari dahil hindi natin iniiwan sa pinto ang ating relihiyon, kahit na iresponsable ang ilang tahanan.

Hindi, hindi natin magagawa ang lahat, ngunit may magagawa tayo kahit paano. At bilang sagot sa panawagan ng Diyos, ang mga anak ni Israel ang gagawa nito—hindi para takasan ang Babilonia ngayon kundi para salakayin ito. Nang hindi nagiging inosenteng gaya ng isang bata, maipamumuhay natin ang ating relihiyon sa maraming paraan at nang buong katapatan at magkakaroon tayo ng mga pagkakataon na tulungan ang mga pamilya, pagpalain ang ating kapwa, at pangalagaan ang iba, pati na ang susunod na henerasyon.



LARAWAN NG LUNGSOD NA KUHA NG TLA144/ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK; LARAWAN NG KANDILA NA KUHA NG ENSKANTO/ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

***Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tinatawagan na maging lebadura sa tinapay, asin na hindi tumatabang, ilaw sa ibabaw ng bundok na hindi inilalagay sa ilalim ng takalan.***

**Ipakita ang Inyong Pagmamahal kay Jesucristo**

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tinatawagan na maging lebadura sa tinapay, asin na hindi tumatabang, ilaw sa ibabaw ng bundok na hindi inilalagay sa ilalim ng takalan. Kaya't simulan na ang pagtuturo!

Kung tama ang ginagawa at sinasabi natin at bukaspalad na tumutulong sa ating mga salita at gawa, at kapag minadali ng Tagapagligtas ang Kanyang gawa sa kabutihan, sabihin nating wala nang panahon sa huling dispensasyong ito, at narito na ang Kanyang kaluwalhatian, matatagpuan Niya tayo na ginagawa ang lahat sa abot ng ating makakaya, sinisikap na ipamuhay ang ebanghelyo, pinagbubuti ang ating buhay at ating Simbahan at ating lipunan sa pinakamainam na paraan.

Kapag dumating Siya, *gustung-gusto* ko na abutan Niya akong ipinamumuhay ang ebanghelyo. Gusto kong masorpresa mismo sa aktong ipinalalaganap ko ang pananampalataya at gumagawa nang mabuti. Gusto kong sabihin sa akin ng Tagapagligtas: "Jeffrey, nakikilala kita hindi dahil sa katungkulan mo kundi sa iyong pamumuhay, sa paraan ng iyong pamumuhay, at sa mga pamantayang sinisikap mong ipagtanggol. Nakikita ko ang katapatan ng iyong puso. Alam kong sinikap mong pagbutihin ang mga bagay sa pagiging mabuti mo mismo at sa pagpapahayag ng aking salita at pagtatanggol ng aking ebanghelyo sa ibang tao sa pinakamahabaging paraan."

Tiyak na sasabihin pa Niya: "Alam kong hindi ka palaging nagtatagumpay dahil sa sarili mong mga kasalanan o sa kalagayan ng iba, pero naniniwala akong nagsikap kang mabuti. Naniniwala ako na sa puso mo ay talagang mahal mo ako."

Gusto kong katulad niyan ang marinig ko balangaraw dahil wala na akong iba pang hangad sa mortal na buhay na ito. At gusto ko iyan para sa inyo. At gusto ko iyan para sa ating lahat. "Israel, Israel, Diyos ay tumatawag"[6]—tinatawagan tayong ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo sa maliliit at malalaking paraan, tulungan ang mga taong maaaring hindi natin katulad sa anyo o pananamit o pag-uugali, at (kung kaya natin) maglingkod tayo sa iba pang paraan sa komunidad sa abot-kaya natin.

Mahal ko ang Panginoong Jesucristo, na sinisikap kong paglingkuran. At mahal ko ang ating Ama sa Langit, na lubos na nagmalasakit para ibigay Siya sa atin. Hinggil sa kaloob na iyan, alam ko na tinatawag ng Diyos ang Israel sa mga huling araw na ito na maging higit na katulad ni Cristo, at maging mas banal kaysa ngayon sa determinasyon nating ipamuhay ang ebanghelyo at itatag ang Sion. Alam ko rin na bibigyan Niya tayo ng lakas at kabanalan na maging tunay na mga disipulo kung isasamo natin ito. ■

*Mula sa mensaheng "Israel, Diyos ay Tumatawag," sa CES devotional na ibinigay sa Dixie State University sa St. George, Utah, noong Setyembre 9, 2012. Para sa buong mensahe, pumunta sa lds.org/broadcasts.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Perry Miller, *Errand into the Wilderness* (1956), 2–3.
2. "Mga Banal, Halina," *Mga Himno,* blg. 23.
3. Brigham Young, sa James S. Brown, *Life of a Pioneer: Being the Autobiography of James S. Brown* (1900), 121.
4. Isaac Freestone, karanasan na ibinahagi sa awtor, Mayo 5, 2012.
5. Quentin L. Cook, "Magkaroon ng Liwanag!" *Liahona,* Nob. 2010, 28, 29.
6. "Israel, Diyos ay Tumatawag," *Mga Himno,* blg. 6.

# ANG SULAT NA INIWAN KO SA PUNTOD

Noong tag-init ng 2003, ako ay nasa Michigan, USA, nagsasaliksik tungkol sa aking ninunong tiyo na si Robert Hall. Sa pagtatapos ng aking biyahe, muli akong dumalaw sa sementeryong napuntahan ko 20 taon na ang nakararaan.

Nang dumalaw ako noon sa sementeryo, napansin ko ang mga bulaklak sa isa sa mga puntod na ang apelyido ay Hall. Sa pagkakataong ito gumawa ako ng maikling sulat, nilagyan ito ng petsa, at ni-laminate para maproteksyunan mula sa klima. Pagkatapos ay mapanalanging iniwan ang sulat sa puntod, umaasang makikita ito ng taong makakatulong sa akin na malaman pa ang tungkol kay Robert Hall. Umuwi na ako sa California umaasa pero hindi gaanong kumbinsido na magkakaroon ng resulta ang sulat na iyon.

Makalipas ang isang linggo nakatanggap ako ng sulat mula sa isang malayong pinsan na nagngangalang Deke Bentley.

"Kahapon kakatwa ang naranasan ko," ang isinulat niya. "Bandang alas-3 n.h. lumabas ako para bumili ng mga strawberry nang magpasiya akong dumaan sa Plains Road Cemetery para dalawin ang mga puntod ng aking mga ninuno. Ilang taon na akong hindi pumupunta roon. Nasa tabi ng mga puntod ang iyong postcard."

Nagpunta si Deke sa sementeryo nang araw ring iyon na nag-iwan ako ng sulat. Agad ko siyang tinawagan. Sa pag-uusap namin nalaman ko na nakatira siya sa Hillsdale, mahigit 50 milya (80 km) mula sa sementeryo.

Pagkaraan ng ilang buwan sabik akong bumalik sa Michigan para bisitahin si Deke. Sinabi niya sa akin na may mga kamag-anak siya na nakalibing sa sementeryo sa kabilang kalsada sa tapat ng kanyang bahay, at tinanong kung gusto kong pumunta roon. Sinabi niya sa akin na may apat na puntod ng mga Hall sa sementeryong iyon, at wala siyang alam tungkol sa dalawa rito.

Sa sementeryo, ipinakita sa akin ni Deke ang mga puntod. Ang dalawang hindi niya kilala ay kina Martin at Anna Hall. Hindi ko dala ang mga rekord ko, pero natatandaan ko na may nasaliksik ako na Martin Hall.

Nagpunta kami sa county courthouse isang oras bago ito magsara, umaasang matutukoy sa death record ang mga magulang ni Martin. At natukoy nga! Ang ama ni Martin ay si Robert Hall! Tiniyak sa akin ng Espiritu Santo na ang matagal ko nang paghahanap ay natapos na.

Si Deke, na hindi miyembro ng Simbahan, ay nagsabing ang paghahanap kay Robert Hall ay tila "halos espirituwal." Ngumiti ako, nalalamang inakay ako ng Espiritu.

"Maaaring manghinayang ka na hindi ka nag-iwan ng sulat 20 na ang nakararaaan," sabi ni Deke, "pero sa totoo lang tatlong taon pa lang akong naninirahan sa Hillsdale!"

Ang karanasang ito ay aral sa akin na ang family history ay talagang bahagi ng gawain ng Diyos at aakayin Niya tayo sa ating mabubuting gawa. ■

Marianne Chaplin Stovall, California, USA




Mapanalanging iniwan ko ang sulat sa puntod, umaasang makikita ito ng taong makakatulong sa akin.

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# PAGAGALINGIN BA NG PANGINOON ANG AMING ANAK?

Noong apat na taong gulang ang aming anak, madalas niyang ipakanta sa akin ang "Guro, Bagyo'y Nagngangalit" (*Mga Himno,* blg. 60). Nagniningning ang kanyang maliliit na mata kapag koro na kung saan naguutos ang Panginoon na pumayapa ang hangin at alon. Tatanungin niya ako tungkol sa kapangyarihan ni Jesus. Sasagot ako na magagawa ni Jesus ang lahat sa kabutihan dahil taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan. Ang Tagapagligtas ang idolo ng aming anak.

Ngunit noong 13 taong gulang ang aming anak, nagkaroon siya ng matinding depresyon. Ayaw na niyang magsalita o kumain. Nawalan siya ng interes sa mga dati niyang ginagawa, at lalong ayaw niyang sumali sa mga pagdarasal ng pamilya o family home evening. Parang nawalan na siya ng interes sa simbahan o sa ebanghelyo.

Nanalangin at nag-ayuno nang madalas ang aming pamilya para sa kanya, gaya rin ng mga miyembro mula sa aming ward at stake at marami sa aming mga kaibigan at kaanak. Ang aming pagsisikap ay parang tulad ng naranasan ni Nakatatandang Alma sa pagdarasal para sa kanyang anak (tingnan sa Mosias 27:14, 22–23).

Ayaw naming ipilit ang ebanghelyo sa aming anak, kaya sinabi namin sa kanya na hindi niya kailangang makibahagi sa pagdarasal ng aming pamilya o sa family home evening pero gusto naming naroon siya na kasama namin. Nang sundin namin ang mga salita ng Tagapagligtas na "manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama . . . nang ang inyong . . . mga anak ay pagpalain" (3 Nephi 18:21), ang mga panalangin ng aming pamilya at mga family home evening ay lalong naging mas mabisa. Nadama namin ang Espiritu sa aming tahanan. At bagama't walang imik ang aming anak, naroon siya.


Unti-unti nang sumunod na dalawang taon, nakita namin na nagkaroon ng impluwensya ang aming mga panalangin at family home evening. Sa isang family home evening, nagpatotoo siya tungkol sa Tagapagligtas at itinanong niya kung maaari siyang maghanda ng isang family home evening. Nagsimula siyang makibahagi sa mga panalangin ng pamilya at masayang nagsisimba. Nakaranas siya ng malaking pagbabago ng puso nang madama niya ang mapagtubos na pagibig ng Tagapagligtas (tingnan sa Alma 5:26). Ang Panginoon, taglay ang Kanyang kapangyarihang magpagaling, ay tunay na iniligtas ang aming anak.

Muli siyang naging masaya at masigla, at handang tumulong sa iba at magpakita ng pagmamahal. Sinabi niya sa akin na alam niya na pinagaling siya ng Tagapagligtas. Ang mga pagsubok sa aming anak ay nakatulong sa kanya na magkaroon ng malakas na patotoo at ibayong pagmamahal at pagtitiwala sa Tagapagligtas. Siya ay naglingkod sa Panginoon bilang missionary sa Argentina Buenos Aires South Mission. Pagkatapos niyang makabalik mula sa mission nagpakasal siya sa templo, at silang mag-asawa ay nagkaroon ng magandang anak na babae.

Alam ko na ang Tagapagligtas ay may kapangyarihang magpagaling, gumawa ng mga himala, at pasayahin tayo sa buhay na ito at sa buhay na darating. ■

Ana Cremaschi Zañartu, Santiago, Chile

Noong 13 taong gulang ang aming anak, nagkaroon siya ng matinding depresyon at ayaw nang sumali sa pagdarasal ng pamilya o sa family home evening.



# MORMON KA BA?

Malayo ako sa pamilya nang dumalo ako sa isang international conference para sa trabaho ko. Daan-daang tao ang dumalo rito, ngunit mag-isa lang ako mula sa aming estado at rehiyon.

Isang gabi, isang hapunan ang inihanda para sa lahat ng dumalo. Nang pumasok kami sa dining hall, bawat isa sa amin ay tumanggap ng apat na tiket na gagamitin sa bar para makaorder ng libreng alak. Naisip ko kung gaano kadali sa isang tao na malayo sa tahanan ang matukso sa gayong pagkakataon, iniisip na walang ibang makakaalam. Sumagi lang iyon sa isip ko, at ibinalik ang mga tiket sa tao na nasa pinto.

Sa hapunan naupo ako kasama ang pitong taong hindi ko kilala. Uminom ako ng tubig habang kumakain kami, nagtatawanan, at nagpapalitan ng impormasyon na makakatulong sa aming trabaho.

Kinabukasan sa almusal binati ko ang isang ginoo na kasama ko sa mesa. Natuwa ako nang mapansin ko sa kanyang name tag na mula siya sa bayang kinalakhan ko—isang bayan na hindi ko na natirhan sa loob ng 35 taon. Pagkatapos ng high school nilisan ko ang bayang iyon para mag-aral sa kolehiyo, nag-asawa, at lumipat ng tirahan.

Habang pinag-uusapan namin ang mga lugar at mga kaganapan na pareho naming alam, tinanong niya ako kung may pamilya pa ako roon. Sumagot ako na wala na akong pamilya roon pero marami akong mabubuting kaibigan doon at may komunikasyon pa kami. Tinanong niya kung sino sila, at sinabi ko ang pangalan ng ilan sa kanila.

Matapos kong banggitin ang ilang pangalan pinatigil niya ako at sinabing, "Teka, Mormon ka ba? Lahat ng taong binanggit mo ay mga Mormon."

Nang aminin ko na ako ay isang Banal sa mga Huling Araw, sinabi niya sa akin kung gaano kababait na mamamayan ang mga kaibigan kong iyon at kung paano sila naglingkod sa komunidad at naging mabubuting halimbawa sa lahat. Ilang minuto niyang ibinahagi ang kanyang paghanga sa Simbahan at sa aking mga kaibigan, at ikinuwento sa akin kung gaano nila tinutulungan ang komunidad para mapabuti ito.

Nang maghiwalay kami, hindi ko maiwasang isipin kung ano kaya ang nangyari kung ginamit ko ang mga tiket na iyon sa alak. Naturuan akong piliin ang tama ng mismong mga taong iyon na pinag-usapan namin. Maaasiwa at mahihiya siguro akong aminin na miyembro ako ng Simbahan kung ginamit ko ang mga tiket na iyon.

Lubos akong nagpapasalamat sa halimbawa ng marapat, aktibo, at matulunging mga kaibigang iyon—35 taon na ang nakararaan at 2,000 milya (3,220 km) ang layo mula sa bayang kinalakhan ko. ■

Carol A. Bowes, North Carolina, USA



Nang pumasok kami sa dining hall, bawat isa sa amin ay tumanggap ng apat na tiket na gagamitin sa bar para makaorder ng libreng alak.

# SINAGOT NG PROPETA ANG AKING PANALANGIN

Sa pagtatapos ng aking ikalawang taon nag-apply ako sa graphic design program ng aming unibersidad. Hindi ako natanggap, pero puwede akong mag-apply na muli sa susunod na taon. Hindi ako masaya na isang taon pa ang hihintayin ko bago makatapos sa pag-aaral.

Ang pinakamalapit sa pinili kong major ay photography. Kaya't ipinagdasal ko na magpapalit ako ng major at maganda ang pakiramdam ko rito. Gusto ko lang magkaroon ng degree!

Sa simula ng semester sa taglagas, may mga klase ako tungkol sa film at kasaysayan ng photography. Tuwang-tuwa ako rito. Ngunit nang tingnan ko ang syllabus ng aming film class, napansin ko na kailangang manood ang mga estudyante ng maraming pelikulang R-rated. Sa aming photography class sinabi ng guro na ang mga larawang pag-aaralan namin ay puno ng kalupitan, nakagagambala, at seksuwal. Sabi niya iyan halos ang photography sa mga panahong ito.

Nanlumo ang puso ko habang iniisip ko kung ano ang gagawin ko. Alam ko na laban sa ganitong mga bagay ang itinuturo ng ebanghelyo, ngunit kailangan ang mga ito sa klase. Naisip ko ang talata tungkol sa pagiging nasa sanlibutan ngunit hindi taga sanlibutan (tingnan sa Juan 15:19). Maaari ba akong nasa mga klaseng ito pero hindi nila kaisa?

Nagdasal ako na malaman ang gagawin at magkaroon ng pananampalataya na gawin ang tama. Humingi rin ako ng payo sa aking asawa, mga magulang, at kapatid. Nang makausap ko ang aking kapatid, ipinaalala niya sa akin ang sumusunod na talata: "Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" (Mateo 16:26).

Alam ko na mahalaga ang edukasyon, pero mali ba ang napili kong pag-aralan? Paano ako pansamatalang titigil sa pag-aaral samantalang malapit ko nang matapos ito?

Isang gabi habang gising at nagbabantay ng aming sanggol na may sakit, naisip kong hanapin si Pangulong Thomas S. Monson sa Internet. Mayamaya lang ay pinanonood ko na ang isang mensahe ni Pangulong Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011. Nakinig akong mabuti habang nagsasalita siya tungkol sa paghina ng mga pamantayan ng lipunan tungkol sa moralidad, sinasabing ang mga ugali na hindi angkop at mahalay noon ay nagiging katanggap-tanggap na ngayon sa marami.

Pagkatapos ay sinabi niya ang mismong kailangan kong marinig: "Kailangan tayong maging maingat sa isang mundong nagpakalayo na sa bagay na espirituwal. Mahalagang ayawan natin ang anumang hindi umaayon sa ating mga pamantayan, tumanggi tayong isuko ang ating pinakamimithi: ang buhay na walang-hanggan sa kaharian ng Diyos."[1]

Tumimo ang mga salitang ito sa akin. Habang dumadaloy ang luha sa aking pisngi, alam ko na sinagot ng buhay na propeta ang aking panalangin.


Bagama't ipinagpaliban ko ang mga plano kong magtapos sa pag-aaral, alam ko na pagpapalain ako ng Panginoon at ang aking pamilya kapag sinunod namin ang propeta, tinanggihan namin ang mga pananaw ng mundo, sinunod namin ang mga kautusan, at sinuportahan namin ang mga pamantayan ng ebanghelyo. ■

Derrick Fields, Missouri, USA

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Tumayo sa mga Banal na Lugar," *Liahona,* Nob. 2011, 83.

Isang gabi habang gising at nagbabantay sa aming sanggol na may sakit, naisip kong hanapin si Pangulong Thomas S. Monson sa Internet.





**Ni Bishop Gérald Caussé**
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

# Tahakin ang Landas ng KALIGAYAHAN

Ang kabataan ang magandang panahon para magplano para sa sarili. Bilang young adult dapat may pangarap kayo para sa inyong kinabukasan. Marahil ito ay pag-asam na magtagumpay sa larangan ng sport, makalikha ng mahusay na sining, o magkaroon ng diploma o katungkulan sa trabaho. Marahil nakalarawan sa inyong isipan ang magiging asawa ninyo.

Ilan ba sa mga pangarap ninyo ang matutupad? Ang buhay ay puno ng kawalang-katiyakan. May mahahalagang sandali na maaaring magpabago sa isang iglap sa tinatahak ninyo sa buhay. Ang gayong sandali ay maaaring kapalooban ng isang pagsulyap, pakikipag-usap, o pangyayaring hindi nakaplano. May mga bagong oportunidad, tulad ng huling deklarasyon ni Pangulong Thomas S. Monson hinggil sa edad ng pagmimisyon.[1] Kung minsan, ang mga pagbabago sa ating buhay ay dumarating sa mga di-inaasahang hamon o kabiguan.

Ayaw ng karamihan sa mga tao ang bagay na ito. Ang kawalang-katiyakan ng buhay ay nagdudulot ng kawalan ng pagtitiwala, at pangamba sa hinaharap. Ang ilan ay nag-aalangang magpasiya dahil sa takot na mabigo, kahit nariyan na ang magagandang pagkakataon. Halimbawa, maaaring ipagpaliban nila ang pag-aasawa, pag-aaral, pagpapamilya, o pagkakaroon ng matatag na trabaho, pinipiling mamalagi o manatili na lamang sa komportableng tahanan ng kanilang mga magulang.

Ang isa pang pilosopiya na naglilimita sa atin ay inilarawan ng sawikaing ito: "Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya, sapagkat mamamatay tayo bukas" (2 Nephi 28:7). Ang pilosopiyang ito ay pabor sa pagpapasasa sa panandaliang saya anuman ang ibunga nito sa hinaharap.

## Ang Landas ng Kaligayahan

May iba pang landas bukod sa takot o pag-aalinlangan o pagpapakasaya—ang landas na nagdudulot ng kapayapaan, pagtitiwala, at kapanatagan sa buhay. Hindi ninyo makokontrol ang lahat ng nangyayari sa inyong buhay, ngunit kayo ang may kontrol sa inyong kaligayahan. Kayo ang arkitekto nito.

Ang kaligayahan ninyo ay mas resulta ng inyong espirituwal na pananaw at mga alituntunin na pinagbatayan ng inyong buhay kaysa ibang bagay. Ang mga alituntuning ito ay magdudulot sa inyo ng kaligayahan anuman ang di-inaasahang mga hamon at pangyayari. Rerepasuhin ko ang ilan sa mahahalagang alituntuning ito.

**Ang inyong kaligayahan ay higit na nakabatay sa mga alituntuning inyong piniling sundin kaysa sa mga kalagayan ninyo sa buhay.**

### 1. Unawain ang Kahalagahan ng Inyong Sarili

Kamakailan lang kami ng pamilya ko ay nagbakasyon nang ilang araw sa katimugang Pransya. Isang gabi, nang lumubog na ang araw at dumilim na ang paligid, nagpasiya akong mahiga sa sopa sa labas ng bahay. Sinimulan kong masdan ang kalangitan. Sa una ay napakadilim nito. Bigla na lang, isang liwanag ang lumitaw sa langit,

MGA PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS




parang kislap, pagkatapos naging dalawa, at tatlo. Di-nagtagal, nang masanay na ang mga mata ko sa dilim, napahanga ako sa napakaraming bituin. Ang inakala kong madilim na kalangitan ay naging Milky Way.

Habang pinagninilayan ko ang kalawakan ng sansinukob at ang hamak kong katayuan, itinanong ko sa aking sarili, "Ano ba ako kumpara sa gayong karingal at kahanga-hangang paglikha?" Naisip ko ang isang talata:

"Pagka binubulay ko ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, ang buwan at ang mga bituin na iyong inayos;

"Ano ang tao upang iyong alalahanin siya? at ang anak ng tao, upang iyong dalawin siya?" (Mga Awit 8:3–4).

Kasunod ang nakapapanatag na katagang ito:

"Sapagka't iyong ginawa siyang kaunting mababa lamang kay sa [mga anghel], at pinaputungan mo siya ng kaluwalhatian at karangalan" (Mga Awit 8:5).

Ito ang kabalintunaan at himala ng Paglikha. Ang sansinukob ay napakalawak at walang hangganan, gayunman, ang bawat isa sa atin ay may natatanging kahalagahan, maluwalhati at walang hanggan sa paningin ng ating Tagapaglikha. Ang presensya ko

ay napakaliit, ngunit ang personal na kahalagahan ko ay hindi masusukat sa aking Ama sa Langit.

Ang kaalaman na kilala at mahal tayo ng Diyos ay tulad sa liwanag na nagniningning sa ating buhay at nagbibigay-kahulugan dito. Sino man ako, may mga kaibigan man ako o wala, popular man ako o hindi, at kahit tila inaayawan o inuusig ako ng iba, lubos akong nakatitiyak na mahal ako ng aking Ama sa Langit. Nalalaman Niya ang mga kailangan ko; nauunawaan Niya ang mga alalahanin ko; at natutuwa Siyang pagpalain ako.

Isipin ang magiging kahulugan nito sa inyo kung makikita ninyo ang inyong sarili tulad ng pagkakita sa inyo ng Diyos. Ano kaya kung tingnan ninyo ang inyong sarili nang may kabaitan, pagmamahal, at pagtitiwala tulad ng pagtingin ng Diyos? Isipin ang epekto nito sa inyong buhay kapag naunawaan ninyo ang inyong walang hanggang potensyal gaya ng pagkaunawa ng Diyos dito.

Pinatototohanan ko na nariyan Siya. Hanapin Siya! Magsaliksik at mag-aral. Manalangin at magtanong. Ipinapangako ko na ipapakita sa inyo ng Diyos ang mga palatandaan na Siya ay buhay at mahal Niya kayo.


**2. Kamtin ang Dapat Ninyong Kahinatnan[2]**

Ang pagkamit ng dapat ninyong kahinatnan ay tila isang kabalintunaan. Paano ako magiging ako gayong ako na nga ito? Ilalarawan ko ang alituntuning ito sa isang kuwento.

Ang pelikulang *The Age of Reason* ay tungkol kay Marguerite, isang mayamang banker na abalang-abala sa buhay, palaging naglalakbay at dumadalo sa mga kumperensya. Bagama't may mabait siyang manliligaw, sinabi niya na wala siyang panahon sa pag-aasawa o pagkakaroon ng mga anak.

Noong siya ay 40 anyos na, nakatanggap siya ng isang mahiwagang liham na nagsasabing, "Mahal kong ako, ngayon ako ay pitong taong gulang na at isinusulat ko ang liham na ito sa iyo para maalala mo ang pangakong ginawa ko noong pitong taong gulang ako, at upang ipaalala sa iyo kung ano ang gusto kong kahinatnan." Ang sumulat ng liham ay walang iba kundi si Marguerite noong siya ay pitong taong gulang. Ang kasunod nito ay ilan pang liham kung saan detalyadong inilarawan ng batang babae ang mga mithiin niya sa buhay.

Natanto ni Marguerite na ang kinahinatnan niya ay hindi ang gusto niya noong bata pa siya. Nang magpasiya siyang maging tulad ng taong inilarawan niya na magiging siya noong bata pa siya, ang kanyang buhay ay lubos na nagbago. Nakipagkasundo siya sa kanyang pamilya at nagpasiyang iukol ang nalalabi niyang buhay sa paglilingkod sa mga nangangailangan.[3]



**Isang liham mula sa sarili ninyo mula sa premortal na buhay ang maaaring magsabing, "Mahal kong ako, sana ay maalala mo na ang pinakahangarin ko ay maging disipulo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo."**

Kung posibleng makatanggap kayo ng liham mula sa premortal na buhay, ano kaya ang nakasaad dito? Ano ang magiging epekto sa inyo ng gayong liham mula sa isang daigdig na di natin maalala ngunit totoo kung matatanggap ninyo ito ngayon?

Maaaring ganito ang nakasaad sa liham: "Mahal kong ako, sumusulat ako sa iyo nang sa gayon ay maalala mo kung ano ang gusto kong kahinatnan. Sana ay maalala mo na ang pinakahangarin ko ay maging disipulo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Sinusuportahan ko ang Kanyang plano, at kapag nasa mundo na ako gusto ko Siyang tulungan sa Kanyang gawain ng kaligtasan. Sana ay alalahanin mo rin na gusto kong maging bahagi ng isang pamilya na magsasamasama sa kawalang-hanggan."

Isa sa malalaking hamon sa buhay ay ang alamin kung sino talaga tayo at saan tayo nanggaling at palaging

mamuhay nang naaayon sa ating tunay na identidad bilang mga anak ng Diyos at nang may layunin kung bakit tayo narito sa mundo.

**3. Magtiwala sa mga Pangako ng Diyos**

Ang itinuro ni propetang Malakias ay napakahalaga sa Panunumbalik ng ebanghelyo: "At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:39). Salamat sa Panunumbalik, kayo ang mga anak ng pangako. Tatanggapin ninyo bilang pamana ang mga pangakong ginawa sa inyong mga ama.

Muling basahin ang inyong patriarchal blessing. Sa patriarchal blessing na ito pinagtibay ng Panginoon na kayo ay bahagi ng isa sa labindalawang lipi ng Israel, at dahil diyan, sa inyong katapatan, kayo ay nagiging tagapagmana sa napakalaking pagpapala na ipinangako kina Abraham, Isaac, at Jacob. Ipinangako ng Diyos kay Abraham: "Sapagkat kasindami ng tatanggap ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga binhi, at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang ama" (Abraham 2:10).

Tiyak ang mga pangakong ito, at kung gagawin natin ang ating bahagi, gagawin din ng Diyos ang Kanyang bahagi. Sa kabilang banda, ang mga pangakong ito ay hindi katiyakan na lahat ng nangyayari sa ating buhay ay ayon sa inaasahan at ninanais natin. Sa halip, tinitiyak ng mga pangako ng Diyos na ang nangyayari sa atin ay ayon sa Kanyang kalooban. Ang pinakamagandang bagay na mahahangad natin sa buhay ay ang iayon ang ating kagustuhan sa kagustuhan ng Diyos—tanggapin ang Kanyang agenda para sa ating buhay. Nalalaman Niya ang lahat ng bagay mula sa simula, may pananaw Siya na wala tayo, at minamahal tayo nang walang-maliw.

Ilalarawan ko ang alituntuning ito gamit ang sarili kong karanasan. Noong bata pa ako nagpasiya akong maghanda para sa entrance exam sa pinakamahuhusay na business school sa France. Ang paghahandang ito, na nagtagal nang isang taon, ay napakahirap. Sa simula ng taon, nagpasiya ako na gaano man kabigat ang gawain, hindi ko hahayaan kailanman na makahadlang ang aking pag-aaral sa pagdalo sa mga pulong sa araw ng Linggo o sa pagpunta sa institute class minsan sa isang linggo. Tinanggap ko rin ang tawag na maglingkod bilang clerk sa aming young adult ward. Tiwala ako na nakikita ng Panginoon ang aking katapatan at tutulungan akong makamtan ang aking mga mithiin.

Sa pagtatapos ng taon, nang palapit na ang exam, alam kong ginawa ko ang lahat ng makakaya ko. Nang dumating ako para kumuha ng eksamin sa pinakamahusay na paaralan, lubos ang tiwala ko na sasagutin ng Panginoon ang ninanais ko. Ang malungkot, ang oral exam sa pinakaalam kong paksa ay mababa—nakatanggap ako ng grado na nakahadlang sa pagpasok ko sa napakagandang paaralang ito. Nalungkot ako. Bakit ako pinabayaan ng Panginoon gayong ipinakita ko naman ang aking katapatan?

Nang pumunta ako sa oral exam sa pangalawang paaralan na nasa listahan ko, puno ako ng pag-aalinlangan. Sa paaralang ito, ang exam na kailangang maipasa ko ay ang interbyu ng isang lupon na pinamumunuan ng direktor ng paaralan. Sa simula karaniwan



**Nang araw na iyon natanggap ko ang pinakamataas na grado, na nagtulot sa akin na makapasok sa paaralang ito nang may karangalan.**

lang ang interbyu—hanggang sa itanong sa akin ang isang tila hindi mahalagang katanungan: "Alam namin na nag-aral kang mabuti para sa exam na ito. Ngunit gusto naming malaman kung ano ang mga ginagawa mo kapag hindi ka nag-aaral."

Bumilis ang pintig ng puso ko! Sa loob ng isang taon dalawang bagay lamang ang nagawa ko: mag-aral at magsimba! Natakot ako na baka hindi maunawaan ng lupon ang pagiging miyembro ko sa Simbahan. Ngunit sa isang iglap, nagpasiya akong manatiling tapat sa aking mga prinsipyo.

Sa loob ng 15 minuto o mahigit pa, inilarawan ko ang mga ginagawa ko sa Simbahan: mga pulong ko tuwing Sabbath, mga klase sa institute, at mga tungkulin bilang ward clerk. Nang matapos ako, nagsalita ang direktor ng paaralan.

"Alam mo, noong bata pa ako, nag-aral ako sa Estados Unidos," sabi niya. "Isa sa matatalik kong kaibigan ay Mormon. Siya ay kahanga-hangang binata, isang taong may magagandang katangian. Itinuturing ko ang mga Mormon na napakabubuting tao."

Nang araw na iyon nakatanggap ako ng pinakamataas na grado, na nagtulot sa akin na makapasok sa paaralang ito nang may karangalan.

Pinasalamatan ko ang Panginoon sa Kanyang kabaitan. Gayunpaman, ilang taon pa ang lumipas bago ko natanto ang pagpapalang dulot ng hindi ko pagkapasok sa unang paaralan. Sa pangalawang paaralan, nakilala ko ang mabubuting tao. Ang kabutihang dulot ng pakikipagkaibigan ko sa kanila ay nakita sa buong panahon ng aking propesyon at mahalaga pa rin sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya.

Kung hindi nangyayari ang inaasam o inaasahan ninyo matapos ninyong magawa ang lahat ng inyong makakaya, maging handang tanggapin ang kagustuhan ng inyong Ama sa Langit. Hindi Niya ibibigay ang anuman sa atin na hindi para sa ating ikabubuti. Pakinggan ang nakapapanatag na tinig na bumubulong sa ating mga tainga: "Lahat ng laman ay nasa aking mga kamay; mapanatag at malaman na ako ang Diyos" (D at T 101:16).

## Ang Inyong Bukas ay Kasing-liwanag ng Inyong Pananampalataya

Kapag iniisip kong mabuti ang buhay ko kasama ang asawa kong si Valérie, lalo akong naniniwala na ang nakagawa ng kaibhan ay ang pareho naming pananaw tungkol sa buhay na walang hanggan noong kabataan namin. Gusto naming magkaroon ng walang hanggang pamilya. Alam namin kung bakit kami narito sa mundo at kung ano ang aming walang hanggang mga mithiin. Alam namin na mahal kami ng Diyos at napakahalaga namin sa Kanyang paningin. Tiwala kami na sasagutin Niya ang aming mga panalangin sa Kanyang paraan at takdang panahon na makabubuti sa amin.

Hindi ko alam kung handa kaming tanggapin ang Kanyang kagustuhan sa lahat ng bagay, dahil iyan ang isang bagay na dapat naming matutuhan—at patuloy pang natututuhan. Ngunit nais naming gawin ang lahat ng aming makakaya na sundin Siya at ilaan ang aming sarili sa Kanya.

Pinatototohanan ko, kasama ni Pangulong Monson, na ang inyong "[bukas] ay kasing-liwanag ng inyong pananampalataya."[4] Ang inyong kaligayahan ay higit na nakasalalay sa mga alituntuning inyong piniling sundin kaysa sa sitwasyon ng inyong buhay. Maging tapat sa mga alituntuning ito. Kilala at mahal kayo ng Diyos. Kung mamumuhay kayo nang ayon sa Kanyang walang hanggang plano at kung magtitiwala kayo sa Kanyang mga pangako, kung gayon magliliwanag ang inyong [bukas]!

May mga pangarap at mithiin ba kayo? Maganda iyan! Magsikap nang buong puso upang makamtan ang mga ito. At hayaan ang Panginoon na gawin ang iba pa. Gagawin Niya sa inyo ang hindi ninyo makakayang gawin para sa inyong sarili.

Sa lahat ng panahon, tanggapin ang Kanyang kagustuhan. Maging handa na magtungo saanman Niya kayo papuntahin at gawin ang ipagagawa Niya sa inyo. Maging kalalakihan at kababaihan na hangad Niyang kahinatnan ninyo.

Pinatototohanan ko na ang buhay na ito ay napakagandang bahagi ng kawalang-hanggan. Narito tayo nang may maluwalhating mithiin—ang paghahandang humarap sa Diyos. ■

*Mula sa isang mensahe sa CES devotional na ibinigay sa Salt Lake Tabernacle noong Nobyembre 12, 2012. Para sa buong teksto, magpunta sa lds.org/broadcasts.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona,* Nob. 2012, 4–5.
2. Ang katagang ito ay patungkol kay Pindar, isa sa mga pinakabantog na makatang Griyego. Tingnan sa Pindar, *Pythian* 2.72, sa *Olympian Odes, Pythian Odes,* inedit at isinalin William H. Race (1997), 239.
3. Tingnan sa *L'âge de raison (With Love . . . from the Age of Reason),* idinirek ni Yann Samuell (2010).
4. Thomas S. Monson, "Magalak," *Liahona,* Mayo 2009, 92.


# Pagbabahagi ng Ebanghelyo Online

Ni Maria Mahonri-Yggrazil Arduo Andaca

Hindi laging malakas ang loob ko sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kaibigan ko. Alam ng marami sa kanila ang relihiyon ko, pero wala akong gaanong ginawa para ibahagi ang aking patotoo. Gayunpaman, kung mali ang ideya ng isang tao tungkol sa Simbahan, sinisikap kong itama ito.

Nang mag-aral na ako sa kolehiyo, sumali ako sa debate society. Nalaman ng ibang mga miyembro ng samahan na ako ay isang Banal sa mga Huling Araw nang itama ko ang sinabi nila tungkol sa "mga Mormon" pagkatapos ng isang debate. Hindi ko nabanggit ang relihiyon ko kahit kailan, kaya't maraming itinanong sa akin nang araw na iyon. Natakot ako at halos iniwasan kong sumagot. Alam ko ang pinaniniwalaan ko, pero hindi ko alam kung paano ito ibahagi. Nagdasal ako pero parang walang sagot.

Ilang araw pagkaraan, habang nakabukas ako sa Facebook, nakita ko ang isang artikulo mula sa LDS.org na inilagay roon ng lider namin sa simbahan. Dahil dito ay natanto ko na makakapag-post din ako ng anuman mula sa Simbahan. Hinanap ko ang mga paksang itinanong ng ka-team ko sa debate, nag-post ako ng mga link sa wall ko, at ipinadala ko ito sa lahat ng nagtanong. Alam ko na mas masisiyahan sila sa mga sagot.



**Alam ko ang pinaniniwalaan ko, pero kinakabahan ako kapag sinusubukan kong sagutin ang lahat ng tanong ng ka-team ko sa debate tungkol sa Simbahan.**


Hindi pa ako nakapag-post online tungkol sa mga paniniwala ko, kaya't lalo pang dumami ang mga taong nag-usisa tungkol sa relihiyon ko. Kapag nagtatanong sila, sinisikap kong magbigay ng mahahalagang sagot at mga link sa mga materyal ng Simbahan. Sa ganitong paraan hindi na kailangang umasa ang mga tao sa sagot ko lamang kundi makakaasa rin sila sa mga sinasabi ng mga General Authority tungkol sa kanilang mga tanong. Kapag nagiging maselan ang mga usapan, sinasagot ko nang pribado ang tao sa pamamagitan ng text message.

Natutuwa ako na may mga materyal ang Simbahan online. Kinakabahan pa rin ako kapag may biglang nagtanong sa akin tungkol sa Simbahan. Ngunit ngayon hindi ko na sila hinihintay na magtanong; ako na mismo ang nagpopost ng mga materyal ng Simbahan online. Alam ko na makakatulong ang mga materyal na ito sa mga kaibigan kong miyembro at di-miyembro. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Metro Manila, Philippines.*

# *Kalayaan at mga Sagot:* PAGKILALA SA PAGHAHAYAG

*Ang tila di-malampasang hadlang sa komunikasyon kung minsan ay isang malaking hakbang na dapat gawin nang may tiwala.*



**Ni Elder Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nakaupo sa tapat ko ang isang babaeng humihikbi. Puno ng luha ang mga mata, sinabi niya sa akin, "Hindi ko na alam ang paniniwalaan ko." Binanggit niya na hirap na hirap na siya at maraming araw nang ipinagdasal kung paano gagawin ang isang napakahalagang desisyon sa kanyang buhay, ngunit walang nangyari. Malungkot niyang sinabi, "Hindi ko alam ang gagawin. Kung sasabihin mo sa akin ang gagawin, gagawin ko." Hawak ang mga banal na kasulatan, sabi niya, "Sabi ng Diyos tutulungan Niya tayo. Sinasagot Niya ang mga panalangin ng iba. Bakit ayaw Niyang sagutin ang panalangin ko?"

Kapag magkakahalo ang damdamin ng isang tao, mahirap itong labanang mag-isa. Dalangin ko na matulungan kayo na gayon din ang nadarama.

Kapag tila hindi dumarating ang mga sagot sa mahalagang panalangin, maaaring hindi natin nauunawaan ang ilang katotohanan tungkol sa panalangin o hindi natin napapansin ang mga sagot kapag dumarating ang mga ito.

## Mga Alituntunin ng Panalangin

Ang komunikasyon sa ating Ama sa Langit ay hindi maliit na bagay. Ito ay sagradong pribilehiyo. Batay ito sa di-nagbabagong mga alituntunin. Kapag tumanggap tayo ng tulong mula sa ating Ama sa Langit, ito'y bilang tugon sa pananampalataya, pagsunod, at tamang paggamit ng kalayaan.

Isang pagkakamali ang ipalagay na bawat panalanging iniaalay natin ay sasagutin kaagad. Ang ilang panalangin ay kailangan nating pagsikapan nang husto. Totoo, kung minsan ay dumarating ang mga pahiwatig kahit hindi natin hangarin ang mga ito. Karaniwan ay tungkol ito sa isang bagay na kailangan nating malaman at hindi natin natutuklasan.

**_Sabi niya, "Sabi ng Diyos tutulungan Niya tayo. Sinasagot Niya ang mga panalangin ng iba. Bakit ayaw Niyang sagutin ang panalangin ko?"_**

Narito tayo sa lupa upang magtamo ng karanasang hindi natin makakamtan sa ibang paraan. Binigyan tayo ng pagkakataong lumago, umunlad, at magtamo ng kahustuhang espirituwal. Para magawa iyan, kailangan tayong matutong mamuhay sa katotohanan. Ang paraan ng pagharap natin sa mga hamon at paglutas sa mahihirap na problema ay napakahalaga sa ating kaligayahan.

KANAN: PAGLALARAWAN NI CODY BELL

Para mas maunawaan ang panalangin, nakinig ako sa payo ng iba, pinagnilayan ko ang mga banal na kasulatan, at pinag-aralan ko ang buhay ng mga propeta at iba pa. Subalit tila ang pinakamalaking tulong ay ang makita sa aking isipan ang isang bata na tiwalang lumalapit sa mapagmahal, mabait, matalino, at maunawaing Ama, na naghahangad ng ating tagumpay.

Huwag mag-alala tungkol sa asiwang pagpapahayag ninyo ng damdamin. Basta kausapin lang ang inyong Ama. Pinakikinggan Niya ang bawat panalangin at sinasagot ito sa Kanyang paraan.

Kapag ipinapaliwanag natin ang isang problema at ang mungkahing solusyon, kung minsan ang sagot ng Ama sa Langit ay oo, kung minsan ay hindi. Madalas Niyang hindi ibinibigay ang sagot, hindi dahil sa kakulangan ng malasakit, kundi dahil mahal Niya tayo—nang ganap. Nais Niyang ipamuhay natin ang mga katotohanan na ibinigay Niya sa atin. Para umunlad tayo, kailangan nating magtiwala sa ating kakayahang magpasiya nang tama. Kailangan nating gawin ang *nadarama* nating tama. Darating ang panahon na sasagot Siya. Hindi Niya tayo bibiguin.

Nailarawan ko na ang lubos na katunayan ng kaugnayan natin sa ating Ama. Walang anumang tungkol sa atin na hindi Niya alam. Nalalaman Niya ang bawat pangangailangan natin at maibibigay ang lahat ng sagot. Subalit, dahil ang layunin Niya ay ang ating walang-hanggang kaligayahan, hinihikayat Niya tayong gumawa ng mga tamang pasiya.

### Tatlong Paraan para Mahanap ang mga Sagot

#### *1. Humanap ng Katunayan na Nasagot na Niya Kayo*

Gaya ng marami sa atin, hindi napansin ni Oliver Cowdery ang katunayan ng mga sagot sa mga panalangin na ibinigay na ng Panginoon. Para maunawaan niya—at natin—, ibinigay ang paghahayag na ito sa pamamagitan ni Joseph Smith:

"Pinagpala ka dahil sa iyong ginawa; sapagkat ikaw ay nagtanong sa akin, at masdan, *sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatatanggap ng tagubilin* mula sa aking Espiritu. Kung hindi magkagayon, ikaw ay hindi makararating sa lugar na kinaroroonan mo sa ngayon.

"Masdan, iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa



akin at aking *nilinaw ang iyong pag-iisip;* at ngayon ipinaaalam ko sa iyo ang mga bagay na ito upang iyong malaman na ikaw ay naliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan" (D at T 6:14–15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung pakiramdam ninyo ay hindi pa sinasagot ng Diyos ang *inyong* mga dalangin, pagnilayan ang mga talatang ito—pagkatapos ay hanaping mabuti ang katibayan sa sarili ninyong buhay na nasagot na Niya kayo.

***2. Pansinin ang Damdamin***

Para matulungan ang bawat isa sa atin na mapansin ang mga sagot na ibinigay, sinabi ng Panginoon:

"Kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito.

*"Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito?"* (D at T 6:22–23; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Nagbigay ng iba pang kabatiran ang Panginoon nang payuhan Niya tayo na pag-aralan ang problema sa ating isipan at pagkatapos ay itanong kung ito ay tama:

"Kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, *madarama* mo na ito ay tama.

"Subalit kung ito ay hindi tama wala kang *madaramang* gayon, kundi ikaw ay magkakaroon ng pagkatuliro ng pag-iisip" (D at T 9:8–9; idinagdag ang pagbibigay-diin).

***3. Kumilos Kapag Ipinagkait Niya ang Sagot***

Napakahalagang malaman na sumasagot din ang Panginoon sa panalangin sa ikatlong paraan sa pamamagitan ng *pagkakait ng sagot* kapag inialay ang panalangin. Bakit Niya gagawin iyon?

Siya ang ating sakdal na Ama. Mahal Niya tayo nang higit pa sa kaya nating unawain. Alam Niya ang pinakamainam para sa atin. Nakikita Niya ang wakas mula sa simula. Nais Niya tayong kumilos para magtamo ng kinakailangang karanasan:


Kapag sumagot Siya ng *oo,* iyon ay para bigyan tayo ng tiwala sa sarili.

Kapag sumagot Siya ng *hindi,* iyon ay para maiwasan nating magkamali.

Kapag Kanyang *ipinagkait ang sagot,* iyon ay para palaguin tayo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya, pagsunod sa Kanyang mga utos, at kahandaang kumilos ayon sa katotohanan. Inaasahang mananagot tayo sa pagkilos ayon sa pasiya na naaayon sa Kanyang mga turo nang walang paunang kumpirmasyon. Hindi tayo dapat maupo at maghintay na lang o bumulungbulong dahil hindi nangusap ang Panginoon. Dapat tayong kumilos.

Kadalasan ang naipasiya nating gawin ay tama. Pagtitibayin Niya ang katumpakan ng ating mga pasiya sa Kanyang paraan. Ang pagpapatibay na iyon ay karaniwang dumarating sa paunti-unting tulong na natatagpuan habang daan. Natutuklasan natin ang mga ito sa pagiging sensitibo sa espiritu. Parang maiikling liham ito mula sa mapagmahal na Ama bilang katibayan ng Kanyang pagsang-ayon. Kung, dahil sa tiwala, nagsimula tayong gumawa ng hindi tama, ipapaalam Niya iyon sa atin bago mahuli ang lahat. Nadarama natin ang tulong na iyan kapag naligalig o naasiwa tayo.

Makikita sa mga pagpupunyagi ni Nephi na makuha ang mga laminang tanso kung paano nagkakaroon ng epekto ang mga alituntunin (tingnan sa 1 Nephi 3:6–7). Matapos ang dalawang bigong pagtatangka, nanatiling nagtitiwala si Nephi. Tahimik siyang pumasok sa lungsod papunta sa bahay ni Laban kahit hindi niya alam ang lahat ng sagot. Napansin niyang, "Ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay



PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

na nararapat kong gawin," at makabuluhang idinagdag na, *"gayunman, ako ay yumaon"* (1 Nephi 4:6–7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Handa si Nephi na paulit-ulit itong subukan, sa abot ng kanyang makakaya. Nanampalataya siya na tutulungan siya. Ayaw niyang masiraan ng loob. Ngunit dahil kumilos siya, nagtiwala sa Panginoon, sumunod, at ginamit nang wasto ang kanyang kalayaan, tumanggap siya ng patnubay. Nabigyan siya ng inspirasyon sa bawat hakbang tungo sa tagumpay, at sabi nga ng kanyang ina ay 'binigyan ng . . . *kapangyarihan* na maisagawa ang bagay na iniutos ng Panginoon" (1 Nephi 5:8; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Batid ni Nephi na kailangan niyang magtiwala sa Diyos, manampalataya, at kumilos para tumanggap siya ng tulong, sa bawat hakbang. Hindi siya nagreklamo ni humingi ng lubos na paliwanag. Kundi, pansinin ito, hindi niya hinintay na dumating ang tulong. Kumilos siya! Sa pagsunod sa espirituwal na batas, nagkaroon siya ng inspirasyon at nabigyan ng kapangyarihang kumilos.

**Pagtitiwala sa Kalooban at Paraan ng Diyos**

Kung minsa'y hindi napapansin ang mga sagot sa dalangin dahil gustung-gusto nating mapagtibay ang sarili nating mga naisin. Hindi natin nakikita na may ipinagagawang iba ang Panginoon sa atin. Tiyaking hangarin ang Kanyang kalooban.

Aaminin ko na hindi ko alam kung paano gumawa ng tamang desisyon maliban kung mayroong kabutihan at tiwala sa isang Ama sa Langit. Talagang mawawalan ng epekto ang mga alituntunin kapag sadyang ginamit ang kalayaan nang taliwas sa kalooban ng Diyos. Kung may kasalanang hindi pinagsisisihan, naiiwan tayo na mag-isang nagpupunyagi. Tayo'y *maaaring* masagip sa pamamagitan ng sarili nating pagsisisi.

Kapag naghangad tayo ng inspirasyon na tulungan tayong magdesisyon, nagbibigay ng magigiliw na pahiwatig ang Panginoon. Inuutusan tayo nitong mag-isip, manampalataya, magsikap, magpunyagi kung minsan, at kumilos. Bihirang dumating kaagad ang buong sagot sa isang napakahalagang bagay o mahirap na problema. Mas madalas, dumarating ito nang paunti-unti, nang hindi pa nakikita ang mangyayari sa huli.

Nilagpasan ko ang pinakamahalagang bahagi tungkol sa panalangin para sa huli. Iyon ay ang pasasalamat! Ang pinakataimtim naming mga pagsisikap na pasalamatan ang ating pinakamamahal na Ama ay nagdudulot ng nakamamanghang mga damdamin ng kapayapaan, kahalagahan ng sarili, at pagmamahal.

Bakit kaya ang pinaka-naghihirap ang tila higit na nakaaalam kung paano pasalamatan ang Panginoon? Sa kabundukan ng Guatemala, halos walang makain ang mga miyembro. Ang pagpunta sa templo ay malaking sakripisyo. Isang taon silang naghahanda para makabisita. May pagsusumikap, sakripisyong mag-impok ng pera at pagkain, maghabi, magtina, at manahi ng bagong pananamit. May mahabang paglalakad nang nakapaa sa kabundukan, pagtawid sa Lake Isabel, pagsakay sa bus na kakaunti ang dalang pagkain. Pagod at patang-pata, dumarating sila sa templo. Naghihilod sila hanggang sa kuminis, nagbibihis ng bago nilang damit, at pumapasok sa bahay ng Panginoon.

***Kung minsa'y hindi napapansin ang mga sagot sa dalangin dahil gustung-gusto nating mapagtibay ang sarili nating mga naisin.***

Nakapagbihis ng puting damit, tinuturuan sila ng Espiritu, tumatanggap ng mga ordenansa, at gumagawa ng mga tipan. Isang babaeng tagabundok ang labis na naantig ng espiritu at ng kahulugan ng endowment. Pagpasok niya sa silid-selestiyal, nakita niyang nakaupo na ang iba, at mapitagang nakayuko. Walang kamalayang lumuhod siya sa pasukan ng silid, na hindi alintana ang iba. Yumuko siya, humikbi, at sa loob ng dalawampung minuto ay ibinuhos niya ang kanyang puso sa kanyang Ama sa Langit. Sa huli, basa ng luha ang damit, nagtuwid siya ng ulo. Nagtanong ang temple matron na matalas ang pakiramdam, "May maitutulong ba ako?" Tumugon siya, "Ay, puwede ba? Ito ang problema ko: Sinubukan kong pasalamatan ang Ama sa Langit para sa lahat ng pagpapala sa akin, pero palagay ko hindi Niya ako narinig. Matutulungan mo ba akong sabihin sa Kanya kung gaano kalaki ang pasasalamat ko?"

Ang payong ito tungkol sa panalangin ay totoo. Nasubukan ko na ito nang husto sa pamamagitan ng personal kong karanasan. Natuklasan ko na ang tila di-malampasang hadlang sa komunikasyon kung minsan ay isang malaking hakbang na dapat gawin nang may tiwala.

Kung hihingin ninyo ang Kanyang tulong, tiyaking malinis ang inyong buhay, karapat-dapat ang inyong mga layon, at handa kayong gawin ang Kanyang ipinagagawa— sapagkat Kanyang *sasagutin* ang inyong mga dalangin. Siya ang inyong mapagmahal na Ama; kayo ang Kanyang pinakamamahal na anak. Sakdal ang pagmamahal Niya sa inyo at nais Niya kayong tulungan. ■



# Paano Kung Wala Akong Madamang PAG-AALAB sa DIBDIB?

*Kapag alam ninyo kung ano ang hahanapin, mas madali ninyong makikilala ang Espiritu Santo.*

**Ni Rachel Nielsen**

"Anyayahan mo si Mr. Wood* sa seminary." Pumasok ito sa aking isipan nang marinig ko ang pahayag, at agad kong naisip na kahangalan iyon. Bakit ko aanyayahan sa seminary ang music teacher ko nang alas-5:30 ng umaga?

Kasasabi pa lang ng seminary president sa klase namin na magdaraos kami ng araw ng pasasalamat para sa mga guro. Hinamon kaming anyayahang sumama sa amin ang ilan sa aming mga guro sa paaralan para sa isang umaga ng seminary kung saan namin sila pasasalamatan para sa kanilang paglilingkod. Buong linggo matapos marinig ang pahayag na ito, naisip kong anyayahan si Mr. Wood. Tuwing pupunta ako sa seminary o makikita ko siya sa music class, pumapasok ang ideya sa isipan ko: "Anyayahan mo si Mr. Wood sa seminary." Pagkaraan ng ilang araw na ganito pa rin ang nangyayari, hindi ko na mabalewala ang ideya.

Isang umaga habang inilalabas ng mga estudyante sa music class ang kanilang mga instrumento, itinabi ko ang trombone ko at nilapitan si Mr. Wood. Kumakabog ang puso ko at nanginginig ang mga kamay ko, pero nang buksan ko ang aking bibig para iparating ang paanyaya, napanatag ako.

Laking gulat ko nang sabihin ni Mr. Wood na sasama siya! Gusto niyang malaman kung bakit ako nagpupunta sa seminary tuwing umaga bago pumasok sa paaralan at marami pa siyang gustong malaman. Matapos ibigay sa kanya ang lahat ng detalye, umalis akong tuwang-tuwa.

Sa karanasang ito, wala akong nadamang pag-aalab sa dibdib (tingnan sa D at T 9:8). Pero nadama ko ang Espiritu Santo. Ang pabalik-balik na ideyang anyayahan si Mr. Wood (tingnan sa D at T 128:1), ang kapanatagang nadama ko nang anyayahan ko siya (tingnan sa Juan 14:26), at ang tuwang nadama ko matapos ko

** Binago ang pangalan.*

siyang anyayahan (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22) ay nagmulang lahat sa Espiritu. Pero kung ang hinanap ko lang ay pag-aalab sa dibdib, maaaring hindi ko napansin na nagpapahiwatig sa akin ang Espiritu Santo.

Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa maraming paraan, at kapag pinag-aralan ninyo kung paano Siya makipag-ugnayan, malalaman ninyo kung ano ang hahanapin kapag sinikap ninyong pansinin na kapiling ninyo Siya at tinuturuan o pinapatnubayan kayo.

### Hanapin ang Maliliit at Simpleng Bagay

Bago tingnan ang maraming paraan na nangungusap sa atin ang Espiritu Santo, kailangan nating alalahanin na kadalasan, ang paghahayag ay tahimik at bahagya. Kung hinahanap natin ang karanasan ni Nakababatang Alma sa anghel at sa lindol, maaaring hindi natin makita ang mas madalas at mas tahimik na mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Nagbabala si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na kung ating "binibigyang-diin ang kagila-gilalas at madamdaming mga espirituwal na pagpapakita," maaaring hindi natin mapansin ang "maliliit at unti-unting espirituwal na pahiwatig" na mas karaniwan.[1] Kapag sinikap ninyong pansinin ang Espiritu Santo, hanapin ang maliliit at simpleng mga pahiwatig.

### Hanapin ang mga Paraan ng Pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo

Kung wala pa kayong nadamang pag-aalab sa dibdib, huwag mag-alala. Maraming tao ang nakapapansin sa impluwensya ng Espiritu Santo sa ganitong paraan, ngunit nangungusap din Siya sa maraming iba pang paraan, at hindi kayo kailangang makadama ng pag-aalab sa dibdib para madamang naroon Siya. Katunayan, kapag pinag-aralan ninyo ang mga paraan na binigyan kayo ng inspirasyon ng Espiritu Santo at hinanap ninyo ang mga ito sa inyong buhay, maaari ninyong makita na nakikipag-ugnayan Siya sa inyo nang higit kaysa nalalaman ninyo.

Ilang paraan lamang ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo ang kasama sa listahang ito. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga makabagong propeta at maging ang mga pahina 107–8 sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004) para tuklasin ang iba pang mga paraan na mangungusap Siya sa inyo.

"Ang diwa ng paghahayag [ay] karaniwang dumarating [bilang mga kaisipan at damdamin] sa ating isipan at puso sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. (Tingnan sa D at T 8:1–2; 100:5–8.)"[2] Ang Espiritu Santo ay maaaring mangusap sa inyo sa pamamagitan ng:

- Damdamin ng pagmamahal, galak, kapayapaan, pasensya, kabutihan, pananampalataya, kaamuan (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23).
- Mga kaisipang sumasaklaw sa isipan o tumitimo sa inyong damdamin (tingnan sa D at T 128:1).
- Isang hangaring gumawa ng mabuti at sundin ang mga kautusan (tingnan sa Mosias 5:2).
- Damdamin na ang isang bagay ay tama (tingnan sa D at T 9:8).
- Damdamin ng kaaliwan (tingnan sa Juan 14:26).
- Damdaming "pa[la]lakihin ang [inyong] kaluluwa" (Alma 32:28).
- Mga kaisipang "[li]liwanagin ang [inyong] pang-unawa" (Alma 32:28).



### ANO ANG PAG-AALAB SA DIBDIB?

"Ano ang ibig sabihin ng 'pag-aalab sa dibdib'? Kailangan bang mag-init ang ating damdamin, gaya ng pagniningas na dulot ng apoy? Kung iyan ang ibig sabihin niyon, hindi pa ako nakadama ng pag-aalab sa dibdib. Siguradong ang ibig sabihin ng salitang 'pag-aalab' sa talatang ito ay damdamin ng kapanatagan at katiwasayan. Iyan ang patotoong natatanggap ng marami. Dumarating ang paghahayag sa ganyang paraan."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Teaching and Learning by the Spirit," *Liahona,* Mayo 1999, 22.**



# PAANO KO MALALAMAN KUNG ANG ISANG KAISIPAN AY NAGMUMULA SA AKIN O SA ESPIRITU SANTO?

"Kailangan tayong kumilos. Sa gayon ay malalaman natin kung nagmumula ito sa akin o kung kapangyarihan iyon ng Diyos. . . . Lahat ng nag-aanyaya at nagtutulak sa atin na gumawa ng mabuti at maging mabuti ay nagmumula sa Diyos."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Patterns of Light: Discerning Light" (video), LDS.org.**

- Pagkagutom sa iba pang katotohanan (tingnan sa Alma 32:28).
- Napipilitan (nahihikayat) na kumilos o napipigilan (naaawat) na gawin ang isang bagay (tingnan sa 1 Nephi 7:15; 2 Nephi 32:7).

### Paano Darating ang mga Kaisipan at Damdaming Ito

Ang mga kaisipan at damdaming nagmumula sa Espiritu Santo ay maaaring dumating nang:

- "Kaagad at matindi."
- "Di-kapansin-pansin at dahan-dahan."
- "Napakabanayad kaya hindi man lang ninyo ito mapapansin."[3]

Ang mga kaisipan at damdaming nagmumula sa Espiritu Santo ay maaaring dumating para:

- Ipaalala sa atin ang mga bagay-bagay (tingnan sa Juan 14:26).
- Hindi tayo malinlang (tingnan sa D at T 45:57).
- Patotohanan ang Ama sa Langit at si Jesucristo (tingnan sa 2 Nephi 31:18).
- Tulungan tayong magturo (tingnan sa D at T 84:85).
- Ibigay ang mga kaloob ng Espiritu (tingnan sa D at T 46:11).
- Maghatid ng kapatawaran ng mga kasalanan (tingnan sa 2 Nephi 31:17).

### Hanapin ang Mabuti

Kapag sinisikap ninyong mapansin ang Espiritu, isipin ang layong kahinatnan ng nadarama ninyo: hinihikayat ba kayo ng kaisipan o damdamin na gumawa ng mabuti? Sabi sa Moroni 7:16, "Samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos."

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Paano natin makikilala ang mga pahiwatig ng Espiritu? Palagay ko hindi iyan masyadong mahirap. . . . Hinihikayat ba ako nitong gumawa ng mabuti, bumangon, manindigan, gumawa ng tamang bagay, maging mabait, maging mapagbigay? Kung gayo'y nagmumula ito sa Espiritu ng Diyos. Kung ito ay madilim, masama, pangit, hindi mabuti, maaari ninyong malaman na nagmumula ito sa kaaway."[4]

Kung iniisip ninyo kung nadarama ninyo ang Espiritu o hindi, itanong sa inyong sarili kung ang kaisipan o damdamin ay hinihikayat kayong

gumawa ng mabuti. Kung gayon, makatitiyak kayo na nagmula iyon sa Diyos.


### Humanap ng Pagkakataong Gamitin ang Inyong Kalayaan

Kung kayo ay karapat-dapat at nahihirapan pa rin kayong mapansin ang Espiritu Santo, kumilos. Biniyayaan kayo ng Ama sa Langit ng kalayaan, at kung minsan ay uutusan Niya kayong kumilos nang walang patnubay Niya. Hihilingin Niyang manampalataya kayo sa pamamagitan ng pagpasok sa dilim. Sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa paghahanap ninyo ng espirituwal na kaalaman, may isang 'lukso ng pananampalataya.' . . . Ito ang sandaling narating na ninyo ang dulo ng liwanag at napunta kayo sa kadiliman para matuklasan na sa isa o dalawang hakbang lamang ay may liwanag na sa daan."[5] Kung kumilos kayo nang may pananampalataya sa kaalamang mayroon na kayo, kahit hindi ninyo mapansin ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo, titiyakin ng Ama sa Langit na hindi kayo maliligaw ng landas. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

MGA TALA

1. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," *Liahona,* Mayo 2011, 88.
2. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," 88.
3. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," 90.
4. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 260–61.
5. Boyd K. Packer, "Ang Paghahangad sa Espirituwal na Kaalaman," *Liahona,* Ene. 2007, 18.



### BAKIT MAHIRAP MAPANSIN ANG ESPIRITU SANTO?

"Inaasahan ng ating Ama na matuto tayong makamit ang tulong na iyon ng langit sa pagsampalataya sa Kanya at sa Kanyang Banal na Anak na si Jesucristo. Kung tatanggap kayo ng inspiradong patnubay sa paghingi lamang nang hindi ito pinagsisikapan, manghihina kayo at higit na aasa sa Kanila. Alam Nila na darating ang mahalagang personal na pag-unlad kapag pinagsisikapan ninyong matutuhan kung paano magabayan ng Espiritu."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Liahona,* Nob. 2009, 7.**

## ANO ANG PAKIRAMDAM NG MAHIKAYAT NG ESPIRITU?

"Wala tayong masasabi . . . na lubos na naglalarawan sa Espiritu" (Boyd K. Packer, "The Candle of the Lord," *Tambuli,* Dis. 1988, 34 ). Dahil mahirap ilarawan kung ano ang pakiramdam ng mahikayat ng Espiritu, ilalarawan ito ng lahat sa medyo kakaibang paraan. Ngunit anuman ang mga pagkakaibang ito, marami tayong matututuhan kapag ipinaliwanag ng iba kung paano nangungusap sa kanila ang Espiritu Santo.



PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

# SUNDIN ang mga Mumunting PANGHIHIKAYAT

*Bawat bulong ng Espiritu Santo ay nararapat pakinggan.*

Kung ibabalibag ng ipu-ipo ang isang malaking puno sa kama ninyo sa gabi, malamang na gugustuhin ninyong malaman ito nang maaga.

Minsa'y natutulog sa labas ng bagon si Wilford Woodruff (1807–98), na kalauna'y naging ikaapat na Pangulo ng Simbahan, kasama ang kanyang asawa't anak nang ibulong ng Espiritu na, "Bumangon ka at ilipat mo ang karwahe [mo]."[1] Maaari sana niyang iwaksi ang kakaibang ideyang iyon, ngunit sa halip ay sumunod siya. Makalipas ang kalahating oras, isang ipu-ipo ang bumunot sa isang malaking puno at inihagis ito sa ere. Bumagsak ang puno sa mismong pinanggalingan ng bagon.

Maraming gayong halimbawa ng mga himala na nangyari dahil sa pagsunod sa mga panghihikayat.

Ngunit paano naman ang isang panghihikayat na nagbigay sa inyo ng inspirasyong tawagan ang isang kaibigan para lamang mangumusta? O ang isang panghihikayat na maglagay ng isa pang pares ng medyas sa inyong backpack para sa susunod ninyong paglalakad nang malayo? Ang pagsunod sa gayong mga panghihikayat ay malamang na hindi hahantong sa malalaking pangyayari, ngunit mahalaga pa rin ang mga ito.

Ang kaibigang tatawagan ninyo ay maaaring puno ng problema. Maaaring magpasaya sa kanya ang pagtawag ninyo sa telepono. Sa paglalakad, ang isang pares ng ekstrang medyas ay maaaring mangahulugan ng kaibhan sa pagitan ng komportableng pagliliwaliw at masasakit na paltos kung mababasa nang di-inaasahan ang inyong mga paa.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Nagmamasid tayo. Naghihintay tayo. Pinakikinggan natin ang marahan at banayad na tinig na yaon. Kapag nagsasalita ito, sumusunod ang matatalinong lalaki't babae. Hindi natin ipinagpapaliban ang pagsunod sa mga pahiwatig ng Espiritu."[2]

Kung minsa'y nag-aapura ang mga espirituwal na pahiwatig. Gayunman, mas madalas ay banayad ang mga ito. Nangako ang Ama sa Langit na tuturuan tayo "[na]ng taludtod sa taludtod, [na]ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30).

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kadalasan, ang paghahayag ay dumarating nang paunti-unti [sa paglipas ng panahon] at ibinibigay ayon sa ating hangarin, pagkamarapat, at paghahanda."[3]

Malamang, walang sinuman sa atin ang mangangailangang umilag sa isang punong inihagis sa atin ng ipu-ipo. Subalit makatitiyak tayo na lagi tayong may magagawang maliit at simpleng kabutihan kapag nakinig tayo sa Espiritu. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 51.
2. Thomas S. Monson, "The Spirit Giveth Life," *Ensign,* Mayo 1985, 68.
3. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," *Liahona,* Mayo 2011, 88.

# ISANG **BASBAS** PARA SA **KAPATID KO**

MGA ARALIN SA ARAW NG LINGGO

*Mga Paksa sa Buwang ito:*
**Priesthood at mga Susi ng Priesthood**

**Ni Jesse Jones**

Natutuhan ko ang tungkol sa kapangyarihan at mga basbas ng priesthood sa isang malungkot na panahon. Ilang taon na ang nakalipas, noong 14 anyos ang bunsong kapatid kong lalaki, nadisgrasya siya sa kanyang motorsiklo at nabali sa gitna ang kanyang binti. Tinawagan ako ni Itay at sinabi na dadalhin nila siya sa ospital. Bumabaligtad ang sikmura ko nang magmadali ako papuntang ospital. Pagdating ko roon, nakita ko ang isa sa mga tito ko. Sinabi niya sa akin kung gaano kasama ang aksidente.

Takot sa makikita ko, binuksan ko ang pintuan kung saan naroon ang kapatid ko at pumasok ako sa silid. Humakbang akong minsan, pumikit, at agad na napayapa. Tulad ng hinding-hindi ko malilimutan ang masamang pakiramdam ko, hinding-hindi ko rin malilimutan ang damdamin ng kapayapaan at kapanatagang bumalot sa akin. Nakilala ko ang damdamin—nagmula iyon sa Espiritu.

Pagkatapos ay narinig ko na nagsasalita ang aking ama. Binibigyan nila ng tito ko ng priesthood blessing ang kapatid ko. Mapagpakumbaba niyang binasbasan ang kanyang anak sa pangalan ni Jesucristo na maging MAAYOS ang kalagayan niya, gumaling, at magamit niyang muli ang kanyang binti.


Pagkatapos ng basbas, sandaling tumahimik ang lahat. Alam ko sa sandaling iyon na kailangan akong maging marapat na tumanggap ng Melchizedek Priesthood at makapagsagawa ng mga basbas para sa magiging mga anak ko.

Nang magtipon kami sa pasilyo sa labas ng silid ng kapatid ko, sinimulang talakayin ng mga magulang ko ang dapat nilang gawin. Pinagtalunan nila kung aalis sila ng Mexico para dalhin siya sa isang doktor sa Estados Unidos o kung dito isasagawa ang operasyon. Anumang opsiyon ang naisip nilang pinakamainam para sa kapatid ko, alam ko na natanggap na niya ang pinakamainam na pangangalagang maaari niyang matanggap. Natanggap na niya ang isang basbas ng dalawang lalaking mayhawak ng priesthood, kaya anuman ang ipasiya ng aking mga magulang, gagaling ang kapatid ko.

Ipinasiya nilang manatili sa Mexico para sa operasyon. Nilagyan ng mga doktor ng takip at 10 turnilyo ang binti ng kapatid ko. Gumaling iyon nang husto, at makalipas ang ilang buwan ay sumali siya sa isang football team. Natupad ang basbas tulad ng sinabi ni Itay.


Alam ko na ang priesthood ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos na ibinigay sa tao. Napakadakila ng kaloob na ibinigay Niya sa atin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Chihuahua, Mexico.*



"Kapag tinanggap natin ang priesthood, tinatanggap natin ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos at mag-akay sa mga landas ng katotohanan at kabutihan. Ang awtoridad na ito ay mahalagang mapagkukunan ng mabuting kapangyarihan at impluwensya para sa kapakinabangan ng mga anak ng Diyos sa lupa at tatagal hanggang sa kabilang-buhay."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang mga Doktrina at Alituntuning Nasa mga Saligan ng Pananampalataya,"** ***Liahona,*** **Nob. 2013, 47.**



PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

# "Ano ang dapat kong isipin sa oras ng sakramento?"

Bagama't tumatayo tayo bilang mga saksi ni Jesucristo sa lahat ng panahon, sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar (tingnan sa Mosias 18:9), kung minsa'y inaagaw ng mga impluwensya sa mundo sa ating paligid ang ating pansin. Ang sakramento ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong ituon ang ating isipan sa Tagapagligtas nang walang mga gambala.

Sa oras ng sakramento, maaari ninyong isipin ang kahulugan at kagandahan ng ordenansa. Ang pakikibahagi sa mga simbolo ng katawan at dugo ng Tagapagligtas ay makakatulong sa inyo na pagnilayan ang Kanyang walang-hanggan at nagbabayad-salang sakripisyo. Kapag nakibahagi kayo ng sakramento, pinaninibago ninyo ang inyong tipan sa binyag. Sa paggawa nito, muli kayong nangangako sa inyong sarili na lagi Siyang alalahanin at laging sundin ang Kanyang mga utos.

Mapapaganda ninyo ang inyong karanasan sa sakramento kung espirituwal ninyong ihahanda ang inyong sarili. Sa buong linggo, isiping pag-aralan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya o mga talata sa banal na kasulatan na magtutuon sa inyo sa sakripisyo ng Tagapagligtas at sa sarili ninyong pagkadisipulo. Sa himno at mga panalangin sa sakramento, magtuon sa mga titik na inyong kinakanta at naririnig, at pagnilayan ang kahulugan ng mga ito.

Sa oras ng sakramento, mag-ukol ng oras na isipin ang mga pagbabagong ginagawa ninyo sa inyong personal na buhay para maging higit na katulad ni Jesucristo. Matapos na marapat na makibahagi sa sakramento, madarama ninyo na kayo'y malinis at dalisay, tulad ng nadama ninyo sa araw ng inyong binyag.

### Ibaling ang Iyong Isipan sa Pagbabayad-sala

Sa oras ng sakramento, bumabaling ang aking isipan kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Nahihirapan akong ipahayag ang nararamdaman ko sa oras ng sakramento kapag iniisip ko ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Alam ko na si Jesucristo ang hinirang na maging Manunubos natin. Alam kong Siya ay buhay.

*Nephi B., edad 20, Brazzaville, Republic of the Congo*


### Isipin si Jesucristo



Sa oras ng sakramento iniisip ko ang pinagdaanan ng Tagapagligtas para mapagsisihan natin ang nagawa nating mga pagkakamali. Iniisip ko rin ang lahat ng pagpapalang naibigay Niya sa akin at ang kamangha-manghang mga himalang naisagawa at isasagawa Niya. Napakapalad natin na nakikibahagi tayo sa sakramento para mapagsisihan natin ang ating mga kasalanan at makapangako tayo na magpapakabuti.

*Andee B., edad 13, Utah, USA*

### Pag-isipan ang mga Titik ng mga Himno sa Sakramento



Itinuturo ng mga himno sa sakramento kung ano ang dapat nating isipin sa oras ng sakramento. Halimbawa, sinasabi sa paborito kong himno sa sakramento, ang "Aba Naming Kahilingan" (*Mga Himno,* blg. 102), "H'wag hayaang malimutan, ang pagdurusa Ninyo nang ang puso N'yo'y pinaslang do'n sa krus sa Kalbaryo." Ang pag-alaala sa mga titik ng mga himno ng sakramento sa oras ng sagradong ordenansang ito ay nagpapadama sa akin ng kapayapaan at nagpapaibayo ng pasasalamat ko sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

*Austin B., edad 15, Alberta, Canada*

### Pasasalamat sa mga Pagpapala



Sa oras ng sakramento dapat nating isipin kung gaano kadakila ang sakripisyong ginawa ng ating Tagapagligtas para sa atin at puspusin ng pasasalamat ang ating puso. Kapag nakibahagi ako ng sakramento, gusto kong pasalamatan ang Ama sa Langit



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo para sa mga pagpapalang natanggap ko.

*Elen S., edad 16, Paraíba, Brazil*

### Huwag Hayaang Gumala ang Iyong Isipan



Mayroon akong maliit na card na nakasingit sa aking mga banal na kasulatan na hinuhugot ko tuwing Linggo sa oras ng sakramento. Pantanda ito sa Mosias 18, kung saan ipinangaral ni Alma ang tipan sa binyag. May maiikling sulat sa card, tulad ng "Magpasalamat sa Pagbabayad-sala," na nakasulat dito para maalala ko ang layunin at kabanalan ng sakramento. Ang pagbabasang muli sa maiikling sulat ay nagtutuon sa aking isipan sa layunin at kasagraduhan ng sakramento.

*Alisha M., edad 19, Texas, USA*

### Alalahanin ang Huling Hapunan



Dapat nating isipin ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo at ang kahalagahan ng marapat na pakikibahagi sa mga simbolo ng Kanyang katawan at Kanyang dugo. Maaari din nating isipin ang panahon na binasbasan Niya ang tinapay at alak na kasama ang Kanyang Labindalawang Apostol.

*Jonás A., edad 18, Morelos, Mexico*

### Alalahanin at Kilalanin


Ang layunin ng sakramento ay upang mapanibago natin ang ating mga tipan sa ating Ama sa Langit at malinis tayo mula sa mga kasalanang pinagsisihan natin. Sa oras ng sakramento, inaalala natin ang sakripisyo ni Cristo para sa atin at pinag-iisipan kung paano natin ito maiaangkop sa ating buhay. Sinisikap kong isipin kung ano ang nagawa ko sa nakaraang buong linggo at kung gaano kahusay kong natupad ang aking mga tipan sa aking Ama. Inaamin ko ang mga kasalanang nagawa ko at pinagtutuunan ko kung paano ko magagamit ang Pagbabayad-sala para mapaglabanan ang mga ito. Kapag ginagawa ko ito, ang sakramento ay isang karanasang nakasisigla at espirituwal na nagpapalakas sa akin.

*Abagail P., edad 14, Arizona, USA*

### Pagnilayan ang Iyong mga Tipan

Noong bata-bata pa ako, ang tanging iniisip ko sa oras ng sakramento ay kung paano ako tatahimik. Ngayong may priesthood na ako, nauunawaan ko na para magkaroon ng kahulugan ang sakramento at matulungan ako nitong lumago sa espirituwal, kailangan kong magnilay-nilay sa oras na ito. Iniisip ko ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at kung paano Niya ipinakita na mahal Niya tayo. Iniisip ko rin kung paano mapapalakas ng sakramento ang aking pananampalataya at hangaring tuparin ang aking tipan sa binyag.

*Levi F., edad 19, Abia, Nigeria*



### KALIMUTAN ANG MUNDO

"Noong bata pa ako, magandang musika ang pinatutugtog habang ipinapasa ang sakramento. Hindi nagtagal ipinahinto ng mga Kapatid ang gawaing ito sa dahilang ang ating mga isipan ay nakatuon sa tugtog sa halip na tumuon sa nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Panginoon at Tagapagligtas. Habang isinasagawa ang sakramento, kinalilimutan natin ang mundo. Ito ay sandali ng espirituwal na pagpapanibago habang natatanto natin ang malalim na espirituwal na kahulugan ng ordenansa na inaalay sa bawat isa sa atin. Kung babalewalain natin ang pagtanggap ng sakramento, mawawala sa atin ang pagkakataong umunlad sa espirituwal."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Habang Aming Tinatanggap Itong Sakramento," *Liahona,* Mayo 2006, 41.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Nais subukin nang minsanan ng isa sa mga kaibigan ko ang isang masamang bagay para makaugnay siya kapag pinag-uusapan ito ng mga tao. Paano ko maipauunawa sa kanya na hindi iyon magandang ideya?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Hulyo 15, 2014, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.



**Ni Elder Anthony D. Perkins**
Ng Pitumpu

# ANG IKAPU AY NAGBIBIGAY NG **ESPIRITUWAL NA LAKAS**

*Magpasiya ngayon na magbayad ng tapat na ikapu. Tutulungan ka nitong malaman na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako.*

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na "ang tapat na pagbabayad ng ikapu ay nagbibigay sa isang tao ng espirituwal na lakas at katapatang sundin ang iba pang mga utos."[1] Mapalad akong magtamo ng patotoo tungkol sa alituntuning ito noong kabataan ko.

Noong 14 na taong gulang ako, nagsimula ako sa una kong trabaho, na sumasahod ng 2 U.S. dollars bawat oras bilang construction laborer. Ang suweldo ko sa unang linggo ay umabot ng 80 dollars. Gusto kong bumili ng eight-track tape stereo, na siyang pinakabagong teknolohiya sa musika sa panahong iyon. Ang full-function model na gusto ko ay nagkakahalaga ng 320 dollars. Sabik kong sinabi kina Inay at Itay ang layon kong bumili ng stereo nang makatapos ako ng apat na linggo sa trabaho.

## Mahigit Apat na Linggo


Buong talinong itinuro ng aking mga magulang na, "Kailangan mong magtrabaho nang mahigit apat na linggo para sumahod ka ng sapat na perang pambili ng music player na iyon. Dapat mong pasalamatan ang Diyos sa marami Niyang pagpapala sa pamamagitan ng pagbabayad ng 10 porsiyento ng iyong suweldo bilang ikapu. Kakailanganin mong magbayad ng buwis na mga 10 porsiyento sa gobyerno. At dapat mong matutuhan habang bata ka pa na sundin ang payo ng mga propeta sa paghahanda ng sapat na pera para sa hinaharap, pati na sa iyong misyon; iminumungkahi namin na magtabi ka ng 30 porsiyento ng iyong kita sa isang savings account."

Agad kong kinalkula sa aking isipan noong tinedyer ako na kung susundin ko ang itinuro ng aking mga magulang, 40 dollars lang ang matitira sa akin linggu-linggo para gastusin, na ibig sabihin ay kailangan kong magtrabaho nang di-kukulangin sa dalawang buwan para mabili ang gusto kong stereo. Nahirapan akong magdesisyon—uunahin ko bang bumili ng mga materyal na pag-aari, o magsasakripisyo akong magbayad ng ikapu at mag-ipon?

## Unahing Bayaran ang Ikapu

Ang payo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: "Unahin[g bayaran ang ikapu], kahit iniisip ninyong wala kayong sapat na pera para tugunan ang iba pa ninyong mga pangangailangan. Sa paggawa nito ay matutulungan kayong magkaroon ng mas malakas na pananampalataya, madaig ang pagiging makasarili, at mas [madama] ang Espiritu."[2]

Ipinasiya ko sa edad na 14 na magbayad ng tapat na ikapu habang ako'y nabubuhay. Ipinasiya kong sundin ang propeta sa pag-iipon ng pera para sa aking misyon at pag-aaral sa hinaharap. Ang karanasang ito ay nagturo din sa akin ng kaibhan ng mga gusto sa mga pangangailangan. Gusto ko ng pinakabagong teknolohiya, pero hindi ko iyon kailangan. Kaya ipinasiya kong bumili ng mas murang modelo na




### MAGBUBUKAS SIYA NG DAAN

"Kaya nating lahat na magbayad ng ikapu. Ang totoo, hindi kakayanin ng sinuman sa atin na hindi magbayad ng ikapu. Palalakasin ng Panginoon ang ating determinasyon. Magbubukas Siya ng daan para makasunod tayo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Be Thou an Example,"** ***Liahona,*** **Ene. 1997, 42.**

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN



kakaunti ang nagagawa, at gumagana pa rin ito nang maayos nang magmisyon ako.

### Mga Pangakong Natupad

Nang malaman ko sa pagbabayad ng ikapu na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako, mas tumibay ang aking pananampalataya gayundin ang aking hangaring sundin ang iba pang mga utos Niya. Nalaman ko na kung magbibigay ako ng malaking handog-ayuno, sasagutin Niya ang aking mga dalangin at patuloy akong papatnubayan (tingnan sa Isaias 58:6–11). Nalaman ko na kung babasahin ko ang Aklat ni Mormon, ipapakita Niya sa akin ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 10:4–5). Nalaman ko na kung susundin ko ang Word of Wisdom, bibigyan Niya ako ng kalusugan, karunungan, at kaalaman at ako ay "tatakbo at hindi mapapagod" (tingnan sa D at T 89:18–21). At nalaman ko na kung susundin ko ang batas ng kalinisang-puri, lagi akong papatnubayan ng Espiritu Santo at bibigyan ako ng tiwala ng Tagapagligtas na balang-araw ay hindi ako mahihiyang tumayo sa Kanyang harapan (tingnan sa D at T 121:45–46).

Ang isa pang paraan na napagibayo ng pagbabayad ng mga ikapu at mga handog ang lakas ng loob ko ay sa pamamagitan ng mga tipan sa templo. Itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na, "Para makapasok ng templo, kailangang nagbabayad kayo ng buong ikapu."[3] Kapag pumapasok ako sa banal na templo, nadarama ko ang presensya at pagmamahal ng Diyos. Pinatototohanan ko na sa mga ordenansa sa templo, tumatanggap tayo ng "kapangyarihan mula sa itaas" (D at T 95:8) na masayang tanggapin at labanan ang mga hamon ng mortalidad.

### Isang Pagpapalang Nakalaan

Ang pagbabayad ng mga ikapu at mga handog ay nagpaibayo ng aking pananampalataya na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako. Sa pamamagitan ng propetang si Malakias, ipinahayag Niya, "Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi . . . at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, . . . kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10).

Buong buhay ko, kahit sa oras ng mga pagsubok sa kabuhayan sa mga unang taon ng pagsasama naming mag-asawa, binuksan ng Diyos sa tuwina ang mga dungawan sa langit para makatanggap ng mga temporal na pangangailangan sa buhay ang aming pamilya. Pinatototohanan ko na sa pagsunod sa batas ng ikapu, ang inyong pananampalataya ay lalago hanggang sa maging matatag na mapagkukunan ito ng lakas sa inyong buhay.

Inaanyayahan ko ang bawat kabataan—at bawat miyembro—na makinig kay Jesucristo at sa Kanyang mga propeta sa pamamagitan ng pagbabayad ng buong ikapu at pagbibigay ng malaking handog-ayuno habang kayo'y nabubuhay. Ipinapangako ko na palalakasin kayo ng Panginoon at pauunlarin kayo sa pagsasakatuparan ng inyong mabubuting hangarin ayon sa Kanyang mga banal na layunin. ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Be Thou an Example," *Liahona,* Ene. 1997, 42.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* (2011), 38.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 38.

# PAGHAHANAP KO NG DAAN

## PABALIK SA SIMBAHAN



*Sinikap kong hanapin ang mga sagot sa labas ng ebanghelyo, ngunit kahungkagan lamang ang natagpuan ko.*

**Ni Doug Boyack**

Lumaki ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ngunit sa kolehiyo ipinasiya ko na hindi ko na kailangan ang Simbahan. Sinimulan ko ang mababaw at makasariling paghahanap sa "katotohanan" sa ibang lugar. Nang hindi ko matagpuan ang mga sagot na nagbigay sa akin ng kapayapaan o galak, nahulog ako sa malalim na espirituwal na kadiliman. Pakiramdam ko'y hinding-hindi na ako muling liligaya.

Gayunman, nakikita ko pa na naging mas maligaya ako noong aktibo ako sa Simbahan. Nagsimula akong magbalik sa pagiging aktibo sa Simbahan, sa pag-asang makatagpo ng kaunting paglaya sa kalungkutang pumigil sa buhay ko. Ngunit walang gaanong nagawa ang matamlay na mga pagsisikap ko. Nagtuon ako sa aking pag-aaral, sa pag-asang mapapawi nito ang kahungkagang nadama ko. Pansamantala itong nakatulong, ngunit wala itong naibigay na sagot.

Matapos matisod at matanto na wala akong kapupuntahan, ipinasiya kong tumigil muna sa pag-aaral at maglakbay. Nakapag-ipon ako ng kaunting pera ngunit hindi iyon sapat para tumagal. Bago umalis, ipinasiya kong magkaroon ng tunay na pananampalataya at magbayad ng ikapu mula sa maliit kong ipon. Hindi ito madali. Malalayo ako sa pamilya, at di-magtatagal ay mauubusan ako ng pera. Gayunpaman, umasa ako na may isang Diyos, at alam ko na kakailanganin ko ang Kanyang tulong.

Sumulat ako ng tseke para sa aking ikapu, ipinadala ito sa aking bishop, ibinalot ang aking Aklat ni Mormon, at humayo. Halos agad kong nadama ang pagmamahal ng Espiritu. Namangha akong madama na napalitan ng pag-unawa at magandang pananaw sa hinaharap ang aking pag-aalinlangan at kalungkutan. Mula Idaho hanggang Washington, D.C., tinulungan ako ng mga miyembro ng Simbahan at, ang mas mahalaga, tinulungan nila akong magkaroon ng pananampalataya at mabubuting hangarin. Para akong napaligiran ng pamilya.

Pagkaraan ng maikling panahon, nalaman ko na ititigil ko na ang paglalakbay—hindi dahil sa kawalan ng pera kundi dahil mas magandang paglalakbay ang naghihintay sa akin. Pag-uwi ko, kinausap ko ang aking bishop at stake president. Sa tulong nila, hindi nagtagal ay naglingkod ako sa Panginoon bilang missionary.

Ngayon tuwing magbabayad ako ng ikapu o kakausapin ko ang mga lider ng Simbahan, naaalala ko ang "simula" ng aking tunay na pagbabalik-loob. Simula noon dumanas na ako ng saya at kalungkutan, ngunit nagsikap akong manatiling espirituwal na matatag. Lagi kong pasasalamatan ang pagtanggap ng Ama sa Langit sa munting alay kong pananampalataya at ang pagmamahal Niya sa akin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

PAGLALARAWAN NI NATHANIEL RAY EDWARDS

PAGLALARAWAN NI DAVID EVETT

# HINDI MASISIRA

"Hindi natin puwedeng sirain ang Sampung Utos. Masisira lang tayo kapag ginawa natin iyon."

(Cecil B. DeMille, American film director at producer, "Commencement Address" [Brigham Young University, Mayo 31, 1957], 5; speeches.byu.edu.)



# Isang Basbas para kay Mamá

**Ni Susan Barrett**
Batay sa tunay na buhay

*"Pagkasaserdote, naipanumbalik, ang kapangyarihan ng Diyos, nariritong muli" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *60).*



Tapos na ang Primary, at hinahanap ng 10-taong-gulang na si Ruben ang mga missionary. Sabay-sabay silang maglalakad pauwi. Itinuro na nina Elder Sánchez at Elder Rojas kay Ruben at sa kuya niyang si Diego ang mga missionary lesson at bininyagan at kinumpirma na sila. Ngayo'y matatalik na kaibigan ang turing sa kanila ni Ruben.

Sumilip si Ruben sa bintana ng saradong pintuan ng isang silid. Naroon sila! Pero ano ang ginagawa nila? Ang mga kamay nila ay nakapatong sa ulo ng isang lalaki sa ward, at mukhang nagdarasal sila na tulad noong makumpirma nila si Ruben.

Paglabas nila ng silid, tinanong niya ang mga missionary, "Ano'ng ginawa ninyo?"

"Binigyan namin ng priesthood blessing si Brother Mendoza," sabi ni Elder Sánchez. "Parang espesyal na panalangin, at iyon ay makapagbibigay ng kapanatagan, tumutulong sa isang tao na malaman kung paano lulutasin ang isang problema, o pinagagaling ang isang maysakit."

Nang sumunod na Linggo hinanap ni Ruben ang mga missionary

pagkatapos magsimba. "Maaari ba kayong pumunta sa bahay namin para basbasan ang mamá ko?" tanong niya. "Napakasakit ng likod niya."

Nagmadali silang lahat na pumunta sa bahay ni Ruben. Kinausap nina Elder Sánchez at Elder Rojas ang mamá ni Ruben. Miyembro siya ng Simbahan, pero matagal na siyang hindi nagsisimba.

"Nalaman namin na maysakit kayo, Sister Garcia," sabi ni Elder Rojas.

"Ilang linggo nang napakasakit ng likod ko," sabi niya sa kanila. "Marami na akong nakausap na doktor, pero hindi nila ako natulungan."

"Pinapunta po kami ni Ruben para bigyan kayo ng priesthood blessing," sabi ni Elder Sánchez. "Gusto po ba ninyong gawin namin iyon?"

"Ay, sige nga," sabi ni Mamá.

Nang ipatong ng mga missionary ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo at basbasan siya, tumulo ang luha sa mga pisngi ni Mamá. Nang matapos sila, niyakap siya ni Ruben. "Alam ko na matutulungan kayo ng basbas," sabi nito sa kanya.

Makaraan ang tatlong araw nagbalik ang mga missionary para kumustahin ang lagay ng mamá ni Ruben. "Natutuwa akong makita kayo," sabi nito sa kanila. "Nagsimulang mawala ang pananakit ng likod ko pagkatapos ninyo akong basbasan, at ngayo'y nawala na ito talaga!"

"Pinagaling kayo ng Ama sa Langit, Sister Garcia," sabi ni Elder Sánchez. "At pinayagan Niya kaming tulungan Siya gamit ang aming awtoridad ng priesthood para basbasan kayo."

Nang sumunod na Linggo—at tuwing Linggo pagkaraan niyon—sumasama nang magsimba si Mamá kina Ruben at Diego. Alam niya, at ni Ruben, na ang kapangyarihan ng priesthood ay tunay. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



PAGLALARAWAN NI SIMINI BLOCKER

## ANO ANG PRIESTHOOD?



Ang priesthood ay ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Ama sa Langit.

Maaaring humawak ng Aaronic Priesthood ang mga batang lalaki sa Simbahan kapag sila ay karapat-dapat at 12 taong gulang. Maaari silang humawak ng Melchizedek Priesthood kapag sila ay karapat-dapat at 18 taong gulang.


Kabilang sa mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ang deacon, teacher, at priest. Kabilang sa mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ang elder, high priest, patriarch, Pitumpu, at Apostol.

### May ilang bagay na magagawa ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood:

- Maghanda ng sakramento (mga teacher at priest), magbasbas nito (mga priest), at magpasa nito (lahat)
- Maging mga home teacher (mga teacher at priest)
- Magbinyag (mga priest)
- Mangalap ng mga handog-ayuno (mga deacon, teacher, at priest)
- Mag-orden ng iba pa sa Aaronic Priesthood (mga priest)

### May ilang bagay na magagawa ang mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood:

- Gawin ang lahat ng ginagawa ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, at:
- Magkumpirma ng mga miyembro ng Simbahan matapos silang mabinyagan
- Magbigay ng mga priesthood blessing
- Mamahala sa mga miting ng Simbahan at magbigay ng mga calling



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Paano ako magiging parang missionary NGAYON?



Magdasal para sa mga paraan na maibabahagi ang ebanghelyo.

Ipagdasal na malaman kung sino ang aanyayahan ninyo sa simbahan.


Kung hindi kayo full-time missionary na may nakakabit na missionary badge sa inyong polo, maaari pa rin kayong maging missionary sa inyong puso.

Ipagdasal ang mga full-time missionary.


Paliwanagin ang inyong ilaw at maging halimbawa ni Jesus.

*Mula sa "Ito ay Isang Himala,"* Liahona, *Mayo 2013, 77–80.*

PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY



# Ang Tupa ng Pagpipitagan



**Ni Elder Scott D. Whiting**
Ng Pitumpu

*"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo" (Juan 14:27).*

MGA PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

Noong ako ay mga pitong taong gulang, gustong tulungan ng Primary president ko ang mga bata na maging mas mapitagan sa aming Primary.



Gumawa siya ng malaking bulletin board na korteng tupa. Tuwing mapitagan ang isang bata, naglalagay siya ng korteng-tupang sticker sa bulletin board sa tabi ng pangalan nito. Gusto ko talaga ng isa sa mga korteng-tupang sticker na iyon. Kaya isang araw sa Primary, tahimik akong naupo na nakahalukipkip at nakatitig sa Primary president para mapansin niya na mapitagan ako. Isang mas matangkad na batang lalaki ang naupo sa harapan ko, kaya umusog ako sa silya para makita niya ako.

Pagkatapos, habang nakaupo roon nang mapitagan, nagsimulang tumugtog ang piyanista ng magiliw at mahinang awitin sa Primary. Habang nakikinig ako, napayapa ang damdamin ko, at nagsimulang tumulo ang luha sa aking mga pisngi. Hindi ko alam kung bakit napakasaya at napakapayapa ng pakiramdam ko.

Pagkatapos ng Primary ikinuwento ko sa nanay ko ang aking nadama, at sinabi niya sa akin na Espiritu iyon. Noong araw na iyon, nalaman ko kung ano ang pakiramdam ng mahikayat ng Espiritu. Tuwing kailangan kong gumawa ng mahahalagang desisyon at kailangan ko ng patnubay ng Espiritu, naaalala ko kung gaano ako kapayapa noong araw na iyon, at nalalaman ko kung paano nangungusap sa akin ang Espiritu. ■

# Ako si LOREDANA na mula sa Italy

## *Ciao, amici!**

**Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt**

May palayaw ba ang lungsod na tinitirhan ninyo? Ang lungsod na tinitirhan ni Loredana ay tinatawag na Eternal City kung minsan. Si Loredana ay nakatira sa Rome, Italy. Maraming naggagandahang lugar na mabibisita sa maganda at makasaysayang lungsod na ito, gaya ng Colosseum at Trevi Fountain.

Tuwing umagang may pasok sa eskuwela, matapos magbasa ng mga banal na kasulatan nang sama-sama, nag-aalmusal sina Loredana at kanyang pamilya (kadalasa'y cereal at gatas). Pagkatapos ay pumapasok na siya sa eskuwela. Paborito niya ang klase sa art at computer. Pag-uwi ng bahay, gusto niyang makipaglaro sa nakababata niyang kapatid na si Francesco. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

** "Hello, mga kaibigan!" sa Italyano.*




***Binabasahan ako ng aking ina ng Aklat ni Mormon gabi-gabi bago pa siya sumapi sa Simbahan. Nang magpasiyang magpaturo si Inay sa mga missionary at mapakinggan ko silang magbasa ng Aklat ni Mormon, natukoy kong iyon ang binabasa sa akin ni Inay.***



LARAWAN NG ROME NA KUHA NI SERGEY BORISOV/ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK; IBA PANG MGA LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA NI LOREDANA

*Tuwing Pasko at Paskua, gusto kong bigyan ang mga kaibigan at pamilya ko ng mga regalong ako mismo ang gumawa. Gumagawa ako ng sarili kong mga card at kuwadro para paglagyan ng espesyal na mga retrato.*






*May inaalagaang matandang babae si Inay na ang pangalan ay Angelina. Kung minsan kapag Sabado kinukuwentuhan ko at kinakantahan ng mga awit sa Primary si Angelina. Masaya akong matulungan ang kaibigan kong si Angelina.*

*Mahilig ang pamilya ko na pumunta sa beach, bumisita sa mga makasaysayang lugar sa Rome, o maglaro lang sa playground.*

*Madalas kong tulungang magluto ng* pasta Amatriciana *ang aking amain para sa hapunan.*









## TEMPLO'Y IBIG MAKITA

*Plano ng aking ina at amain na mabuklod sa Rome Italy Temple matapos itong ilaan. Pinananabikan ko rin ang araw na iyon. Magiging napakaespesyal na araw iyon para sa aming buong pamilya!*

## HANDA NANG UMALIS!

*Ang bag ni Loredana ay punung-puno ng ilan sa mga paborito niyang bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?*



# Si Massimo na Mula sa Italy


Si Massimo ay nakasuot ng unipormeng pang-football, pero puwede rin ninyo siyang bihisan ng kanyang damit-pangsimba o ng katutubong kasuotan sa Italy. Idikit ang pahinang ito sa makapal na papel bago ninyo ito kulayan o gupit-gupitin. ■





PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



# Maging Matulungin








## Ang Itinuro ni Jesus


Isang araw itinuro ni Jesus ang dapat nating gawin kapag may humihingi ng tulong sa atin. Sinabi niya na dapat nating gawin o ibigay ang higit pa sa hinihingi niya sa atin. Alamin kung bakit ito tinatawag na "[paglakad] ng dalawang milya" sa pamamagitan ng pagbasa sa sinabi ni Jesus sa Mateo 5:40–42.

## Pagsunod kay Jesus Ngayon



Isang gabi sinimulan naming magkakapatid na linisin ang buong bahay. Mayamaya ay dumating si Itay at sinabihan kami na oras na para matulog. Paggising ko kinaumagahan sinabi sa akin ni Inay na, "Salamat sa paglilinis ninyo ng bahay."
Elizabeth C., edad 8, Alberta, Canada

Gusto kong tumulong sa mga tao. Kapag sumasali si Inay sa isang paglilingkod, gusto kong sumama sa kanya at tumulong.




"Helping Hands," Luis N., edad 6, Chihuahua, Mexico

PAGLALARAWAN NINA PAUL MANN AT BRYAN BEACH

## Ang Hamon sa Buwang Ito

- [ ] Humanap ng mga paraan para matulungan ang inyong guro sa Primary sa oras ng klase.
- [ ] Tulungan ang isang kapatid sa homework o sa gawaing-bahay.
- [ ] Sorpresahin ang inyong magulang sa pamamagitan ng kusang paglilinis ng isang silid.
- [ ] Hinahamon ko ang aking sarili na. . . ____________________

# Pagpapakita ng Talento sa Musika sa Uganda

*Kumumpas sa pagkanta sa harap ng lahat? Kaya ni George iyan.*

**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan

Bibihirang bata ang may tungkulin sa Simbahan bago sila makatapos sa Primary. Pero si George N. na mula sa Uganda ay limang taong gulang lang nang tawagin siyang maging chorister sa branch nila.

Ang chorister ang taong tumatayo sa harap ng lahat tuwing sacrament meeting para kumumpas sa pagkanta. Mahalagang tungkulin ito!

"Kabadung-kabado ako dati noong bata-bata pa ako," sabi ni George. Magkagayunman ay ginawa niya palagi ang kanyang makakaya. Lalo siyang humusay sa bawat linggo. Di-nagtagal may kumpiyansa na siyang kumumpas sa pagkanta.

Masayang ginagampanan ni George ang kanyang tungkulin. "Masaya ako," sabi niya. "Ramdam ko ang Espiritu sa loob ng silid."

Malaking bahagi ng buhay ni George ang musika. Tumutugtog din siya ng piyano at gitara. Siyempre, nakakatulong na nagmula si George sa isang pamilyang mahilig sa musika. Mahilig silang kumantang lahat nang sama-sama—si George, ang kanyang mga magulang, ang anim na kapatid niyang babae, at ang kaisa-isa niyang kapatid na lalaki. Mula sa panganay hanggang sa bunso ang mga pangalan nila ay Rosillah, Mirriam, Nancy, Ashley, George, Chayene, Onidah, at Gideon. Ang paboritong kantahin ng kanilang pamilya ay "Panalangin ng Isang Bata" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 6).

Ngayong 12 anyos na si George, abala siya sa bahagi ng sacrament meeting na tumutulong siya sa pagpapasa ng sakramento. Ang kanyang nakababatang kapatid na si Gideon, edad 5, ay tumutulong din sa pagkumpas sa pagkanta paminsan-minsan. Itinuro ni George kay Gideon kung paano.

Masayang nakangiti ang magkapatid kapag kumukumpas sila sa pagkanta. Alam nila na tumutulong silang maipadama ang Espiritu sa pulong. ■



MGA LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NINA KARL AT ROBIN BECKLE; MGA PAGLALARAWAN NINA PHYLLIS LUCH AT BRADLEY CLARK





## TUNGKOL KAY GEORGE

- Maliban sa musika, isa sa mga hilig ni George ang maglaro ng football.
- Ang mga paborito niyang pagkain ay kanin, kamote, beans, at mani.
- Ang paborito niyang mga asignatura sa eskuwela ay English at matematika.
- Mahilig siyang makipaglaro ng mga board game sa pamilya. Ang paborito niyang board game ay Scattergories.







## PAANO KUMUMPAS SA PAGKANTA

Maaari ka ring matutong kumumpas! Ganito ang pagkumpas sa awiting "Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 62):

1. Tingnan ang dalawang numero sa simula ng awitin. Ang numero sa itaas ang nagsasabi sa iyo kung ilan ang kumpas sa bawat sukat o maliit na bahagi ng awitin. Ang awiting ito ay may apat na kumpas sa bawat sukat.
2. Panatag na itaas ang iyong kamay at pagdikitin ang mga daliri.
   Ikumpas pababa ang iyong kamay.
   Ikumpas pakaliwa ang iyong kamay.
   Ikumpas pakanan ang iyong kamay.
   Ikumpas pataas ang iyong kamay.
3. Ulitin ang pattern sa bawat sukat ng awitin.
4. Patuloy na magpraktis, at di-magtatagal ay handa ka nang kumumpas sa pagkanta sa family home evening!



Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

# Ang mga Ordenansa ng Priesthood at Gawain sa Templo ay Nagpapala sa Aking Pamilya

**Ni Jennifer Maddy**

Tumakbo si Karl papunta sa daungan ng bangka, na sabik na makita ang tatay niya. Ang ama ni Karl ay isang mangingisda, at madalas tumakbo si Karl papunta sa bangka para salubungin siya pagkatapos ng maghapon.

"Bilis, Papa!" pagtawag ni Karl. "Gusto kong ipakita sa inyo ang idinrowing ko para sa inyo ngayon!"

"Magaling!" sabi ni Papa. "Pero kailangan ko munang itali ang bangka."

Pinagmasdan ni Karl si Papa habang mahigpit nitong itinatali ang makapal na lubid ng bangka sa daungan. "Bakit po ninyo kailangang higpitang mabuti ang tali?" tanong ni Karl habang ibinubuhol ni Papa ang tali.

Itinuro ni Papa ang isang bangka sa pampang na may malaking butas sa ilalim. "Hindi naitaling mabuti ang bangkang iyan. Noong nakaraang bagyo, nakalag ito sa pagkatali at sumalpok sa mga bato."

Nanlaki ang mga mata ni Karl.

"Naiisip mo ba kung paano tayo tinutulungan ng Ama sa Langit na manatiling nakakapit sa Kanya para maging ligtas tayo?" tanong ni Papa.

"Ang mga banal na kasulatan?" paghula ni Karl.

"Tama," sabi ni Papa. "Ibinibigay rin niya sa atin ang mga ordenansa ng priesthood gaya ng binyag at ng sakramento. Ikinasal kami ng Mama mo sa templo para samasamang mabigkis ang pamilya natin magpakailanman."

Hinatak ni Karl ang lubid at tinulungan si Papa sa huling pagbuhol dito. "Gawin nating pinakamahigpit ito sa lahat!" ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## BANAL NA KASULATAN AT AWITIN

- Mateo 18:18
- "Templo'y Ibig Makita," (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 99)

## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA


Maaaring basahin ng inyong pamilya ang Mateo 18:18 at pag-usapan kung ano ang ibig sabihin ng "tatalian sa langit." Gamit ang mahabang piraso ng tali, maghalinhinan sa paggawa ng isang buhol sa tali at pagsasabi kung paano napagpala ng mga ordenansa ng priesthood ang buhay ninyo.



KALIWA: PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK



Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig




Pagbabasbas sa maysakit




Pagbabasbas sa sanggol

## PANANATILING NAKAUGNAY SA AMA SA LANGIT


Tanggalin ang pahinang ito at idikit sa isang papel na de-kolor. Gupitin ang mga card at itaob sa mesa o sahig. Maghalinhinan sa pagtitihaya ng dalawang card para makita ang magkakatugma. Kapag may nakakita ng magkatugma, ipasabi sa kanya kung paano nakakatulong ang ordenansang nasa mga card para manatili tayong malapit sa Ama sa Langit.



Pagbabasbas sa maysakit




Pagbabasbas sa sanggol



Sakramento




Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig



Sakramento




Kasal sa templo



Kumpirmasyon



Kasal sa templo



Kumpirmasyon

# ANG ATING PAHINA



Merari C., edad 11, El Salvador




*Mga Missionary,* ni Maria Clara A., edad 9, Brazil

***Sina Paulo at Carlo D., edad 10, na mula sa Pilipinas, ay kambal. Gusto na nilang sumapit sa edad na matatanggap na nila ang priesthood at makapagpapasa ng sakramento. Gustung-gusto nilang magturo sa iba tungkol sa ebanghelyo, at naghahanda na silang magmisyon. Nagkukuwento si Carlo sa lahat ng kakilala niya tungkol sa buhay na propeta, at gusto ni Paulo na dalhin ang kanyang Aklat ni Mormon sa eskuwela at basahin ito sa kanyang mga kaibigan. Alam nila na mahalagang basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw at magsimba tuwing Linggo. Sina Carlo at Paulo ay bihasang magsalita ng dalawang wika—Tagalog at Ilokano—at pinag-aaralan din nila ang wikang Ingles sa eskuwela. Gustung-gusto nilang maglaro ng basketball kasama ang kanilang mga kaibigan.***






Isang araw sa eskuwela hinamon ako ng mga kaibigan ko na isigaw ang isang masamang salita sa silid na walang tao. Nang hindi ako pumayag, tinukso nila ako at pinagtawanan. Pagkatapos ay pumayag ako, at sinabi ko ang salita nang mahina at mabilis. Pagkatapos ay sising-sisi ako sa ginawa ko. Nang gabing iyon nagdasal ako nang taimtim at nagsisi sa pagbigkas ng masamang salita. Alam ko na lagi akong makapagdarasal sa Ama sa Langit para malaman kung ano ang tama, at kung may mali, magsasabi ako ng hindi, kahit ipagawa ito sa akin ng mga kaibigan ko. Nagpapasalamat ako na maaari akong magsisi!

**Paola L., edad 10, Mexico**

## PAGSISIKAP NA TULARAN SI JESUS

Sa eskuwela namin naghahanda na kami simula pa lang ng taon para sa napakasayang aktibidad na tinatawag na *Festidanza.* Tulad ng ginagawa taun-taon, idaraos ito sa araw ng Sabado. Pagkatapos isang araw ibinalita ng direktor namin na idaraos na lang ito sa araw ng Linggo. Sinabi ko sa nanay ko na magsisimba kami tuwing Linggo, at masaya akong igalang ang araw ng Sabbath.



**Isaías R., edad 6, Peru**




Ang pinakamagandang karanasan ko sa buhay ay nang araw na binyagan ako. Sinabi sa akin ng nanay ko na kapag nabinyagan na ako, ako na ang mananagot sa lahat ng ikikilos ko. Sumapit na ang araw at pareho kaming nakasuot ng puting damit ni Itay. Kinakabahan ako, pero nang hawakan ko ang kamay ni Itay papunta sa bautismuhan, alam ko na magiging maayos ang lahat. Nang bigkasin ni Itay ang panalangin para sa binyag at inilubog ako sa tubig, magaganda ang naramdaman ko na mahirap ipaliwanag. Pagkatapos ay nakumpirma ako at binigyan ng kaloob na Espiritu Santo. Masaya ako na nabinyagan ako. Tulad ni Jesucristo na nagpakita ng halimbawa sa akin, nagpapakita rin ako ng mabuting halimbawa sa aking nakababatang kapatid. Alam ko na si Jesucristo ay buhay at mahal Niya tayo.

**Richard H., edad 8, Guatemala**




**Agustina B., edad 10, Argentina**



**Marianella B., edad 7, Argentina**

Gusto ko ang bahaging para sa mga bata sa *Liahona* dahil nakakatulong sa akin ang mga kuwento para malaman ang tungkol sa Ama sa Langit. Lagi kong hinihiling kay Inay na basahan ako ng mga kuwento. Mahilig ako sa mga puzzle, maze, painting, at pagkukuwento. Gusto kong marami pa akong bagong bagay na matutuhan sa Primary. Alam ko na mahal ako ng Ama sa Langit, at mahal din Niya kayo. Sinisikap ko na palagi Siyang alalahanin at piliin ang tama.

**Jocelyn C., edad 4, Nicaragua**





***Si Santiago at ang kanyang kapatid na si Jairo***

Bata pa lang ako ay gusto ko nang matanggap ang Aaronic Priesthood. Kapag may priesthood na ako, makapagpapasa na ako ng sakramento, at mabubuksan na sa akin ang mga pintuan ng templo. Napakagandang pribilehiyo ang mapabilang sa ipinanumbalik na Simbahang ito, at alam ko na totoo ang ebanghelyo. Malapit na akong umalis sa Primary, kung saan marami akong natutuhan, at makasama na sa grupo ng mga kabataan sa Young Men.

**Santiago P., edad 11, Ecuador**

"At isang katauhan ang lumitaw sa harapan ko, na nakasuot ng isang bata na ang kaputian ay higit kaysa anumang bagay na nakita ko na. Ang kanyang pangalan ay Moroni." (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–33.)

**Erick H., edad 9, Mexico**




## MAGBAHAGI SA *LIAHONA*

Maaari mong isumite ang iyong drowing, retrato, o karanasan online sa liahona.lds.org, ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "Our Page" sa subject line, o ipadala sa koreo sa address na nasa pahina 3.

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (3 hanggang 11 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at nakasulat na pahintulot ng magulang na gamitin ang retrato at isinumite ng bata (tinatanggap ang e-mail). Huwag magpadala ng drowing ng Tagapagligtas. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.

# Ang Magandang Ideya ni Will

**Ni Lynn Greenway**

Batay sa tunay na buhay

Gusto ni Will ng larawan ng templo. Gusto niyang ilagay ito sa kanyang silid. Narinig niya ang sinabi ng propeta na magandang mayroon ng isa nito ang lahat.


"Inay, ikinuha na po ba ninyo ako ng larawan ng templo?" tanong ni Will.

"Hindi pa," sabi ni Inay. Abala siya sa pag-aalaga ng bagong silang na sanggol.

"OK," sabi ni Will.

Mahal ni Will ang templo. Alam niyang espesyal na lugar ito kung saan ibinubuklod ang mga pamilya.

Medyo nalungkot si Will. Maraming ginagawa si Inay. Paano siya makakakuha ng larawan ng templo?



At may naisip na magandang ideya si Will. Hindi na niya kailangang hintayin si Inay!

Kaagad hinanap ni Will ang kanyang mga krayola at ilang papel. Umupo siya sa kanyang mesa at nagsimulang magdrowing.

Makalipas ang ilang sandali, binitiwan na ni Will ang kanyang mga krayola. Tumakbo siya papuntang kusina at ipinakita ang drowing niya kay Inay.

"Napakaganda namang larawan ng templo iyan," sabi ni Inay.

"Isabit po natin sa silid ko," sabi ni William.

"Magandang ideya iyan!" sabi ni Inay. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Pennsylvania, USA.*

PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD



# ANG KAPANGYARIHAN NG KATAGANG *KAPAG*


Ni Kelly Louise Urarii

Bigla ang pagkakasakit ng aking asawa. Nagtatabas pa lang siya ng mga damo isang umaga, at bigla na lamang siyang nagkasakit. Kinabukasan ay naka-life support na siya. Sa paglipat namin sa operating room mula sa emergency room, sinabi ng isa sa mga doktor ang katagang *kung* maililigtas pa nila siya.

Kakaiba ang sakit na dumapo sa kanya, at napakaliit ng tsansa niyang mabuhay. Hindi ako makapaniwala sa biglang pagbabago ng mga pangyayari. Nakadama ako ng matinding panlulumo.

Salamat na lang at nakaraos si Pierre sa kanyang unang operasyon at ipinasok na sa intensive care unit (ICU). Marami pang pagsubok na darating, ngunit lumalaki ang tsansang makakaligtas siya sa paglipas ng bawat oras. Kinausap ako ng isa sa mga nars kinaumagahan nang matapos ang unang operasyon. Binanggit niya ang tungkol sa *kapag* kaya na ni Pierre ang susunod na gagawin sa pagpapagamot. Napatigil ako sa dating sa akin ng salitang iyon. Mas malaki ang pag-asang nakapaloob sa *kapag* kaysa sa *kung*—nagpapahiwatig ito ng kumpiyansa, na may maaasahan pa. Pinasalamatan ko siya sa pagpili ng katagang iyon, at ngumiti siya na nalalaman ang ibig kong sabihin.

Tumanggap si Pierre ng maraming basbas ng priesthood, na nagpalakas ng aming loob. Alam namin kung paano masdan ang kamay ng Panginoon sa aming buhay, dahil ang Kanyang kapangyarihan ay hindi nakikita sa *kung* kundi sa *kapag*. Sa tuwing malalagay sa panganib ang kundisyon ng katawan ni Pierre, ipinapaalala ko sa kanya ang mga basbas at na kailangan naming sumampalataya sa Panginoon. Ito ay espirituwal na paglalakbay, at bawat araw ay isang biyaya.



*Alam namin kung paano masdan ang kamay ng Panginoon sa aming buhay, dahil ang Kanyang kapangyarihan ay hindi nakikita sa* kung *kundi sa* kapag.

Ang pag-asang dulot ng *kapag* ay patuloy na nagbigay sa amin ng pag-asa. Gayunpaman, makalipas ang 18 araw na pakikibaka sa karanasang ito, may napakalungkot na nangyari. Sa ikapitong operasyon, natiyak ng mga doktor na kumalat na ang sakit. Naluluhang ipinahayag ng grupo ng mga doktor at narses ang kanilang kalungkutan nang sabihin sa akin na hindi matatapos ang magdamag at papanaw na si Pierre.

Naroon ako sa tabi ng taong makakasama ko sa kawalang-hanggan nang siya ay pumanaw. Mapalad kami at nakausap namin ang kanyang nag-iisang buhay na anak sa unang asawa at nasabi nito ang kanyang pagmamahal sa kanyang ama sa pamamagitan ng telepono. Payapang pumanaw si Pierre.

Ilang linggo mula noon, sa kanyang puntod, nakapapanatag ang mga salitang mula sa Mosias 2:41: "Inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, . . . *kung* sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan" (idinagdag ang pagbibigay-diin).

Noon pa man ay nagpasiya na kami ni Pierre na ang katagang *kung* sa talatang iyan ay magiging *kapag* para sa amin. Alam namin na kung mananatili kaming matapat sa aming mga tipan, magkakasama kaming muli—at mangyayari ito *kapag panahon na*. Nagtitiwala kami sa plano ng Panginoon ukol sa mga pamilya na walang-hanggan at sa buhay na walang hanggan. Ang kapangyarihan ng katagang *kapag* ang nagpapanatili sa amin na magpatuloy. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa British Columbia, Canada.*

*SIYA AY NAGBANGON*, NI DEL PARSON



PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

# GORDON B. HINCKLEY

Lumaki si **Gordon B. Hinckley** na mapagmahal sa kalikasan. Ang puno ng walnut na itinanim niya noong bata pa siya ay ginamit sa paggawa ng pulpito para sa **Conference Center.** Madalas ihambing ni Gordon ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa gabay na ibinibigay ng **Polar Star,** isang bituin na naging pamilyar sa kanya noong bata pa siya. Siya ay **nakapaglakbay** nang mahigit dalawang milyong milya (3.2 milyong km) habang naglilingkod noon sa Simbahan. Isinahimpapawid ng mga **satellite** ang kanyang patotoo sa iba't ibang panig ng mundo. Mahigit 70 templo ang inilaan noong siya ang Pangulo, kabilang na ang itinayong muli na **Nauvoo Illinois Temple.**

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT




### Sundan ang Landas ng KALIGAYAHAN

Itinuro ni Bishop Gérald Caussé ang tatlong alituntunin na makakatulong sa inyo na makontrol ang inyong kaligayahan, anuman ang inyong kalagayan.

p. 42

## PARA SA MGA KABATAAN

p. 52



### *Paano Kung Hindi Ako Makadama ng* ***PAG-AALAB*** *sa Aking* ***DIBDIB****?*

Huwag kang mag-alala. May iba pang mga paraan para madama ang Espiritu Santo.

## PARA SA MGA BATA

### Ang Magandang Ideya ni Will

Kailangan mo ba ng larawan ng templo na maisasabit sa inyong tahanan?



p. 78

TAGALOG
4 02109 86893 0

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW